SAN FRANCISCO 2022
REDISTRICTING

2021–2022 Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco Pinal na Ulat

Mayo 23, 2022
San Francisco, California

Talaan ng mga Nilalaman

I. Introduksiyon 1
II. Mga Probisyon ng Charter ng Lungsod 1
III. Ang Task Force at ang mga Kawani Nito 2
IV. Mga Pamantayan sa Muling Pagdidistrito 2
V. Mga Bilang na nasa 2020 na Census at Populasyon 3
VI. Ang Gawain ng Task Force 5
VII. Mga Isinaalang-alang ukol sa mga Superbisoryal na Distrito 7
VIII. Mga Deviation o Pagkakaiba sa Superbisoryal na Distrito 10
IX. Mga Aral na Natutunan at Rekomendasyon 13
X. Pangwakas na mga Pananalita 17

Mga Appendix o Karagdagang Bahagi

Appendix A: Pinal na Mapa at Mga Istatistika ng Superbisoryal na Distrito

Appendix B: Mga Pahayag mula sa mga Miyembro ng Task Force

Pahayag mula kay Miyembro Matthew Castillon at Miyembro Lily Ho

Pahayag mula kay Miyembro Raynell Cooper

Pahayag mula kay Miyembro Jose Maria (Chema) Hernández Gil

Pahayag mula kay Miyembro Jeremy Lee

Appendix C: Pinal na Ulat – Office of the Clerk (Opisina ng Klerk) ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Appendix D: Pinal na Ulat – Civic Edge Consulting

2021–2022 Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco
Pinal na Ulat

I. Introduksiyon

Ang Task Force (Pangkat para sa Espesipikong Gawain) para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco (ang "Task Force") ay pampamahalaang lupon na binigyan ng kapangyarihan ng Charter (dokumento sa pagkakatatag) ng Lungsod at County ng San Francisco (ang "Charter") upang muling iguhit ang hangganan ng mga superbisoryal na distrito. Nagtitipon ang Task Force tuwing ika-sampung taon, matapos ang decennial census (isinasagawa tuwing sampung taon na pagsesenso), at responsibilidad nitong muling iguhit ang hangganan ng mga distrito para makasunod ang mga ito sa lahat ng pamantayan sa muling pagdidistrito.

Pinagtibay ng Task Force ang Pinal na Mapa na naglalaman ng mga binagong hangganan ng superbisoryal na distrito noong Abril 28, 2022. Ang Pinal na Ulat na ito ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco sa 2021–2022 ang nagtatakda ng Pinal na Mapa at ang gawain ng Task Force na humantong sa pagpapatibay nito.

II. Mga Probisyon ng Charter ng Lungsod

Nakasaad sa Seksiyon 13.110(d) ng Charter ng Lungsod at County ng San Francisco ang mga kapangyarihan ng Task Force at ang mga kinakailangan at proseso sa muling pagguhit sa labing-isang superbisoryal na distrito ng Lungsod.

Itinatakda ng Charter na dapat iulat ng Direktor ng mga Eleksyon sa Board of Supervisors (Board of Supervisors), sa loob ng 60 araw matapos ang publikasyon ng pederal na census bawat sampung taon, kung natutugunan pa ng mga kasalukuyang distrito ang mga may kaugnayan na pangangailangang legal. Kung matutukoy na hindi na nakasusunod ang alinmang distrito, dapat magtipon ang Board of Supervisors ayon sa ordinansa at magpondo ng task force para sa eleksyon na may siyam na katao, kung saan ang tatlong miyembro ay itatalaga ng Board of Supervisors, ang tatlong miyembro ay itatalaga ng Mayor, at ang tatlong miyembro ay itatalaga ng Elections Commission (Komisyon sa Eleksyon).

Batay sa Charter, dapat limitado ang mga pagkakaiba-iba sa populasyon sa pagitan ng mga superbisoryal na distrito sa isang porsyento mula sa statistical mean (panggitnang numero ng mga estatistiko), maliban na lamang kung kinakailangan ang mga karagdagang pagkakaiba-iba, na may limitasyon na hanggang sa limang porsyento ng statistical mean, at nang maiwasan ang pagkakahati-hati o paghina ng kapangyarihan ng boto ng mga minoridad at/o upang mapanatiling buo ang mga kinikilalang komunidad. Itinatakda rin ng Charter na dapat sundin ng mga distrito ang patakarang isang tao, isang boto, at salaminin ang communities of interest (tinututukang mga komunidad) sa San Francisco.

Itinatakda ng Charter na gamitin ang datos ng census, na nasa antas ng census block (pinakamaliit na yunit ng lugar, karaniwang 600-3000 katao), gaya ng inilabas ng United States Census Bureau (Kawanihan para sa Pagsesenso ng Estados Unidos), sa anumang pagsusuri ng mga kinakailangan ng populasyon at sa pagpapatupad ng patakaran na isang tao, isang boto.

Itinatakda ng Charter na kailangang makompleto ng Task Force ang muling pagguhit ng mga linya ng distrito bago ang Abril 15, sa taon kung kailan isasagawa ang unang eleksyon gamit ang muling naiguhit na mga linya. Hindi puwedeng baguhin ng Board of Supervisors ang hangganan ng mga distrito na ginawa ng Task Force. Ayon sa Charter, dapat ilathala ng Abugado ng Lungsod ang paglalarawan sa muling iginuhit na mga linya ng distrito sa appendix (karagdagang bahagi) ng Charter.

III. Ang Task Force at ang mga Kawani Nito

Dahil sa mga pagkaantala sa publikasyon ng datos ukol sa muling pagdidistrito na nasa 2020 Census ng United States Census Bureau, nagtipon ang 2021–2022 Task Force batay sa Ordinansa 94-21 noong Hulyo 2021, bago tumanggap ng datos ukol sa populasyon at bilang paghahanda sa pangangailangan ng muling pagdidistrito para sa kahit man lamang isa sa labing-isang Superbisoryal na Distrito ng San Francisco matapos ang 2020 census. Isinagawa ang mga pagtatalaga sa Task Force noong Hunyo at Hulyo 2021 ng tatlong tagapagtalagang awtoridad na itinatakda ng Charter: ang Board of Supervisors, ang Mayor, at ang Elections Commission (Komisyon sa Eleksyon).

Ang mga miyembro ng Task Force na itinalaga ng Board of Supervisors ay sina Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, at J. Michelle Pierce. Ang mga miyembrong itinalaga ng Mayor ay sina Matthew Castillon, Lily Ho, at Rev. Arnold Townsend. Ang mga miyembrong itinalaga ng Komisyon sa Eleksyon ay sina Raynell Cooper, Chasel Lee, at Ditka Reiner. Sa unang pulong noong Setyembre 17, 2021, ibinoto ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito si Rev. Arnold Townsend bilang Chair o Tagapangulo at si Ditka Reiner bilang Vice Chair o Pangalawang Tagapangulo nito.

Sinusuportahan ang Task Force nina Angela Calvillo, John Carroll, Wilson Ng, John Tse, Joe Adkins, Alisa Somera, Eileen McHugh, at marami pang miyembro ng kawanihan ng Office of the Clerk (Opisina ng Klerk) ng Board of Supervisors ("Clerk's Office o Clerk's Office"); Andrew Shen, Ana Flores, at Gus Guibert mula sa Office of the City Attorney (Opisina ng Abugado ng Lungsod); at Agnes Li, Arturo Cosenza, at Raymund Borres mula sa Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs (Opisina para sa Sibikong Pakikilahok at Mga Usaping Nauukol sa Migrante). Sinusuportahan ng kawanihan mula sa Department of Elections at ng Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs ang kani-kanilang pangkat. Suportado rin ng Sheriff's Department (Departamento ng Tagapagpatupad ng Batas) at ng mga opisyal nito ang Task Force. Pinili ng Department of Elections ang Q2 Data and Research LLC ("Q2") para tumulong sa pagmamapa, at pinili ng Clerk's Office ang Civic Edge Consulting para magsagawa ng pag-abot sa mas nakararami bago ang panunungkulan ng Task Force at bago ang unang pulong nito.

IV. Mga Pamantayan sa Muling Pagdidistrito

Alinsunod sa pederal, pang-estado, at lokal na legal na mga pangangailangan at ayon sa payo ng Office of the City Attorney, isinagawa ng Task Force ang gawain nito gamit ang mga sumusunod na pamantayan:

- **Magkakapantay na mga populasyon:** Itinatakda ng Equal Protection Clause (Bahaging Nagsasaad ng Pantay ng Proteksiyon para sa Lahat), ng Ika-labing-apat na Pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estados Unidos, ng pagpapasya ng Korte Suprema ng Estados Unidos sa *Avery v. Midland County*, 390 U.S. 474 (1968) at ng kasunod na mga kaso, at ng Seksiyon 13.110(d) ng Charter ng Lungsod ng San Francisco, na dapat mahigpit ang pagsunod ng superbisoryal na mga distrito sa patakarang isang tao, isang boto.

- **Pederal na Voting Rights Act (Batas ukol sa mga Karapatan sa Pagboto, VRA):** Pinoprotektahan ng VRA ang kapangyarihan ng boto ng mga minoridad sa lahi at wika. Maaaring magkaroon ng paglabag sa VRA kung pahihinain ang kapangyarihan ng boto ng isang minoridad na nakabatay sa lahi o wika sa pamamagitan ng pagbubuwag sa minoridad na grupo tungo sa iba't ibang distrito sa layuning mapigilan ang konsentrasyon ng kanilang lakas, o sa pamamagitan ng pagsisiksik sa minoridad na grupo sa pinakakaunti na posibleng distrito.

- **Pagkakaugnay-ugnay o Contiguity:** Magkakaugnay dapat ang mga distrito, kung saan katabi ng lahat ng bahagi ng distrito ang isa pang bahagi ng distrito. Hindi itinuturing na magkakaugnay ang mga lugar na pinaghihiwalay ng tubig at hindi konektado ng tulay, tunnel o lagusan, o regular na serbisyo ng ferry.

- **Mga Kinikilalang magkakalapit-bahay o neighborhoods:** Ang mga kinikilalang magkakalapit-bahay ay nakabatay sa datos at heograpiyang kinolekta mula sa mga opisyal na sanggunian, na kagaya ng natukoy na ng Mayor's Office of Neighborhood Services (Opisina ng Mayor para sa mga Serbisyo sa Komunidad). Pinahihintulutan ng Charter ang mga deviation o pagkakaiba na lampas sa isang porsyento ng statistical mean, o panggitnang numero sa pangkat ng ng mga estatistiko, upang mapanatiling buo ang mga kinikilalang magkakalapit-bahay.

- **Communities of interest (mga tinututukang komunidad):** Ang communities of interest ang populasyon ng mga residenteng may magkakapareho na panlipunan, pangkultura, at pang-ekonomiyang interes. Hindi kasama sa communities of interest ang mga pakikipag-ugnayan sa mga pampolitikang partido, nanunungkulan, o kandidato sa politika.

- **Pagiging Buo o Compactness:** Buo dapat ang mga distrito. Binibigyang-depinisyon ng Artikulo XXI, Seksiyon 2 ng Konstitusyon ng California ang pagiging buo bilang "hindi paglampas sa mga kalapit na lugar ng populasyon para sa mas malalayong populasyon."

V. Mga Bilang na nasa 2020 na Census at sa Populasyon

Ayon sa 2020 na Census ng Estados Unidos, ang populasyon ng San Francisco ay 873,965 noong Abril 1, 2020, na mas mataas ng 68,730 katao (8.53%) mula sa bilang noong 2010 na Census na 805,235 katao. Bilang pagsunod sa Fair And Inclusive Redistricting for Municipalities And Political Subdivisions Act ((Batas ukol sa Makatarungan at Nagsasama sa Lahat na Muling Pagdidistrito para sa mga Munisipalidad at Politikal na Subdibisyon, FAIR MAPS Act) at sa

Kodigo para sa mga Eleksyon (Elections Code) ng California Seksiyon 21500, ang naiayon nang kabuuang populasyon noong 2020 para sa muling pagdidistrito ay 874,933 katao, o 79,545 katao bawat superbisoryal na distrito.

Hindi pantay-pantay ang paglaki ng populasyon sa nakalipas na sampung taon, kung saan nakita ang pinakamataas na paglaki sa silangang bahagi ng lungsod. Nagbunga ito ng mga pagkakaiba sa populasyon sa kalakhan ng mga superbisoryal na distrito na lumampas sa 5% ng statistical mean na 79,545 katao.

Distrito (2012–2022)	Populasyon (2020)	Pagkakaiba ng Populasyon mula sa Mean
1	72,848	–8.31%
2	76,363	–3.89%
3	72,474	–8.78%
4	72,784	–8.39%
5	80,667	+1.53%
6	103,564	+30.35%
7	75,436	–5.05%
8	82,418	+3.73%
9	75,829	–4.56%
10	86,323	+8.65%
11	76,287	–3.98%

Nakita sa Distrito 6 ang pinakamataas na paglaki, kung saan may nadagdag na 29,655 katao sa loob ng sampung taon, na humantong sa pagkakaiba na 30.35% na mas mataas sa mean. Naunahan din ng paglaki ng Distrito 10 ang marami pang ibang lugar sa lungsod, kung saan lumaki ang populasyon nito nang lampas sa 8% ng mean. Sa kabilang banda, may pagkakaiba na mas mababa sa 5% ng mean ang mga numero ng populasyon ng mga Distrito 1, 3, 4, at 7, at mas kaunti ang nabilang na tao sa Distrito 9 at 11 noong 2020 kaysa noong 2010.

Distrito (2012–2022)	Populasyon (2010)	Populasyon (2020)
1	69,703	72,848
2	69,544	76,363
3	70,394	72,474
4	72,498	72,784
5	74,600	80,667
6	73,909	103,564
7	72,737	75,436
8	75,746	82,418
9	76,720	75,829
10	72,566	86,323
11	76,818	76,287

VI. Ang Gawain ng Task Force

Isinagawa ng Task Force ang una nitong pulong noong Setyembre 17, 2021, isang araw bago ang naantalang paglabas ng datos ng 2020 na Census ng United States Census Bureau at gamit ang remote meeting software dahil sa pandaigdigang COVID-19 na pandemya at mga kautusan ng Mayor ukol sa pampublikong kalusugan. Sa pinakaunang mga pulong ng Task Force, naghalal ito ng mga opisyal, pinagtibay ang mga panuntunan, at nagtakda ito ng iskedyul para sa mga susunod na pulong. Nakatanggap ng briefings (pagkakaloob ng mga tagubilin) ang Task Force ukol sa mga tungkulin at kapangyarihan nito mula sa Department of Elections, Office of the City Attorney, Clerk's Office, Q2 Data and Research LLC ("Q2"), at Civic Edge Consulting. Nakatanggap din ng iba't ibang pangkat ng datos ang Task Force, kabilang na ang mga sosyo-ekonomikong demograpiko, mapa ng mga komunidad, kultural na impormasyon tungkol sa mga distrito, at mga hangganan ng community benefit district (distrito na para sa pakinabang ng komunidad).

Upang maisagawa ang napakaraming gawain na kailangan para makompleto ang trabaho ng Task Force, nagtalaga ito ng mga indibidwal na miyembro at nang mapamunuan ang mga partikular na usapin. Itinalaga ang mga miyembro sa mga sumusunod na bahagi: pag-abot at pagpapalahok sa mas nakararami o outreach sa mga komunidad, social media at website, datos at pagmamapa, pagbabadyet, pamamahala sa input ng komunidad, at koordinasyon sa pagbibigay ng mga mensahe. Tinulungan ng Chair (Tagapangulo) at Vice Chair (Pangalawang Tagapangulo) ang mga miyembro sa kani-kanilang gawain kasabay ng kanilang mga tungkuling pamunuan at katawanin ang Task Force bilang kabuuan.

Mataas ang naging priyoridad ng Task Force sa pag-abot sa mas nakararami. Umasa ang Task Force sa outreach consultant (tagapayo para sa pag-abot sa mas nakararami) nito na Civic Edge Consulting para sa pagbuo ng pang-marketing na materyales, pagtukoy sa mga organisasyon sa komunidad para sa pagpapalahok, at mga pagsususumikap upang higit na mas marami ang maabot sa pamamagitan ng digital na paraan gaya ng email at social media. Ang mga pagsisikap na ito ay dinagdagan pa ng Clerk's Office, kasama na ang mga karatula sa bintana, flyer, at iba pang nakalimbag na materyales. Kasama ang mga detalye ng gawain ng Civic Edge Consulting at Clerk's Office sa kani-kanilang ulat, na nasa appendices o karagdang bahagi ng Pinal na Ulat na ito.

Lumahok din ang mga indibidwal na miyembro ng Task Force sa mga aktibidad para sa pag-abot sa mas nakararami: pakikipag-usap sa mga residente ng San Francisco, paggawa ng presentasyon sa mga organisasyong nakabase sa komunidad, at pagdalo sa mga pagtitipon para makausap ang publiko tungkol sa proseso ng muling pagdidistrito. Sumali rin ang mga interesadong organisasyon at miyembro ng publiko sa pagbibigay ng impormasyon sa kani-kanilang mga kapitbahay at kasamahan sa komunidad tungkol sa gawain ng Task Force.

Bukod sa pag-abot sa nakararami, pinagtuunan din ng Task Force ang paggamit ng iba't ibang wika. Naglabas ng naka-print na materyales sa Ingles, Tsino, Espanyol, Filipino, at iba pang wika ayon sa pangangailangan, at nagbigay ng serbisyo sa pagsasalin sa mga pulong ng Task Force na partikular sa distrito para sa mga nagsasalita ng Cantonese na wikang Tsino, Espanyol, at Filipino. May ilan ding pulong na partikular sa distrito kung saan may serbisyo sa pagsasalin

para sa mga nagsasalita ng Mandarin na wikang Tsino, Taishanese na wikang Tsino, Vietnamese, at Ruso. Noong Abril 2022, nakakuha ng pondo para sa sabayang interpretasyon ng mga pulong ng Task Force sa Cantonese na Tsino at Espanyol.

Inatasan ng Task Force ang mapping consultant (tagapayo sa pagmamapa) nito na Q2 Data and Research LLC na magbigay ng mga kasangkapan para sa pagmamapa ng communities of interest at sa pagsusumite ng mga ito, at sa gayon, makagawa ang publiko ng mga mapa ng distrito at maisumite ang kanilang mga panukala sa Task Force. Alinsunod sa pag-aatas na ito, naglabas ang Q2 ng San Francisco Redistricting Tool, ang libreng online mapping tool na nagbigay-daan sa publiko na magamit ang parehong heograpiya at datos na mayroon ang Task Force para makagawa ng kanilang mga mapa ng distrito, at ng Community of Interest Public Input Form (Form para sa Pagbibigay ng Opinyon ng Publiko ukol sa mga Tinututukang Komunidad) gamit ang Airtable. May ginawa ring training video (bidyo sa para sa pagsasanay) upang matulungan ang mga gumagamit sa pagguhit ng mapa. Gamit ang mga tool na ito, nakapagsumite ang publiko ng 99 mapa ng distrito at 162 pagsali bilang community of interest sa Task Force, at nang maisaalang-alang ang mga ito.

Nakatanggap din ang Task Force ng pampublikong testimonya sa iba pang paraan. Nakapagbigay ang publiko ng pasalitang pampublikong komento sa mga pulong ng Task Force, nakapagsumite ng mga nakasulat na liham at iginuhit na mapa sa pamamagitan ng koreo o nang personal, at nakapagpadala ng email sa nakalaang email inbox para sa Task Force. Hindi tulad ng mga naunang nabuo na Task Force, hindi nagtakda ng deadline ang Task Force na ito sa pagsusumite ng mga mapa at communities of interest, at patuloy itong tumanggap ng pampublikong komento, mapa, at communities of interest hanggang sa katapusan ng proseso ng muling pagdidistrito. Sa katapusan ng Abril 2022, nakatanggap ang Task Force ng mahigit 2,500 nakasulat at pasalitang pampublikong komento.

Nilayon ng Task Force na mapakinggan muna ang bawat distrito at ang mga residente ng mga ito bago gumawa ng draft na mga mapa, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng kakayahan ng publiko na magbigay ng testimonya tungkol sa kani-kanilang komunidad at tungkol sa mga magkakalapit-bahay at communities of interest. Nagpasya rin ang Task Force na magkaroon ng dalawang pulong na partikular sa distrito para sa bawat superbisoryal na distrito, na siyang unang beses na ginawa ito ng isang Task Force.

Nang sinimulan ang proseso ng pagmamapa noong Pebrero 2022, nagkasundo ang Task Force sa isang iterative o umuulit na proseso sa paggawa ng draft ng mga mapa. Magbibigay ang Task Force ng mga partikular na direksyon tungkol sa mga hangganan ng distrito sa Q2, na siyang gagawa ng iba't ibang draft na mapa batay sa mga direksiyon para sa susunod na pulong sa pagmamapa. Magpapasa ang Task Force ng isa o higit pang mapa, magbibigay ng mga karagdagang direksyon tungkol sa hangganan ng mga distrito, at hihilingin nito sa Q2 na gumawa ng kasunod na hanay ng mga mapa para sa susunod na pulong sa pagmamapa. Uulitin ang prosesong ito hanggang sa magkaroon ng mapa ang Task Force bilang Draft na Pinal na Mapa. Bukod pa sa mga direksiyong ito, nagsagawa rin ang Task Force ng maraming live na session sa pagguhit ng mga linya, kabilang na ang lahat ng pulong sa huling ilang linggo, kung kaya't nakita ng publiko ang gawain, naunawaan ang paglipat ng mga hangganan ng mga distrito, at nasaksihan ang epekto ng mga ito sa iba pang distrito nang real time (sa oras mismo na

isinasagawa). Sa kabuuan ng prosesong ito, patuloy na tumanggap ang Task Force ng testimonya mula sa publiko.

Gamit ang prosesong ito, maraming tinatrabaho pang mapa ang naipasa at naisaayos ng Task Force. May ipinasang Draft o Borador na Pinal na Mapa noong Abril 10, 2022, pero hindi pinagtibay bilang Pinal na Mapa. Kaya naman nagpatuloy ang Task Force sa gawain nito at nagpasa ito ng bagong Draft na Pinal na Mapa noong Abril 21, 2022, na pinagtibay bilang Pinal na Mapa ng 2021–2022 Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco noong Abril 28, 2022.

VII. Mga Isinaalang-alang ukol sa mga Superbisoryal na Distrito

Para sa bawat superbisoryal na distrito, isinaalang-alang ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang mga heograpikong usapin na nakalista sa ibaba.

- **Distrito 1**
  - Anza Vista: kung isasama sa D1 o sa D2, o hahatiin sa dalawang distrito
  - Golden Gate Park: kung ilalagay ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D1, D4, D5, D7, D8)
  - Jordan Park: kung isasama sa D1 o sa D2
  - Lone Mountain: kung isasama sa D1 o D2, o hahatiid sa dalawang distrito
  - Hilaga ng Lake Street: kung isasama sa D1 o sa D2
  - Panhandle: kung isasama sa D1 o sa D5 ang lokasyon sa kanluran ng Masonic
  - Presidio Terrace: kung isasama sa D1 o sa D2, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - Seacliff: kung isasama sa D1 o sa D2

- **Distrito 2**
  - Anza Vista: kung isasama sa D1 o sa D2, o hahatiin sa dalawang distrito
  - Aquatic Park: kung isasama sa D2 o sa D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - Cathedral Hill / Jefferson Square Park / Margaret Haywood Playground: kung isasama bsa D2 o sa D5, o hahatiin sa dalawang distrito
  - Fishermans Wharf: kung isasama sa D2 o sa D3 ang lokasyon sa kanluran ng Leavenworth at Columbus
  - Japantown / Western Addition: kung saan ilalagay ang hangganan sa pagitan ng D2 at ng D5, lalo na para sa Booker T. Washington Community Service Center, Hamilton Recreation Center, mga proyekto ng Awtoridad sa Pabahay, mga lugar ng Japantown na may kultural na kahalagahan, Rosa Parks Elementary School, Sequoias senior living facility (pasilidad para sa matatanda), Western Addition Branch Library, at Westside Courts
  - Jordan Park: kung isasama sa D1 o sa D2
  - Lone Mountain: kung isasama sa D1 o sa D2, o hahatiin sa dalawang distrito
  - Hilaga ng Lake Street: kung isasama sa D1 o sa D2
  - Panhandle: kung isasama sa D2 o sa D5 ang lokasyon sa silangan ng Masonic
  - Polk Gulch: kung isasama sa D2 o sa D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito

- Presidio Terrace: kung isasama sa D1 o sa D2, o kung hahatiin sa dalawang distrito
- Russian Hill: kung isasama sa D2 o sa D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito
- Seacliff: kung isasama sa D1 o sa D2

- **Distrito 3**
  - Aquatic Park: kung isasama sa D2 o sa D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - East Cut / Rincon Hill: kung isasama sa D3 o sa D6
  - Financial District: kung isasama sa D3 o sa D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - Fishermans Wharf: kung isasama sa D2 o sa D3 ang lokasyon sa kanluran ng Leavenworth at Columbus
  - Lower Nob Hill: kung ilalagay ang hangganan sa pagitan ng D3 at ng D6 sa Post, Geary, o O'Farrell
  - Polk Gulch: kung isasama sa D2 o sa D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - Lower Polk Street Corridor: kung isasama sa D3 o sa D6
  - Russian Hill: kung isasama sa D2 o sa D3, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - South of Market: kung isasama sa D3 o sa D6 ang lokasyon sa hilagang silangan ng 2nd Street
  - Tenderloin: kung isasama sa D3, sa D5, o sa D6, o kung hahatiin sa mga distritong ito
  - Treasure Island / Yerba Buena Island: kung isasama sa D3 o sa D6

- **Distrito 4**
  - Golden Gate Park: kung ilalagay ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D1, D4, D5, D7, D8)
  - Inner Sunset: kung isasama sa D4, sa D5, o sa D7, o kung hahatiin sa mga distritong ito
  - Lakeshore / Merced Manor: kung isasama sa D4 o sa D7

- **Distrito 5**
  - Ashbury Heights / Cole Valley: kung isasama sa D5 o saD8
  - Cathedral Hill / Jefferson Square Park / Margaret Haywood Playground: kung isasama sa D2 o sa D5, o hahatiin sa dalawang distrito
  - Central SoMa: kung isasama sa D5 o sa D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - Civic Center: kung isasama sa D5 o sa D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - Golden Gate Park / Kezar Stadium: kung ilalagay ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D1, D4, D5, D7, D8)
  - Haight-Ashbury: kung isasama sa D5 o sa D8
  - Hayes Valley / The Hub: kung isasama sa D5, sa D6, o sa D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
  - Japantown / Western Addition: kung saan ilalagay ang hangganan sa pagitan ng D2 at D5, lalo na para sa Booker T. Washington Community Service Center, Hamilton Recreation Center, mga proyekto ng Housing Authority (Awtoridad sa Pabahay), mga lugar ng Japantown na may kultural na kahalagahan, Rosa Parks

Elementary School, Sequoias senior living facility, Western Addition Branch Library, at Westside Courts
    - Lower Haight: kung isasama sa D5 o sa D8, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Mid-Market: kung isasama sa D5 o sa D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Mint Hill: kung isasama sa D5 o sa D8, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Panhandle: kung isasama sa D1, sa D2, o sa D5, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Parnassus Heights: kung isasama sa D5, sa D7, o sa D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Tenderloin: kung isasama sa D3, sa D5, o sa D6, o kung hahatiin sa mga distritong ito

- **Distrito 6**
    - Chase Center: kung isasama sa D6 o sa D10
    - Civic Center: kung isasama sa D5 o sa D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Dogpatch / Central Waterfront: kung isasama sa D6 o sa D10
    - East Cut / Rincon Hill: kung isasama sa D3 o sa D6
    - Financial District: kung isasama sa D3 o sa D6, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - Hayes Valley / The Hub: kung isasama sa D5, sa D6, o sa D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Mission Bay: kung isasama ang iba't ibang bahagi sa D6 o sa D10
    - Potrero Hill: kung isasama sa D6, sa D9, o sa D10, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Showplace Square: kung isasama sa D6 o sa D10, o kung hahatiin sa dalawang distrito
    - South of Market: kung isasama ang iba't ibang bahagi sa D3, sa D5, o sa D6
    - Tenderloin / Transgender Cultural District: kung isasama sa D3, sa D5, o sa D6, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Treasure Island / Yerba Buena Island: kung isasama sa D3 o sa D6

- **Distrito 7**
    - Golden Gate Park: kung ilalagay ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D1, D4, D5, D7, D8)
    - Inner Sunset: kung isasama sa D4, D5, o D7, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Lakeshore / Merced Manor: kung isasama sa D4 o sa D7
    - Ocean Avenue corridor: kung ilalagay ang lahat sa D7, o hahatiin sa D7 at D11
    - Parnassus Heights: kung isasama sa D5, sa D7, o sa D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Upper Market: kung isasama sa D7 o D8

- **Distrito 8**
    - Ashbury Heights / Cole Valley: kung isasama sa D5 o sa D8
    - Hayes Valley / The Hub: kung isasama sa D5, sa D6, o sa D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
    - Kezar Stadium: kung isasama sa D5 o sa D8

- Guerrero / Valencia: kung ilalagay ang hangganan sa pagitan ng D8 at ng D9
- Mint Hill: kung isasama sa D5 o sa D8, o kung hahatiin sa dalawang distrito
- Mission Dolores: kung isasama sa D8 o sa D9, o kung hahatiin sa dalawang distrito
- Parnassus Heights: kung isasama ba sa D5, sa D7, o sa D8, o kung hahatiin sa mga distritong ito
- Upper Market: kung isasama sa D7 o sa D8

- **Distrito 9**
  - Guerrero / Valencia: kung ilalagay ang hangganan sa pagitan ng D8 at ng D9
  - Mission Dolores: kung isasama sa D8 o sa D9, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - McLaren Park: kung ilalagay ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D9, D10, D11)
  - Ocean Avenue corridor: kung ilalagay ang lahat sa D7, o hahatiin sa D7 at sa D11
  - Portola: kung isasama sa D9 o sa D10
  - Potrero Hill: kung isasama sa D6, sa D9, o sa D10, o kung hahatiin sa mga distritong ito
  - University Mound: kung isasama sa D9, sa D10, o sa D11, o kung hahatiin sa mga distritong ito

- **Distrito 10**
  - Chase Center: kung isasama sa D6 o sa D10
  - Dogpatch / Central Waterfront: kung isasama sa D6 o sa D10
  - McLaren Park: kung ilalagay ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D9, D10, D11)
  - Mission Bay: kung isasama ang iba't ibang bahagi sa D6 o sa D10
  - Portola: kung isasama sa D9 o sa D10
  - Potrero Hill: kung isasama sa D6, sa D9, o sa D10, o kung hahatiin sa mga distritong ito
  - Showplace Square: kung isasama sa D6 o sa D10, o kung hahatiin sa dalawang distrito
  - University Mound: kung isasama sa D9, sa D10, o sa D11, o kung hahatiin sa mga distritong ito

- **Distrito 11**
  - Ocean Avenue corridor: kung ilalagay ang lahat sa D7, o hahatiin sa D7 at sa D11
  - McLaren Park: kung ilalagay ang Park sa iisang distrito, o paghihiwa-hiwalayin sa iba't ibang distritong katabi ng Park (D9, D10, D11)
  - University Mound: kung isasama sa D9, sa D10, o sa D11, o kung hahatiin sa mga distritong ito

VIII. Mga Deviation o Pagkakaiba ng Superbisoryal na Distrito

Sampung superbisoryal na distrito (lahat maliban sa Distrito 3) ang may population deviation o pagkakaiba sa populasyon na mula sa isa hanggang limang porsiyento ng statistical mean, o

panggitnang numero sa pangkat ng ng mga estatistiko, na 79,545 katao. Kailangan ang mga pagkakaiba upang mapanatiling buo ang *mga kinikilalang komunidad*. Nakalista sa ibaba ang mga kinikilalang komunidad.

- **Distrito 1 (−4.80%)**
    - Inner Richmond
    - Lake Street
    - Lincoln Park / Fort Miley
    - Presidio Terrace
    - Outer Richmond
    - Seacliff
    - Sutro Heights

- **Distrito 2 (−4.52%)**
    - Aquatic Park / Fort Mason
    - Cow Hollow
    - Laurel Heights / Jordan Park
    - Marina
    - Presidio Heights
    - Presidio National Park
    - Union Street

- **Distrito 3 (−0.31%)**
    - Chinatown
    - Lower Nob Hill
    - Nob Hill
    - Northern Waterfront
    - Polk Gulch
    - Telegraph Hill

- **Distrito 4 (−4.46%)**
    - Outer Sunset
    - Parkside

- **Distrito 5 (+4.98%)**
    - Alamo Square
    - Haight-Ashbury
    - Hayes Valley
    - Lower Haight
    - Panhandle

- **Distrito 6 (−4.45%)**
    - Mission Bay
    - Rincon Hill
    - Showplace Square
    - South Beach

    - Treasure Island
    - Yerba Buena Island

- **Distrito 7 (−1.08%)**
    - Balboa Terrace
    - Forest Hill
    - Forest Knolls
    - Golden Gate Heights
    - Laguna Honda
    - Ingleside Terraces
    - Inner Sunset
    - Miraloma Park
    - Monterey Heights
    - Mt. Davidson Manor
    - Parkmerced
    - Sherwood Forest
    - St. Francis Wood
    - West Portal
    - Westwood Highlands
    - Westwood Park

- **Distrito 8 (+4.87%)**
    - Ashbury Heights
    - Castro
    - Cole Valley
    - Corona Heights
    - Diamond Heights
    - Eureka Valley
    - Fairmount
    - Glen Park
    - Upper Market

- **Distrito 9 (+2.54%)**
    - Bernal Heights
    - Peralta Heights

- **Distrito 10 (+3.27%)**
    - Apparel City
    - Bayview
    - Bret Harte
    - Candlestick Point SRA
    - Central Waterfront
    - Dogpatch
    - Hunters Point
    - India Basin
    - Produce Market

- Silver Terrace
- Sunnydale
- Visitacion Valley

- **Distrito 11 (+3.95%)**
  - Cayuga
  - Crocker Amazon
  - Excelsior
  - Ingleside
  - Mission Terrace
  - Oceanview
  - Outer Mission

IX. Mga Aral na Natutunan at Rekomendasyon

Matindi ang naging epekto ng pandaigdigang COVID-19 na pandemya sa Task Force, kaya naman napilitan itong kumilos sa mga paraang hindi pa nasusubukan at posibleng hindi makaapekto sa mga susunod na mabubuong Task Force. Halimbawa, dahil sa pagkaantala ng datos ng census, naantala rin ang kakayahan ng Task Force na magtipon sa loob ng ilang buwan kung ihahambing sa mga naunang nabuo na Task Force, at Setyembre 2021 na noong una itong nakapagpulong. Remote ang lahat ng naging pulong ng Task Force bago ang Marso 7, 2022 dahil sa mga kautusan ng Mayor ukol sa pampublikong kalusugan. Dahil dito at sa sunod-sunod na pagbugso ng pandemya, naantala ang kakayahan ng mga miyembro ng Task Force na magsagawa ng mga pulong sa iba't ibang distrito at komunidad ng San Francisco, kung saan marami ang nahihirapan na nang dahil sa pandemya.

Sa kabila ng pandemya, ginawa ng Task Force ang makakaya nito para maisakatuparan ang tungkulin sa ilalim ng mahirap na sitwasyon. Sa pamamagitan ng nakuhang pakinabang mula sa karanasan at sa pagbabalik-tanaw, inirerekomenda ng Task Force ang mga sumusunod para sa mga mabubuong Task Force sa hinaharap.

- **Pagsisimula nang maaga:** Dapat magsimula ang Task Force nang maaga, hanggang sa pinahihintulutan ng kalendaryo at ng Charter, at lalo na bago matanggap ang datos ng Census. Maraming gawain ang hindi nakadepende sa datos ng census, gaya ng pagpapatibay ng mga tuntunin o bylaws; pagsasapinal ng mga pulong ng distrito at iskedyul; pagsasanay sa pagmamapa; pag-alam sa mga legal na tungkulin at pangangailangan; paggawa ng mga istratehiya sa pag-abot sa nakararami; at pagtatakda ng mga pulong ng distrito. Higit sa lahat, sa pamamagitan ng pagsisimula nang maaga, nagkakaroon ng kakayahan ang Task Force na magsimula sa mahahalaga nitong tungkulin nang maaga, gaya ng pagsasagawa ng mga pulong sa komunidad at pagtalakay sa mga draft na mapa.

- **Maagang pagpaplano:** Ang mga unang pulong ng Task Force ay kinakitaan ng matagalang mga talakayan tungkol sa paggawa ng mga tuntunin at iskedyul ng pulong. Nakikinabang ang bawat bagong pagkilos ng Task Force sa institusyunal na kaalaman ng Clerk's Office, Office of the City Attorney, at iba pang ahensiya at departamento ng

Lungsod na sumuporta sa mga naunang Task Force. Sa halip na harapin ng mga bagong miyembro ng panel ng Task Force ang mga isyu gaya ng mga tuntunin at iskedyul nang walang mahalagang konteksto, dapat iharap ang mga draft na tuntunin, pansamantalang iskedyul, at panukalang timeline (iskedyul ng mga gawain) sa susunod na pagkakabuong muli ng Task Force, at sa gayon, maisaalang-alang ang mga ito sa unang pulong.

Gaya ng nabanggit dati, dapat din na maagang makatanggap ng pagsasanay ang Task Force sa pagmamapa para sa proseso ng muling pagdidistrito, sa halip na hintaying magsimula ang mga pulong ukol sa pagmamapa. Ang San Francisco ay lungsod na may diversity, o pagkakaiba-iba, kung saan maraming magkakalapit-bahay, communities of interest, at mga pananaw, at mapapakinabangan ng mga miyembro ng Task Force ang karanasan sa paggamit ng mga kasangkapan sa pagmamapa, pagsusuri sa mga anyo ng distrito, at sa pag-unawa sa proseso ng pagguhit ng linya bago pa lubos na masimulan ang mga pulong sa pagmamapa.

- **Direktang suporta:** Bagama't lubos na nagpapasalamat ang Task Force sa suportang natanggap nito mula sa Clerk's Office at sa iba pang ahensiya ng Lungsod, palagi nang inaalala ang pagkakaroon ng mga kawani at rekurso. Mahabang oras ang ginugol ni Vice Chair o Pangalawang Tagapangulo Ditka Reiner sa pangangasiwa sa napakaraming pangangailangan sa operasyon ng Task Force at sa pakikipag-ugnayan sa Clerk's Office. Marami ring nagamit na sariling rekurso ang Clerk's Office sa pagsuporta sa gawain ng Task Force, na lalo pang tumaas noong umusad na ang proseso ng muling pagdidistrito, at nakaranas ang lahat ng kasangkot ng kakulangan. Dahil higit na nagkakaroon ng pamamaraan ang publiko na mapag-alamanan ang mga proseso ng pamahalaan, kailangang magkaroon ang susunod na Task Force ng sapat na mga rekurso para maisakatuparan ang mga tungkulin nito sa publiko.

  Sang-ayon ang Task Force sa rekomendasyon ng Clerk's Office na kapag nagpatawag na ng susunod na pagbubuong muli ng Task Force, dapat magtatag ang Lungsod ng pansamantalang departamento o dibisyon para masuportahan ang Task Force at ang mga pangangailangan nito. Mangangailangan ang naturang departamento o dibisyon ng may bayad na chief of staff o pinuno ng mga kawani, nakalaan na administratibong suporta, media coordinator o tagapag-ugnay para sa media, at eksperto sa Sunshine Ordinance (Ordinansang Nagtitiyak na Bukas ang mga Pampublikong Rekord at Miting), at sa gayon, mapamahalaan ang iba't ibang uri ng kahilingan na posibleng maidirekta sa Task Force sa mga pinakaabalang panahon nito. Dapat ding maglaan ng mas malaking pondo ang Board of Supervisors sa simula pa lang, sa halip na kumuha ang Task Force mula sa limitadong pondo ng Clerk's Office at ng Department of Elections para matugunan ang mga pangangailangan sa paglahok ng publiko, gaya ng nangyari sa nabuong Task Force na ito at sa mga nauna pang nabuo na Task Force.

- **Mga Clerk:** Pinasasalamatan ng Task Force ang clerk nito na si John Carroll para sa kanyang mga pagsisikap at dedikasyon sa pagtulong sa Task Force na maisakatuparan ang mga tungkulin nito. Gayunpaman, masyadong malaki ang kinakailangang panahon at enerhiya sa pagsuporta sa Task Force para sa iisang tao, at kailangan ang mas maraming kawani at suporta. Dalawang clerk ang sumuporta sa Task Force noong 2011–2012. Kung hindi tatanggap o magtatatag ang Lungsod ng mas mahusay na balangkas ng

suporta, o support framework, para sa mga susunod na pagbubuo ng Task Force (tingnan sa itaas), kailangang magkaroon ng kahit man lamang dalawang clerk ang Task Force, na sapat na makatutulong sa gawain nito, kung saan ang isang tao ay nakatalaga sa mga isyu sa dokumento, kasunduan, at Meeting Minutes (Mga Katitikan ng Pulong).

- **Mga Pulong:** Sa gabi isinagawa ang karamihan sa mga pulong. Bagama't ang pagsisimula ng mga pulong sa huling bahagi ng araw ang nagbigay-daan para makadalo ang mga miyembro ng Task Force sa mga pulong at makasali ang mas maraming miyembro ng publiko, gabing-gabi na natatapos ang mga pulong na nagsimula sa huling bahagi ng araw. Dapat na isaalang-alang nang lubos ng mga susunod na bubuuing Task Force ang pagsisimula ng mga pulong sa umaga, dahil mas makalalahok sa proseso ang lahat kung magiging maaga ang pagsisimula.

  Dapat ding ayusin ang haba ng oras ng mga pulong. May ilang pulong na lumampas ng sampung oras, at ang pinakamahabang pulong ay tumagal nang halos dalawampung oras, na hindi katanggap-tanggap sa kahit na anong pamantayan. Dapat isaalang-alang ng mga susunod na bubuuingTask Force ang iba't ibang paraan ng pagpapatakbo ng pulong sa mas mabisang paraan habang hindi isinasantabi ang masiglang paglahok, kabilang na ang mas nakatuon na pampublikong mga komento, mas mahusay na pangangasiwa sa talakayan at aksyon, at maging ang pagpapahinga at pagpapatuloy kinabukasan kung kailangan.

- **Pag-abot sa mas Nakararami o Outreach:** Nakaapekto nang masama ang COVID-19 pandemya sa mga kakayahan ng Task Force, sa consultant nito na Civic Edge Consulting, at sa mga interesadong partido sa pagsasagawa ng mahahalagang pag-abot sa nakararami sa komunidad. Gayunpaman, batayang bahagi ng proseso ng muling pagdidistrito ang pakikipag-ugnayan sa publiko at mahalagang maipatupad ito, anuman ang mga hamon. Dapat magsagawa ng masinsinang pag-abot sa nakararami ang susunod na bubuuing Task Force sa mga komunidad ng San Francisco, kung saan may diversity o pagkakaiba-iba, kabilang na ang paglahok sa maraming pagtitipon, pulong, at presentasyon hangga't maaari.

  Ang 2021–2022 Task Force ang unang Task Force na nagpanatili ng outreach consultant o tagapayo para sa pag-abot sa nakararami. Isinagawa ito kaugnay ng payo mula sa 2011–2012 Task Force, na nagrekomenda ng pagkakaroon ng outreach consultant para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad. Gayunpaman, maraming pulong sa Task Force ang ginugol sa pag-unawa sa tungkulin ng outreach consultant na ito at sa pagresolba sa mga pagkakaiba sa pagitan ng kinontratang saklaw ng gawain ng consultant at ng mga inaasahan ng mga miyembro ng Task Force. Dala ng pakinabang sa karanasan, inirerekomenda ng Task Force na para sa mga susunod na pagbubuo ng Task Force, dapat magtakda ang may kaugnayang mga ahensiya o departamento ng Lungsod ng mas malilinaw na inaasahan para sa pag-abot sa nakararami na mas naaangkop sa mga pangangailangan sa proseso ng muling pagdidistrito. Kailangang mas espesipiko ang mga Future Statements of Work (Pahayag ukol sa Trabaho sa Hinaharap) sa mga ihahatid at inaasahan, at kailangang mabuo nang maaga ang Task Force at nang mapahintulutan ang itinalagang mga miyembro na makalahok sa paggawa ng Statements of Work.

- **Pagiging Independiyente ng Task Force:** Bilang lupon ng pamahalaan, gumagawa ng mga konsiderasyon at desisyon ang Task Force na humihimok ng madamdaming mga diskusyon at maiinit na debate. Malugod na tinatanggap ng Task Force ang matinding interes ng publiko at ang pagsisiyasat sa gawain nito. Gayunpaman, nakaranas din ito ng napakaraming pag-atake laban sa pagiging independiyente mula sa political actors (may politikal na kapangyarihan at/o awtoridad), kasama na ang actors na diumano'y walang kinikilingan, na may gustong partikular na resulta. Ang mga aksyong ito, kabilang na ang pagtatangkang alisin ang tatlong itinalaga ng Elections Commission, ang nagpapatingkad sa pangangailangan sa mga mekanismong poprotekta sa Task Force laban sa labis-labis at hindi naaangkop na impluwensya. Dapat magsaalang-alang ng mas mahihigpit na hakbang para protektahan ang mga susunod na bubuuing Task Force at sa gayon ay hindi na muling maranasan ang ganitong mga pag-atake.

  Bukod rito, hindi rin dapat makaranas ang mga susunod na bubuuing Task Force ng mga rasista, mapanghusga, malisyoso, at iba pang personal na atake at banta, gaya ng natanggap ng Task Force na ito dahil sa pagsasagawa ng mga tungkulin nito para sa mga mamamayan ng San Francisco. Walang puwang sa pampublikong diskurso ang ganitong hindi naaangkop na mga pagtatangkang takutin ang Task Force. Dapat makagawa ng mas magagandang paraan para pigilan ang mga hindi naaangkop na komento at para protektahan ang lahat ng lingkod-bayan na nagboluntaryo para sa mahirap na trabahong ito.

- **Mga Bumubuo saTask Force:** Para mapagtibay at maprotektahan ang pagiging independiyente ng Task Force laban sa hindi naaangkop na pampulitikang impluwensya, dapat magsagawa ng pagsusuri sa mga bumubuo sa Task Force, kabilang na ang proseso ng pagpili ng miyembro at mga paraan para maiwasan ang posibleng mga salungatan ng interes. Dapat tingnan ng pagsusuri kung naaangkop ang mga proseso ng pagtatalaga na ginagamit para sa California Citizens Redistricting Commission (Komisyon na Binubuo ng mga Mamamayan para sa Muling Pagdidistrito ng California), pero walang anumang pakikilahok ng mga halal na opisyal, at kung patitibayin nito ang pagiging independiyente ng Task Force. Halimbawa, pinamamahalaan ang proseso ng pagpili para sa California Citizens Redistricting Commission ng Auditor ng Estado ng California na independiyente at walang kinikilingang tanggapan. Katulad nito, kailangan ding tanggalin ang proseso ng San Francisco mula sa tunay o inaakalang politikal na impluwesiya.

  Kasalukuyang walang gabay sa kung sino ang puwedeng maging miyembro ng Task Force, kung kaya't bulnerable ang Task Force sa mga posibleng salungatan ng interes. Dahil dito, dapat isaalang-alang ang mga minimum na kuwalipikasyon at restriksiyon na katulad ng ipinapatupad sa California Citizens Redistricting Commission. Upang mas maiwasan pa ang mga posibleng salungatan ng interes, dapat isaalang-alang ng gayong pagsusuri ang mga restriksiyon sa mga tao na direktang nakatatanggap ng discretionary (nakabatay sa pagpapasya ng may awtoridad) na grant o pondo mula sa Lungsod, o konektado sa for-profit (negosyo) o nonprofit (hindi para sa pagnenegosyo) na entidad na nakatatanggap ng mga ganito.

- **Mga kahaliling miyembro:** Dapat isaalang-alang ng mga susunod na bubuuingTask Force ang pagkakaroon ng mga kahaliling miyembro na puwedeng gumanap sa tungkulin ng bumobotong miyembro ng Task Force na hindi na kayang magsilbi. Dapat matugunan ng mga kahaliling miyembro na ito ang gayon ding mga itinatakda sa mga bumobotong miyembro at dapat silang piliin bago ang unang pulong ng Task Force.

X. Pangwakas na mga Pananalita

Nagtipon ang Task Force para magsagawa ng pansibikong tungkulin na nakasaad sa Charter. Sa gitna ng pandaigdigang pandemya at mga sitwasyong hindi pa nararanasan, nagawa ng Task Force ang responsibilidad nito sa mga mamamayan ng San Francisco sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa datos, pakikipag-ugnayan sa mga komunidad, at pagpapatibay sa Pinal na Mapa na nagtatakda ng hangganan ng mga superbisoryal na distrito para sa susunod na sampung taon. Pinasasalamatan ng Task Force ang mga mamamayan ng Lungsod at County ng San Francisco para sa karangalang mapaglingkuran sila sa ganitong paraan at sa kanilang pakikilahok sa mahalagang proseso na ito.

Appendix (Karagdagang Bahagi) A

Pinal na Mapa at Mga Istatistika ng Superbisoryal na Distrito

Task Force (Pangkat para sa Espesipikong Gawain) para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)

Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors
(Lupon ng mga Superbisor)

Pinal na Mapa; Abril 28, 2022

Mga Istatistika ng Distrito

Distrito	Kabuuang Populasyon	Deviation o Pagkakaiba	% Deviation	%Latino na CVAP	%Itim na CVAP	%Asyano na CVAP	%Katutubo na CVAP	%Puti na CVAP
1	75,727	-3,818	-4.80%	7.16%	2.89%	41.25%	0.44%	47.17%
2	75,950	-3,595	-4.52%	6.27%	2.45%	17.94%	0.33%	72.64%
3	79,301	-244	-0.31%	6.95%	3.85%	38.03%	0.78%	49.43%
4	75,998	-3,547	-4.46%	7.15%	1.72%	54.51%	0.43%	34.95%
5	83,506	3,961	4.98%	10.59%	12.60%	20.75%	0.87%	53.51%
6	76,009	-3,536	-4.45%	11.37%	8.52%	38.20%	0.61%	39.84%
7	78,689	-856	-1.08%	11.20%	4.01%	35.00%	0.40%	48.21%
8	83,420	3,875	4.87%	10.48%	3.59%	16.39%	0.57%	68.69%
9	81,563	2,018	2.54%	26.24%	4.91%	25.34%	0.49%	41.87%
10	82,146	2,601	3.27%	14.50%	19.55%	42.16%	0.23%	21.02%
11	82,684	3,139	3.95%	21.12%	5.39%	56.56%	0.19%	15.85%

CVAP = Citizen Voting Age Population (Populasyon ng mga Mamamayan na nasa Edad na para sa Pagboto)
Ginawang buo ang mga numero ng mga tinatayang bilang, at dahil dito, posibleng hindi eksakto ang suma ng kabuuan

Mga Pinagkunan ng Datos:
(1) 2020 Census Redistricting Data o Datos ukol sa Senso para sa Muling Pagdidistrito [P.L. 94-171] Pinagkunan ng Datos: U.S. Census Bureau (Kawanihan para sa Pagsesenso) na 2020 P.L. 94-171 Summary File (Dokumentong Nagbibigay ng Buod) na iniayon na para sa mga nakakulong batay sa Datos sa Kabuuan ng Distrito
(2) Kabuuang Populasyon ng mga Mamamayan na nasa Edad na para sa Pagboto - Datos sa Kabuuan ng Distrito, 2015-2019 Sarbey sa Amerikanong mga Komunidad Mga tinataya para sa 5 taon

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022

Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Distrito 6 - Detalyado

Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco)
Muling Pagdidistrito ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)
Pinal na Mapa; Abril 28, 2022



Ipinapakita ng nakasulat ukol sa distrito ang pangalan ng distrito, % deviation o pagkakaiba, kabuuang deviation.

Appendix (Karagdagang Bahagi) B
Mga Pahayag mula sa mga Miyembro ng Task Force

2021-2022 Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco
Pinal na Ulat
Pahayag mula kina Miyembro Matthew Castillon at Lily Ho

Isinalaysay ng Task Force ang pagkakaiba-iba ng mga opinyon mula sa komunidad na ibinahagi sa Task Force sa pamamagitan ng email, pagsusumite ng COI na mapa, pirmadong liham, at pampublikong komento. Libo-libong email ang naglarawan sa iba't ibang relasyon sa komunidad at nagmula ang mga ito sa bawat sulok ng Lungsod. Bukod sa pagpapanatiling magkakasama ng mga komunidad, hangga't sa maaari ay pinanatili ng Task Force ang layunin na panatilihing magkakatabi ang mga distrito at malalapit sa isa't isa ang mga nakatira sa distrito, o compact. May ilang bahagi ng lungsod na may magkakalapit-bahay, o neighborhood, kung saan pinagtatalunan ang mga hangganan at nagtatagisan ang communities of interest (tinututukang mga komunidad). Sa ganitong mga sitwasyon, kinailangang timbangin ang mga desisyon, nang may layunin na panatilihing magkakatabi ang mga bahagi at malalapit sa isa't isa ang mga nakatira sa distrito, at kung saan pinananatili ang pinakamalaking bilang ng communities of interest na buo – habang binabalanse ang mga bilang ng populasyon. Dalawang distrito, sa partikular, ang nagpahayag ng hindi pinagtatalunang pagkakaisa sa kani-kanilang communities of interest na D11 at D3 – at napanatili ng Task Force na buo at hindi nagalaw ang mga komunidad na ito, dahil walang pinagtalunang mga hangganan o kakompetensiyang communities of interest. Napalagay ang loob ng karamihan sa mga magkakalapit-bahay sa malaking bahagi ng mapa, kasabay ng pagsunod ng mapa sa hinihingi ukol sa populasyon, pagiging magkakatabi ng mga bahagi, at pagiging malalapit sa isa't isa ng mga nakatira sa distrito.

Mayroon lamang isang lugar kung saan nabigo ang Task Force na maging katabi ito ng iba pang lugar sa distrito nito. Ang lugar na pinaka-gerrymandeared (namanipula ang mga hangganan para mapaboran ang isang partido, pangkat, o uri) sa lungsod na ito ay ang Portola. Nahihiwalay ito sa iba pang bahagi ng distrito nito, ang D9, sa pamamagitan ng 280 Freeway. Hindi makapupunta mula sa Portola tungo sa iba pang bahagi ng D9 nang hindi na kailangang pumasok sa iba pang distrito. Ang kabuuan ng Portola ay hindi katabi ng iba pang bahagi ng distrito nito.

Ang pagpapahayag sa mga opinyon ng komunidad ukol sa pagsasama sa Portola sa Visitacion Valley at Bayview ang pinakahindi nagbago at pinakapursigidong pampublikong opinyon mula sa anumang komunidad na napakinggan ng Task Force. Sa bawat pulong magmula noong Pebrero, dose-dosenang dumating ang mga residente mula sa Portola, Visitacion Valley, at Bayview, at hiniling nila na ang kanilang community of interest – mababa ang kita, iisa ang wikang sinasalita, mga Tsino Amerikano – ay mapag-isa. Mas malapit ang sosyo-ekonomikong katayuan ng Portola (may panggitnang kita na kabahayan na $79K) sa Visitacion Valley ($56K) at sa Bayview/Hunters Point ($58K at $32K) kaysa sa Potrero Hill ($157K).

Pahayag nina Miyembro Matthew Castillon at Lily Ho

Noong una silang tinawag upang magbigay ng pampublikong komento, malinaw na hindi sila pamilyar sa proseso. Hindi nila naintindihan ang pang-udyok, o prompt, na "Na-unmute ka na," at dahil dito, nagkaroon kami ng maraming blangkong linya. Tumulong ang Task Force at ang mga Klerk upang malutas ang problemang ito sa pamamagitan ng regular na pagbibigay ng instruksiyon ng mga tagasalin. Nang magsimula ang Task Force sa pagsasagawa ng mga pulong sa City Hall, nagpakita ang komunidad na ito. Sa karamihan sa mga araw, mahigit 20 residente ng Portola at Visitacion Valley ang dumalo nang personal, at may ilan sa kanila na nanatiling kasama namin hanggang sa dulo ng pulong – 3:30am – kung gaano kahaba man inabot ang pulong.

Hindi sila dumating sa ngalan ng malaki ang pondo na CBO, o ng milyon-milyong dolyar na non-profit. Dumating sila para sa kanilang mga sarili, na inorganisa ng kanilang mga sarili. Sila ang iisa ang wika, itinuturing na hindi mahalaga, mababa ang kita na mga komunidad na dapat sanang itinatanghal ng Task Force na ito. Gayon pa man, hindi narinig ang boses ng Portola. Ang komunidad ng Portola ay may ganito nang karanasan sa kasaysayan, sistematiko nang nararanasan ito, napagkakaitan na ng karapatan, at naituturing na hindi mahalaga – ng sistema ng Muling Pagdidistrito. Isa itong usapin ng moralidad at legalidad. Lubos kaming nakararamdam ng kabiguan na hindi nalutas ang usapin na ito.

2021-2022 Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco
Pinal na Ulat
Pahayag mula kay Miyembro Raynell Cooper

Mahal na San Francisco,

Habang pinag-iisipan ang oportunidad na ito upang magawang imortal ang aking mga iniisip ukol sa aking pagseserbisyo sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco, naalala ko ang isa pang Task Force: Ang Human Interference Task Force (Task Force para sa Pag-aaral ukol sa Hindi Intensiyonal na Panghihimasok ng Tao sa mga Sistemang Radioactive). Isa itong pangkat ng mga siyentipiko, dalubhasa sa wika, at pilosopo noong Cold War (panahon ng tensiyon sa pagitan ng Estados Unidos at Unyong Soviet, bandang 1946 hanggang 1990), na inutusang maghanap ng paraan upang maipahatid ang pagkakaroon ng basurang nukeleyar sa mga tao, sampung milenyo mula ngayon, dahil posibleng magkaroon pa rin ng negatibong epekto ang radiation na ito, at posible ring hindi na maunawaan sa panahong iyon ang alinman sa ating nakasulat na wika. Nagkaroon ng mga mungkahi, mula sa umiilaw na pusa hanggang sa malalaking panusok sa lupa, hanggang sa mungkahi ni Thomas Scheok ukol sa "atomic priesthood o atomikong kaparian," na mala-relihiyosong pangkat na posibleng makapagpasa ng impormasyon tungo sa daan-daang henerasyon.

Bagamat lubhang mas mababa ang nakataya, at mas maiksi ang panahon, pareho ang mensahe ng Human Interference Task Force sa mga arkeologo sa malayong hinaharap at ang aking mensahe sa posibleng maging mga miyembro ng Task Force na katulad ko ang pananaw. Lumayo na kayo.

Naging aplikante ako at naitalaga sa Task Force na ito sa edad na 26, habang naghahanap ng paraan upang makisangkot, at sa gayon ay mas mapahusay ang San Francisco nang hindi lubhang nalulubog sa batid nang nakalalason na politikal na klima ng Lungsod. Nagtrabaho ako (at nagtatrabaho pa rin) bilang tagaplano para sa SFMTA, kung kaya't pakiramdam ko ay pinakamainam na magugugol ang aking enerhiya sa walang kinikilingan at waring hindi politikal na pangkat, kung saan maibabahagi ko ang aking kakayahan sa pagpapalahok sa komunidad at habambuhay na pagmamahal sa mga mapa, nang hindi masyadong kaiinisan ng iba.

Sinimulan ko ang pagtatrabaho sa prosesong ito sa parehong paraan ng pagsisimula ko sa lahat ng bagay sa aking karera sa pampublikong sektor: sa pagsubok na gawin ang pinakamabuti para sa mga mamamayan habang nagtatrabaho nang may mahihirap na hadlang, na madalas na nagdulot ng pakiramdam ng pagkabigo. Sa aking pagkaunawa sa trabahong dapat magawa, kukuha kami ng datos at pampublikong opinyon at tatalakayin kung paano makagagawa ng pinakamahusay na posibleng mapa batay sa mga opinyong ito, nang hindi isinasaalang-alang ang kagustuhan ng mga may politikal na interes na ayaw namang magsalita sa publiko ukol sa kanilang mga intensiyon at dahilan.

Gayon pa man, naging malinaw sa akin sa huling mga araw ng proseso na nagdala ako ng clipboard (board na may pang-ipit ng papel) sa labanang gumagamit ng patalim. Ang pagkaantala sa

pagmamapa, ang urong-sulong na pagboto na ginawa namin bilang pangkat, at ang hayagang mga pagtatangka, na ilang beses ding napagtagumpayan ng may politikal na kapangyarihan, upang maimpluwensiyahan ang mapa, ay humantong sa sitwasyong pressure cooker, o puno ng tensiyon, isang linggo bago ang orihinal na huling araw ng pagmamapa, na ika-9 ng Abril. Ipinagpaliban namin ang mahihirap na pag-uusap ukol sa mapang ito hanggang sa huling linggo, at kasama sa mahihirap na pag-uusap ang napakaraming pampublikong komento, na ang ibig sabihin ay mahahabang pulong na nagdulot ng lubusang pisikal at emosyonal na pagkapagod.

Pangunahing halimbawa na nakapaglalarawan kung ano ang naging mali sa linggong ito ay ang usapin ukol sa Potrero Hill at sa Portola, na dalawang komunidad kung saan napakinggan namin ang napakalaking suporta para sa kanilang pagkakasama sa Distrito 10. Parehong napakatibay ng mga kasong ilipat ang Portola sa parehong distrito ng Visitacion Valley at panatilihin ang Potrero Hill na kasama ang Sunnydale, Bayview, at Hunters Point, pero sa kasamaang palad, walang sitwasyon kung saan parehong mapagkakasya ang dalawa sa distrito. Humantong ito sa sunod-sunod na tapat ngunit mahihirap na pag-uusap at lubhang napakaraming mahirap na pagboto.

Noong ika-4 ng Abril, umalis kami mula sa Potrero Hill na nasa D10 na mapa matapos makarating sa hindi pagkakasundo ukol sa South of Market at Tenderloin. Makaraan ito, bumoto kami noong ika-6 ng Abril upang mailipat ang Potrero Hill sa D10. Pagkatapos, nagbalik mula sa kung saan ang mukhang napagkasunduan nang usapin sa pamamagitan ng bagong mosyon noong ika-9 ng Abril, upang ilipat ang Potrero Hill mula sa Distrito 10, bunga ng masalimuot na serye ng pag-eedit, na para bang organikong pangkat lamang ito ng kinakailangang pag-eedit upang mabalanse ang mga numero. Mailalagay sana ng mosyon na ito ang Potrero Hill sa Distrito 9, na bagong tahanan para sa komunidad, na sa puntong iyon ay hindi pa man lamang napag-iisipan. Nabigo ito, pero matapos ang mabilisang pagkakaroon ng recess o pahinga, nabaligtad na ang boto, napunta na ang Potrero Hill sa Distrito 9, at nadagdag na ang Portola pabalik sa Distrito 10.

Anuman ang mabubuting katangian ng paglipat na ito, humantong ang lantarang kawalan ng katarungan ng mga pangyayari sa pag-wo-walkout (pag-alis bilang protesta) ko at ng tatlo pang miyembro sa pulong. Naging malinaw sa akin, maaga pa lamang sa araw na iyon, na hindi bumoboto ang lahat ng miyembro ng Task Force nang nakabatay lamang sa nasa puso at isipan ukol sa usaping kinakaharap, at sa sandaling iyon, naging malinaw ito sa lahat ng ibang tao. Ibinalik ang usapin ng Potrero Hill at ng Portola upang payapain ang mga taga-labas na politikal na interes, at hindi dahil sa tunay na pagbabago ng damdamin ng isang miyembro ng Task Force. Nasindak ako sa nasaksihan at alam kong makokompromiso ang aking moralidad kung mananatili sa pulong noong gabing iyon. Maririnig ninyo ito sa aking boses sa rekord ng pulong na iyon – hindi na ako makabuo ng mga salita para matalakay ang mapa at maging kung ano ang tinitingnan ko. Muli na namang nabawi ang paglilipat sa Potrero Hill mula sa Distrito 10 sa pulong matapos ang orihinal na huling araw ng pagmamapa, pero hindi ito nagawa bago magkaroon ng pinsala sa pagtitiwala ng publiko sa proseso at sa personal kong pagtitiwala sa proseso.

Nagbunga ang usapin ng pagkakasama ng Portola o Potrero Hill sa Distrito ng mapang-atake at rasistang pananalita mula sa dalawang panig, na bagay na hindi ko pa kailanman nasasaksihan nang

harap-harapan at umaasa akong hindi na muling masasaksihan. Bagamat hindi maiiwasan ang malaking bahagi ng hindi pagkakasundo mismo, at tiyak na sentral na tema sa prosesong ito sa susunod na dekada, pinag-alab ang mga apoy ng pagkasuklam ng hindi magandang pag-asal namin. Kahiya-hiya ang pagkilos ng Task Force sa publiko sa usaping nauukol sa Potrero Hill at Portola.

Sa recess na kasunod ng walkout, naisip ko ang mga pangyayaring naganap hanggang sa puntong iyon, at ang madilim na katotohanang natutunan ko ukol sa politikal na sistema ng San Francisco, habang nagdedeliryong palakad-lakad sa paligid ng ika-4 palapag ng City Hall. Napasandal ako sa yari sa batong hadlang na naghihiwalay sa pasilyo sa malaking hagdanan sa ibaba, at sa Baroque na simboryo na nasa itaas. Ang mga recess lamang sa unang bahagi ng umaga na ito ang mga pagkakataong nakita ko ang rotunda na walang masasayang ikinakasal. Pumupunta ang mga tao sa City Hall para magpakasal, hindi lamang dahil mas mura ito kaysa sa iba pang opsiyon, o dahil uliran itong halimbawa ng arkitekturang Beaux-Arts. Ito ay dahil may sinasagisag ito. Nakapaloob sa mga kasal sa City Hall ang lakas ng ating mga demokratikong institusyon at ang kapangyarihan ng pagsumpa na ginagawa ng mga pampublikong opisyal nito. Bilang indibidwal na hinubog ng aking sibikong dangal at pananalig sa kabanalan ng lokal na gobyerno, noon pa man ay palagi nang may kagandahan ito para sa akin. Gayon pa man, sa sandaling iyon ay walang anumang tama sa pakiramdam. Sa sandaling iyon, ang gusaling ito na dapat sana ay templo sa pinakamahuhusay na katangian ng lipunan ng tao ay hindi na humigit pa sa drive-through na kapilya sa Las Vegas.

May dalawang elemento sa aking pagboto laban sa mapa. Una, ikinagagalit ko ang malinaw na politikal na impluwensiya na may direktang epekto sa nakagawiang pagboto ng ilan sa aking kasamahan. Hindi ako magpapanggap na alam ko ang kabuuang saklaw ng nagaganap sa likod ng tabing na humantong sa hugis ng mapa na gagamitin natin sa ating buhay sa susunod na dekada, pero alam kong hindi nakaaangat sa mga politikal na labanan ang mapa, na gaya sana sa dapat naganap. Ngunit karagdagan dito, sa aking pananaw, hindi namin natugunan ang itinatakda ng Tsarter ng Lungsod na "gumawa ng mga pag-aayon ayon sa naaangkop, batay sa pampublikong opinyon sa mga pampublikong pagdinig." Nagdudulot ng pakiramdam ng pagkabigo ang hindi malinaw na pananalita na ito, kung saan mabibigyan ng katwiran ang anumang pagbabago sa mapang ito. Sa interpretasyon ko naman, ang sentral na desisyon sa mapa na ito, na alisin ang Tenderloin mula sa mga cross-Market na kalapit-lugar nito sa Central SOMA at ang paglilipat nito sa Distrito 5, ay hindi naaangkop na pag-aayon batay sa pampublikong opinyon.

Narinig namin ang halos pinagkakasunduan ng lahat na opinyon mula sa mga residente ng Tenderloin, Central SOMA, at Distrito 5, na may kabuluhan ang dating pagkakaayon ng mga magkakalapit-lugar, neigborhood, na ito. Hindi nagbabago-bago, pursigido, at malinaw, sa partikular, ang komunidad ng Tenderloin sa kanilang kagustuhan na manatili sa parehong distrito ng SOMA. Gayon pa man, hindi kasalanan, sa kalikasan nito, ang pagtaliwas sa halos sinang-aayunan ng lahat na pampublikong komento. Salamat sa hindi pantay na pag-unlad sa San Francisco, kung saan bahagi nito ay bunga ng rasistang sistema ng mapagbukod na pagsosona, napakalaki ng proporsiyon ng pagbabago na kailangan para sa proseso ng muling pagdidistrito na ito, at nangangahulugan na kailangan natin na

laging gumawa ng pagbabago na hindi magugustuhan ng ilang tao, at maaari pa ngang magkaroon ng pagbabago na haharap sa pangkalahatang pagtutol. Magkakaroon na ng napakalaking pagbabago sa Distrito 6, at isang paraan upang magawa ang pagbabagong ito ang paglilipat sa Tenderloin. Dito pumapasok ang salitang "naaangkop."

Mahalagang bahagi ng prosesong ito ang pagpapanatiling buo sa magkakalapit-lugar, pero hindi maaaring manatiling magkakasama ang bawat komunidad. Kinailangang gumawa ng mahihirap na pagpapasya. Dahil dito, saan dapat magsimula kapag sinusubukang balansehin ang trade-offs, o ipinagpapalit para sa ibang bagay? Para sa akin, malinaw ang sagot: magsimula sa bahagi ng San Francisco na pinaka-umaasa sa mga serbisyo ng Lungsod at kung saan pinakakailangan ng atensiyon mula sa kumakatawan nito sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor). Ito ay ang Tenderloin, at ang ka-partner nitong Central SOMA. Dahil sa pagpapanatiling magkakasama ng mga komunidad na ito, nagkaroon ng hindi popular na pagbabago sa iba pang bahagi ng mapa, pero ang makatwirang mga pagbabago ay ang paglilipat sa East Cut tungo sa Distrito 3 at sa Russian Hill tungo sa Distrito 2, at nang magkaroon ng akomodasyon. Ang pagpapanatiling magkasama ng mga SRO, pagtitiyak na nakakatawan nang mabuti ang mga residente ng abot-kayang pabahay, at ang pagpapahintulot na mahawakan ng iisang Superbisor sa kanilang kabuuan ang mga usapin ukol sa pampublikong kaligtasan at pampublikong kalusugan sa mga komunidad na ito – mas matataas na prayoridad ang mga ito kaysa sa pagpapanatili sa Transbay Terminal sa Mission Bay, o sa Russian Hill sa Telegraph Hill.Mayroong gobyerno upang mapaglingkuran ang lahat, pero kailangan ng mga komunidad na itong napagkaitan ng mga oportunidad ng masasandigan, at kailangang nakasentro sila sa prosesong ito.

Lubos na nakapanlulumo na makita ang karamihan sa aking mga kasamahan na gumagawa ng desisyon na malinaw na nagbibigay ng prayoridad sa kagustuhan ng mas mayayamang komunidad kaysa sa mga pangangailangan ng pinakanapagkakaitan. Nagpapakita ito ng kawalang puso at kawalang pagdamay na paraan ng pagtingin sa lipunan at sa ating papel, na hindi ko naisip na magiging bahagi ito ng kasapian ng Task Force. Ngunit higit pa rito, talagang nakalilito lamang talaga na napunta ito sa direksiyong pinatunguhan nang paulit-ulit. Desisyon ito na hindi talaga tumutugon sa opinyon ng komunidad na natanggap namin, at hindi rin talaga sapat na nabigyan ng katwiran sa publiko. Sa huling mga sandali lamang ng proseso naghandog ng paliwanag ang sinuman, bukod pa sa Tagapangulo, at ito ang dahilan kung bakit sa pakiramdam nila, pinakamaganda nang solusyon sa problema ang paglilipat ng Tenderloin tungo sa Distrito 5. Maaaring masiyahan ang ilang miyembro ng publiko sa paliwanag na ito pero sa aking paniniwala, hindi na ito umangat sa antas na karapat-dapat ang publiko.

Sa mga linggo simula nang maipasa ang mapa, may mga kuwento na akong napakinggan ukol sa hirap na nalikha ng pagkakahiwalay ng Tenderloin at ng Central SOMA, na matitibay na komunidad. Malalim na hiwa ito, na lubos naman sanang maiiwasan, sa pinakapuso ng komunidad, na kahit papaano ay makakayanan ito. Tunay akong umaasa na ang nalikhang mga dibisyon ng mapa na ito sa Lungsod ay magiging panawagan ng pagkilos para sa mga komunidad, at sa gayon ay makipag-ugnay sila sa kabilang bahagi ng linya ng mga Superbisoryal na distrito, para sa kanilang pag-aadbokasiya at pagpapalakas sa mga komunidad.

Pahayag mula kay Miyembro Raynell Cooper

Marami akong natutunan ukol sa Lungsod at sa County, marami akong natutunan ukol sa sarili, at lubos kong ikinararangal ang aking pagseserbisyo sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito. Gayon pa man, hindi ko maitatanggi na proseso itong lubusang nakapanghihina ng loob. Bilang indibidwal na gumigising araw-araw at sinusubukang gumawa ng tama para sa mga mamamayan ng San Francisco, ang pagsilip na ito sa likod ng kurtina ay nagtulak sa akin na magtanong, kahit man lamang sa isang sandali, kung talaga nga bang pinag-iisipan ito ng mga nasa kapangyarihan. Marahil ay wala kong muwang para isipin na nasa parehong pahina, o pareho ang iniisip ng aking mga kasamahan at karamihan sa publiko ukol sa pagiging sagrado ng proseso. Marahil ay dapat naging handa ako sa panggigipit ng mga politiko at sa pagboto ng mga miyembro ng Task Force nang tumutugon sa panggigipit na ito. Gayon pa man, ang totoo'y hindi ko dapat kinailangang maging handa. Utang natin sa Lungsod at County ng San Francisco na magpatakbo ng proseso kung saan mayroon silang pananampalataya, anuman ang kahihinatnan, at nabigo tayong gawin ito.

Gusto kong maglaan ng sandali upang pasalamatan ang mga kawani ng opisina ng Clerk, lalo na ang aming pangunahing clerk, na si Mr. John Carroll. Maaari sanang nagawa ni John Carroll –at malamang na dapat sanang ginawa niya – na hayaan na lamang kaming mabulok sa anumang punto ng prosesong ito. Mula sa hirap ng pag-iiskedyul sa panahon ng palaging nagbabagong pandemya hanggang sa sunod-sunod na mahahabang pulong, hanggang sa pakikitungo sa pinagsama-samang kung sino-sino na bumubuo sa Task Force, uliran siya ng propesyonalismo at kinatawan niya ang pinakamahusay na maihahandog ng gobyerno ng San Francisco. Bagamat dumaraan sa hindi kapani-paniwala sa hirap na mga sitwasyon, nagawa niyang magtakda ng lubhang mataas na pamantayan para sa ating nagtatrabaho para sa Lungsod at County. Gusto ko ring pasalamatan ang mga nasa Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs (Opisina para sa Sibikong Pakikilahok at Mga Usaping Nauukol sa Migrante) na tumulong sa pagsasalin sa karamihan sa aming mga pulong, ang mga kawani ng City Hall at ng mga eleksyon na sinuportahan ang aming harap-harapang mga pulong, at lahat ng iba pang nasa likuran na ginawa ang pinakamahusay nilang magagawa upang gumana ang prosesong ito.

Matapos ang buwan na ito, iniisip kong malamang na hindi mababasa ang liham na ito sa loob ng siyam na taon, na tulad ng inilalagay sa pinakahindi interesanteng time capsule (sisidlan ng karaniwang bagay ng kasalukuyang panahon, na may intensiyong mabuksan sa hinaharap) ng mundo. Sakaling maganap muli ang prosesong ito sa unang mga taon ng dekada 2030 sa ilalim ng pareho pa ring patakaran, alam ko na muling tutugon ang mga kawani sa panawagan na maglingkod sa pamamagitan ng tapat at propesyonal na gawain. Alam kong muling mag-oorganisa ang publiko at lalaban para sa inaakala nilang pinakamabuti para sa komunidad na ito. Sana ay masasabi ko nang may katiyakan na ang Task Force sa susunod na dekada ay makatutugon sa hinihingi ng okasyon.

Pahayag mula kay Miyembro Raynell Cooper

Bagamat maaaring pagsimulan, kung susundin, ang mga rekomendasyong nilalaman ng ulat na ito sa muling pagbubuo ng tiwala sa proseso at ng tiwala sa Lungsod, nasa siyam na miyembro ng susunod na Task Force ang pagpapanagot sa kanilang mga sarili sa Tsarter at sa mga mamamayan, at ang hindi pagpayag na maimpluwensiyahan sila ng mga tagalabas na puwersa na pansariling interes lamang ang nasa isip ukol sa dapat maging hitsura ng mga distrito. Sa kasamaang palad, mangangailangan ng napakalalaking pagbabago sa proseso ng pagpili ng Task Force, mga itinatakda ng Tsarter, at sa batayang pag-asal sa politika sa Lungsod na ito, upang makagawa ng muling pagdidistrito sa paraan kung saan hindi dehado ang mga tinig ng publiko at ng mga miyembro na gustong tapat na pakinggan ang mga boses na ito at lumikha ng mapa na pinakamabuti para sa Lungsod. Sana ay mapagpapayuhan ko, nang malinis ang hangarin, ang mga burukratang may sibikong pag-iisip na lumahok sa muling pagdidistrito. Sa papel, ito na sana ang eksaktong bagay na ikatutuwa, at mahusay na magagawa, ng indibidwal na tulad ko. Gayon pa man, wala nang natitira sa akin kundi ang gawin ang lahat ng nasa kapangyarihan ko upang matiyak na hindi na sila masangkot pa sa kaguluhang ito at iwan na lamang ito sa mga indibidwal na mas mahusay na mahahawakan ang nauukol sa basurang radioactive, halos sigurado na akong patuloy na maaakpektuhan ang prosesong ito sa pagdaan ng mga dekada.

Hangad ko ang pinakamabuti para sa inyo,

Raynell Cooper

SAN FRANCISCO 2022
REDISTRICTING

Pahayag ng Miyembro sa Pinal na Ulat

Inakda ni Miyembro José María “Chema” Hernández Gil
Pinirmahan din nina Miyembro Michelle Pierce at Jeremy Lee
Mayo 11, 2022

Talaan ng mga Nilalaman

Talaan ng mga Nilalaman **2**

Introduksiyon **3**

Proseso **3**

Mga Pampublikong Pulong 3

Tinatrabaho pang Borador (Working Draft) at Draft o Borador ng mga Pinal na Mapa 4

Pag-abot sa Mas Nakararami at Pamamaraang Makagamit ng Wika 4

Mga Pamantayan sa Batas 4

Communities of Interest (Mga Tinututukang Komunidad) 5

Federal Voting Rights Act (Pederal na Batas ukol sa mga Karapatan sa Pagboto) 5

Variations, o pagkakaiba sa karaniwan, sa Populasyon 5

Pag-aayon ng mga Linya **6**

Distrito Uno 6

Distrito Dos 8

Distrito Tres 9

Distrito Singko 12

Distrito Sais 14

Distrito Siyete 16

Distrito Otso 16

Distrito Nuwebe 17

Distrito Diyes 18

Distrito Onse 19

Konklusyon

Pasasalamat **21**

Pagwawasto sa mga Pagkakamali **21**

Mga Kalakip **22**

Introduksiyon

Ang pinal na mapa para sa muling pagdidistrito, na ipinasa ng 2022 Task Force para sa Muling Pagdidistrito ("RDTF") sa pamamagitan ng hating boto na lima sa apat noong Abril 28, 2022[1], ang resulta ng may lamat at hindi mahusay na napamahalaang proseso ng muling pagdidistrito. Hindi maisaad nang buong katapatan ng may-akda ng pahayag na ito na ang pinal na aprubadong mapa ay sumusunod sa lahat ng itinatakda ng batas.

Ilan sa naranasang pagkabigo ay dahil sa COVID-19 na pandemya o sa kakulangan ng sapat na pondo, pero bigo ang mga pagdadahilan na ito na maipalawanag ang mas batayang mga pagkabigo sa proseso ng paggawa ng mga desisyon ng RDTF. Hinahati ("binibiyak") nang hindi kinakailangan ng pinal na mapa ang maraming walang kapangyarihan na communities of interest (tinututukang komunidad) na binubuo ng mga populasyong bulnerable, na dapat sana ay nanatili sa parehong distrito para sa layunin ng pagkakaroon nila ng makatarungan at epektibong representasyon. Hindi makatarungang sinasalamin ng pinal na mapa ang opinyon ng publiko na natanggap sa mga pampublikong pulong, at hindi rin nito makatarungang sinasalamin ang communities of interest ng San Francisco, na parehong batayang itinatakda ng batas sa proseso ng muling pagdidistrito.

Kung may napag-alaman man na iba pang alternatibo sa pinal na mapang ito na sumusunod sa mga pamantayan, at nasiyasat ang mga ito ng RDTF, ang mahahalagang pag-aayon sa mga linya ng mga distrito sa pinal na aprubadong mapa ay mailalarawan lamang bilang intensiyonal na gerrymandering (pagmamanipula sa mga hangganan para mapaboran ang isang partido, pangkat, o uri).

Proseso

Mga Pampublikong Pulong

Itinatakda ng Tsarter ng San Francisco[2] sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito na gumawa ng mga pag-aayon sa mga linya ng distrito "*ayon sa naaangkop, batay sa pampublikong opinyon sa mga pampublikong pagdinig.*" Nagsagawa ang RDTF ng apatnapu't anim na pampublikong pulong, na may pangkalahatang haba na 234 oras. Nagsagawa ang nakaraang 2012 Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng tatlumpung pampublikong pulong, na may pangkalahatang haba na 100 oras. Hindi nagsagawa ang RDTF na kahit isang pampublikong pulong sa loob ng distrito at nang harap-harapan, bukod sa mga pulong na isinagawa sa City Hall.

[1] Labintatlong araw matapos ang deadline o huling araw, na Abril 15, na itinakda ng tsarter ng ng San Francisco.

[2] https://codelibrary.amlegal.com/codes/san francisco/latest/sf charter/0-0-0-1234

Tinatrabaho pang Borador (Working Draft) at Draft o Borador ng mga Pinal na Mapa

Bagamat naging masigla ang iskedul ng mga pulong, inilabas lamang ng 2022 RDTF ang una nitong tinatrabaho pa/draft (burador) na mapa noong Marso 9, siyam na linggo matapos ilabas ng 2012 Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang una nitong tinatrabaho pa/draft na mapa. Parehong inilabas ang dalawang draft na pinal na mapa ilang araw bago ang huling naka-iskeduyul na pulong ng RDTF, kung kaya't epektibo nitong natanggal ang posibilidad ng maaaksiyunan pa ang opinyon ng publiko. Online o sa pamamagitan ng internet lamang inilabas ang tinatrabaho pa/draft at ang draft na pinal na mapa. Tinutulan nang paulit-ulit ng pamunuan ng RDTF ang pagtatrabaho para sa, o ang paglalabas ng, draft/tinatrabaho pang mapa sa mas maagang panahon.

Pag-abot sa Mas Nakararami at Pamamaraang Makagamit ng Wika

Sa huling mga linggo hanggang sa dulo ng proseso, hindi nagkaroon ang RDTF ng konsultant, na nagpatampok lamang sa katunayan na eksklusibong online ang mayorya ng pag-abot nito sa mas nakararami, na pangunahing ginawa sa pamamagitan ng email, at dahil dito, lalo pang nalimitahan ang pag-abot sa mas nakakarami sa publiko. Sa dalawa o higit pang pampublikong pulong, wastong pinuna ng mga miyembro ng RDTF at ng mga miyembro ng publiko ang kabiguang magkaloob ng sapat na pamamaraan sa paggamit ng wika, kung kaya't napigilan ang kakayahan ng mga hindi nagsasalita ng Ingles na magkaroon ng makabuluhang partisipasyon sa proseso ng muling pagdidistrito.

Mga Pamantayan sa Batas

Hindi kailanman tinalakay ng RDTF kung paano magiging mas makatarungan sa pagpapatupad ng iba't ibang pamantayan na nakabatay sa batas, o kung paano epektibong maoorganisa ang libo-libong komento ng publiko na natanggap. Sa huling linggo lamang natalakay ang pagraranggo ng iba't ibang uri ng pamantayan na nakabatay sa batas, sa pamamagitan ng mas maliit na grupo (subset) ng RDTF (na direktang resulta ng pagdinig ng Election Commission o Komisyon para sa mga Eleksiyon), pero walang pagkakasundo ng lahat na naabot, at hindi kailanman naiangat ang diskusyon sa kabuuan ng RDTF sa pampublikong pulong (tingnan ang kalakip na draft na *Proposed Ranked Statutory Criteria o Mungkahi na Nakaranggo nang mga Pamantayan Batay sa Batas)*. Hindi rin nakagawa ang RDTF ng malinaw na proseso kung paano isasaalang-alang ang hindi nagkakasundong mga opinyon mula sa nagtutunggaliang communities of interest, kung kaya't humantong ito sa arbitraryong mga desisyon ukol sa mga pagbabago sa mga linya ng mga distrito.

Communities of Interes (Mga Tinututukang Komunidad)

Itinatakda ng Tsarter ng San Francisco[3] sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito na salaminin ang communities of interest sa loob ng Lungsod at County ng San Francisco. Hindi kailanman pinagtibay ng RDTF ang pormal na depinisyon ng terminong communities of interest. Bukod rito, hindi kailanman nagkaroon ng mahalagang diskusyon kung paano pakikitunguhan ang communities of interest na itinuturing na "unmappable (hindi namamapa)," at dahil dito, epektibong nabigyan ng prayoridad ang subset (bahagi ng pangkat) ng natanggap na pampublikong opinyon na na-load sa mga sistema ng konsultant sa pagmamapa.

Federal Voting Rights Act (Pederal na Batas ukol sa mga Karapatan sa Pagboto)

Dapat sanang sumunod ang pinal na mapa sa Federal Voting Rights Act, ayon sa pagkakadetalye ng Voting Rights Act, Seksiyon 2 Analysis (Pagsusuri) na memorandum noong Marso 14 ng Office of the City Attorney o Opisina ng Abugado ng Lungsod). Gayon pa man, magmula noong pulong ng Marso 25, sinalungat ang payong ito ng mayorya ng RDTF, at pinaghati-hati ang communities of interest na matatagpuan sa Tenderloin at South of Market batay sa lahi. Walang seryosong argumento na ginawa ang mga miyembro ng RDTF upang matiyak na legal na madedepensahan at tatalima sa VRA ang susunod pang mga mapa. Nanatiling magkakahiwalay ang nauna nang nabanggit na communities of interest sa pinal na mapa.

Variations, o pagkakaiba sa karaniwan, sa Populasyon

Ang variations (pagkakaiba sa karaniwan) sa populasyon sa pagitan ng mga distrito ay dapat limitado sa 1 porsiyento mula sa statistical mean (panggitnang numero sa pangkat ng ng mga estatistiko), maliban na lamang kung pananatilihing hindi ginagalaw, o kinikilala nang neighborhood o komunidad, o upang mapigilan ang pagkakahati o pagkakalusaw ng kapangyarihan ng boto ng mga minoridad. Lumalampas ang pinal na mapa sa 1 porsiyentong limitasyon sa lahat ng labing-isang distrito, maliban na lamang sa isa (ang Distrito 3), habang pinaghiwa-hiwalay ang maraming kinikilala nang komunidad, tulad ng University Mound, Francisco Heights, at Stonestown.

[3] https://codelibrary.amlegal.com/codes/san francisco/latest/sf charter/0-0-0-1234

Pag-aayon ng mga Linya

Distrito Uno

Iniayon ang Distrito 1 upang:

1. **Maisama** ang kabuuan ng kinikilalang mga komunidad ng SF Find ng Mayor's Office of Neighborhood Services (Opisina ng Mayor para sa mga Serbisyo sa Komunidad, MONS), na Sea Cliff at Presidio Terrace, pati na rin ang nasa hilagang bahagi ng Lake Street corridor (rutang nakatalaga para sa tiyak na layunin) na kumokonekta sa dalawang kinikilalang komunidad na ito. (Area One o Lugar Blg 1)
2. **Hindi maisama** ang lugar na nasa hilaga ng Anza Street na nasa 2006 MONS SF Find, na kinikilalang komunidad ng Lone Mountain. (Area Two o Lugar Blg Dalawa)
3. **Hindi maisama** ang lugar na nasa timog ng John F. Kennedy Drive na nasa Golden Gate Park. (Area Three o Lugar Blg Tatlo)

Talakayan ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Uno:

1. Tumanggap ang RDTF na nagtatangguliang opinyon ng publiko tungkol sa pagsasama ng nabanggit nang Area One sa Distrito 1:
    a. Isinaad ng mga residenteng nakatira sa mga lugar na nasa hilaga ng Lake Street na namimili sila, kumakain sa labas, at nagboboluntaryo sa Richmond District at nararamdaman nilang nahati ang kanilang community of interest ng dating mga linya ng mga distrito.
    b. Pakiramdam ng karamihan sa mga residenteng nakatira sa Richmond District na nagbigay ng pampublikong opinyon na malulusaw ang kapangyarihan ng kanilang boto kung idaragdag ang mga lugar na nasa hilaga ng Lake Street sa Distrito 1. Pakiramdam ng marami ay mas may kaugnayan sila sa komunidad ng Anza Vista. Natukoy ng mga residenteng ito ang sarili bilang bulnerableng populasyon ng mga nangungupahan na uring manggagawa, kung saan marami sa kanila ang migrante, o miyembro ng komunidad na may kulay, at hindi nila nararamadaman na ang mga residenteng nakatira sa mga lugar na nasa hilaga ng Lake Streets ay bahagi ng kanilang iba't ibang communities of interest, dahil ang pakiwari nila sa mga ito ay mas mayayaman, at kadalasang may-ari ng bahay.

c. Pinatotohanan ng mapa na Priority Equity Geographies (Mga Binibigyang Prayoridad na Lugar upang Magkaroon ng Katarungan sa Pagkakapantay-pantay)[4] ng SF Planning Department (Departamento ng Pagpaplano) at ng 2016 Areas of Vulnerability (Mga Lugar Kung Saan Higit na Bulnerable ang mga Tao)[5] ng SF Department of Public Health (Departamento ng Pampublikong Kalusugan), na kapwa "*sinusubaybayan ang mga lugar kung saan mas marami ang nakasiksik na bulnerableng mga populasyon... kasama na ang mga indibidwal na may kulay, matatanda, kabataan, indibidwal na may kapansanan, kabahayan na nabubukod nang dahil sa wika, at mga indibidwal na namumuhay sa kahirapan o walang trabaho*." Hindi kasama ang Area One sa mga mapang ito, na nagpapakita na mayroong dalawang malinaw na hindi magkatulad na communities of interest.

d. Nakumpirma rin ang pagiging bulnerable ng huling grupo sa pamamagitan ng pagsusuri na isinagawa ng Urban Displacement Project o Proyekto ukol sa Pagkawala ng Tinitirhang Lugar[6] (na magkasamang proyekto ng University of California - Berkeley at ng University of Toronto), sa pakikipagkolaborasyon sa San Francisco Mayor's Office of Housing and Community Development. Tinutukoy ng pagsusuri ang mahahalagang bahagi ng Richmond District, na nasa timog ng Lake Street, bilang dumaraan sa "Advanced Gentrification (abanteng yugto ng pagpapalit ng katangian ng komunidad dahil sa pagpasok ng mas may pera)" habang nililista ang mga lugar na nasa hilaga ng Lake Street bilang "Stable/Advanced Exclusive (Matatag/Abante na Eksklusibo)." Lalo pang kinukumpirma ng pagsusuri na ito na may dalawa na magkaibang communities of interest.

e. Dahil mayroong alternatibong mga lugar tulad ng Anza Vista na maaaring maisama sa Distrito 1, na siyang tutugon sa iba pang pamantayan sa muling pagdidistrito, at kung saan nakapagsaad na ang mga residente ng Richmond ng kanilang pagkakaroon ng kaugnayan sa panahon ng pagbibigay ng opinyon ng publiko, hindi naniniwala ang awtor ng pahayag na ito na kinakailangang iayon ang linya ng distrito upang maisama ang Area One sa Distrito 1 dahil makatwirang malulusaw nito ang kapangyarihan ng boto ng iba't ibang natukoy na communities of interest, na binubuo ng bulnerableng mga populasyon, sa pamamagitan ng pagbibigay-prayoridad sa kagustuhan ng mas mayaman at mas may katatagan na community of interest.

2. Sa pamamagitan ng hindi pagsasama sa nabanggit nang Area Two, pinaghiwalay ng RDTF ang dalawa o higit pang kinikilalang komunidad:
   a. ang Francisco Heights Civic Association, na nakasulat na tinutulan ng asosasyon at na tinutulan din ng dalawa o higit pang miyembro ng publiko.
   b. Ang kinilala ng 2006 MONS SF Find na komunidad ng Lone Mountain.
   c. Wala o kaunti lamang ang natanggap na opinyon ng publiko sa pampublikong pulong na nagbigay ng katwiran sa pag-aayon o paghihiwalay sa mga kinikilalang komunidad na ito.

---

[4] https://sfhousingelement.org/priority-equity-geographies, na kalakip din.

[5] https://data.sfgov.org/Geographic-Locations-and-Boundaries/Areas-of-Vulnerability-2016/kc4r-y88d

[6] https://www.urbandisplacement.org/maps/sf-bay-area-gentrification-and-displacement/

   d. Sa pamamagitan ng pagpapasya na paghiwalayin ang kinikilalang mga komunidad na ito, naniniwala ang awtor ng pahayag na ito na limitado ang RDTF sa 1 porsiyento mula sa statistical mean (panggitnang numero sa pangkat ng ng mga estatistiko) ng population variation (pagkakaiba sa datos ukol sa mga populasyon).
3. Sa pamamagitan ng hindi pagsasama sa Area Three, hiniwalay ng RDTF ang Golden Gate Park, na isa ring 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad. Sa pamamagitan ng pagpapasya na paghiwalayin ang kinikilalang mga komunidad na ito, naniniwala ang awtor ng pahayag na ito na limitado ang RDTF sa 1 porsiyento mula sa statistical mean ng population variation para sa Distrito 1.

Distrito Dos

Iniayon ang Distrito 2 upang:

1. **Hindi maisama** ang kabuuan ng kinikilalang mga komunidad ng SF Find ng Mayor's Office of Neighborhood Services (MONS), na Sea Cliff at Presidio Terrace, pati na rin ang hilagang bahagi ng Lake Street na kumokonekta sa mga ito. (Area One)
2. **Maisama** ang lugar na nasa hilaga ng Anza Street na nasa 2006 MONS SF Find, na kinikilalang komunidad ng Lone Mountain. (Area Two)
3. **Maisama** ang lugar na nasa timog ng Turk Blvd at kanluran ng Broderick St na nasa 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Western Addition, maliban na lamang ang bloke na may hangganan sa Baker, Golden Gate, Broderick, at McAllister. (Area Three)
4. **Maisama** ang karamihan sa 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Cathedral Hill, maliban na lamang sa Jefferson Square Park. (Area Four)
5. **Hindi maisama** ang karamihan sa 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Russian Hill, maliban na lamang sa lugar na nasa hilaga ng Chestnut St at nasa kanluran ng Hyde St. (Area Five)

Diskusyon ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Dos.

1. Tinalakay ang Area One at Area Two sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Uno.
2. Tinalakay ang Area Three at Area Four sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Singko.
3. Tinalakay ang Area Five sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Tres.

Distrito Tres

Iniayon ang mga linya ng Distrito 3 upang:

1. **Maisama** ang karamihan sa 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Russian Hill, maliban na lamang sa lugar na nasa hilaga ng Chestnut St at nasa kanluran ng Hyde St. (Area One)
2. **Maisama** ang mga lugar na nasa hilaga ng Geary Street sa pagitan ng Van Ness, at nasa kanluran ng Leavenworth at ng kaisa-isang bloke na nasa timog ng Eddy St at nasa hilaga ng Market St (Area Two)

Diskusyon ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Tres:

1. Tumanggap ang RDTF na nagtatangguliang opinyon ng publiko tungkol sa pagsasama ng nabanggit nang Area One:
    a. Nahati ang Russian Hill sa nakaraang mapa ng mga distrito. Ginawa ng mga may panukala ng D3 United Map (Pinag-isang Mapa) ang argumento na ang kompletong Russian Hill, na kasama ang lahat ng iba pang komunidad sa D3, ay iisang community of interest na may pangunahing pagkakaugnay dahil sa turismo.
    b. Ang D3 United Map ay malinaw na pagsubok upang pabalik na mamaniobra ang District 3 sa pamamagitan ng kompletong Russian Hill, habang iniiwasan ang pagkakasama ng Tenderloin sa Distrito 3. Nakompirma ito ng daan-daang liham na natanggap kung saan pangunahing pinagtuunan ang posibilidad ng pagkakasama ng Tenderloin sa Distrto 3, na hindi kailanman seryosong isainaalang-alang ng RDTF.
    c. May malaking bilang ng mga miyembro ng publiko at organisasyon na nagpahayag ng pag-aalala sa pampublikong pulong at sa pamamagitan ng pagsulat, ukol sa pagkalusaw ng lakas ng boto ng mga Tsinong residente na mula sa uring manggagawa sa Chinatown, sa pamamagitan ng pagkakasama ng kompletong Russian Hill sa Distrito 3.
    d. Ang pagkakaroong ng communities of interest na binubuo ng bulnerableng mga populasyon sa Chinatown at North Beach ay pinatototohanan ng Priority Equity Geographies map[7] ng SF Planning Department at ng 2016 Areas of Vulnerability[8] ng SF Department of Public Health, na kapwa "*sinusubaybayan ang mga lugar kung saan mas marami ang nakasiksik na bulnerableng mga populasyon... kasama na ang mga indibidwal na may kulay, matatanda, kabataan, indibidwal na may kapansanan,*

[7] https://sfhousingelement.org/priority-equity-geographies

[8] https://data.sfgov.org/Geographic-Locations-and-Boundaries/Areas-of-Vulnerability-2016/kc4r-y88d

kabahayan na nabubukod nang dahil sa wika, at mga indibidwal na namumuhay sa kahirapan o walang trabaho." Hindi kasama ang Russian Hill sa mga mapa na ito.

e. Nakumpirma rin ang pagiging bulnerable ng iba't ibang communites of interest sa Chinatown at North Beach sa pamamagitan ng pagsusuri na isinagawa ng Urban Displacement Project, na magkasamang proyekto ng University of California - Berkeley at ng University of Toronto), sa pakikipagkolaborasyon sa San Francisco Mayor's Office of Housing and Community Development. Nakalista ang Russian Hill bilang matatag na lugar, o lugar na nagiging eksklusibo na.

f. Nagawa sana ng RDTF na buo ang Russian Hill sa Distrito 2 at naidagdag ang East Cut Community Benefit District (distrito na para sa pakinabang ng komunidad) na nasa South of Market, na may hanggang sa 30% na unit para sa mababa ang kita, at kung saan may nakita nang kaugnayan ang Community Unity Map Coalition (Koalisyon para sa Pagmamapa Batay sa Pagkakaisa ng mga Komunidad). Natugunan sana nito ang lahat ng pamantayan para sa muling pagdidistrito nang hindi nalulusaw ang kapangyarihan ng boto ng iba't ibang communities of interest, na binubuo ng bulnerableng mga populasyon at napanatiling buo ang iba't ibang kinikilalang komunidad.

2. Sinalamin ng pagkakasama ng Area Two sa Distrito 3 ang opinyon ng publiko na natanggap sa mga pampublikong pulong, kasama na ang opinyon na natanggap mula sa Community Unity Map Coalition.

<u>Distrito Kuwatro</u> Iniayon ang mga linya ng Distrito 4 upang:

1. **Maisama** ang mga bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ng Merced Manor at Lakeshore na nasa timog ng Sloat Blvd. (Area One)
2. **Maisama** ang mga lugar na nasa hilaga ng Lincoln Way at nasa timog ng John F. Kennedy Drive sa Golden Gate Park (Area Two)
3. **Hindi maisama** ang lahat ng lugar na nasa silangan ng 19th Ave sa Inner Sunset. (Area Three)

Diskusyon ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Kuwatro:

1. Tumanggap ang RDTF na nagtatangguliang opinyon ng publiko tungkol sa pagsasama ng nabanggit nang Area One sa Distrito 4:
    a. Matibay ang paniniwala ng ilang residente ng Merced Manor at ng Lakeshore na community of interest sila kasama ng mga komunidad na bumubuo sa West of Twin Peaks Central Council (Sentral ng Konseho ng Nasa Kanluran ng Twin Peaks).

b. Pinatototohanan ang kaugnayang ito ng 1937 San Francisco Residential Security Map (Mapa ukol sa Residensiyal na Seguridad)[9].
c. May pakiramdam ang ilang residente ng Merced Manor at Lakeshore na community of interest sila na kasama sa Sunset, partikular na ang komersiyal na mga koridor nito.
d. May pakiramdam ang ilang residente ng Sunset na dapat maisama ang Lowell High School sa Distrito 4.
e. May pakiramdam ang karamihan sa mga residenteng nakatira sa Sunset District na malulusaw ang kapangyarihan ng kanilang boto kung idaragdag ang mga lugar na nasa timog ng Sloat sa Distrito 4. Natukoy ng mga residenteng ito ang sarili bilang bulnerableng mga populasyon ng nangungupahan na uring manggagawa, kung saan marami sa kanila ang pagiging migrante ang pinagmulan, o miyembro ng komunidad na may kulay, at hindi nila nararamadaman na ang mga residenteng nakatira sa mga lugar na nasa timog ng Sloat Blvd ay bahagi ng kanilang iba't ibang communities of interest.
f. Nakumpirma ang pagiging bulnerable ng iba't ibang communites of interest na ito ng Urban Displacement Project[10], na magkasamang proyekto ng University of California - Berkeley at ng University of Toronto), sa pakikipagkolaborasyon sa San Francisco Mayor's Office of Housing and Community Development. Natukoy nito ang mahahalagang bahagi ng Sunset District na sumasailalim sa "Advanced Gentrification" habang nililista ang mga lugar na nasa timog ng Sloat Blvd bilang "Stable Moderate/Mixed Income (Matatag na Katamtaman/Magkahalo ang Kita)."
g. Dahil matutugunan ang iba pang pamantayan sa muling pagdidistrito ng pagsasama ng iba pang lugar sa Distrito 4 (tulad ng mga bahagi ng Inner Sunset, na sinusuportahan ng mga miyembro ng publiko, kasama na ang mga taga-suporta ng Community Unity Map), hindi naniniwala ang awtor ng pahayag na ito na kinakailangang iayon ang mga linya ng distrito upang maisama ang mga lugar na nasa timog ng Sloat Blvd, dahil makatwirang maiisip na malulusaw nito ang kapangyarihan ng boto ng iba't ibang communities of interest na binubuo ng bulnerableng mga populasyon ng Sunset.
h. Pinaghiwalay din ng pag-aayon na ito ang 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ng Lakeshore at Merced Manor, na tinutulan sa harap ng publiko at sa pamamagitan ng pagsulat.

2. Pinaghiwalay ng RDTF ang Golden Gate Park, na isa ring 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad, sa pamamagitan ng pagdaragdag ng nabanggit nang Area Two.
3. Tinalakay ang Area Three sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Siyete.

[9] https://maps.princeton.edu/catalog/stanford-pc204zy5923

[10] https://www.urbandisplacement.org/maps/sf-bay-area-gentrification-and-displacement/

Distrito Singko

Iniayon ang mga linya ng Distrito 5 upang:

1. **Hindi maisama** ang mga lugar na medyo nasa timog ng Frederick St at Lincoln Way, kasama na ang lahat ng lugar na nasa 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ng Inner Sunset, Parnassus Heights, Cole Valley at Ashbury Heights at mga bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Buena Vista, na nasa timog ng Waller St at nasa silangan ng Masonic Ave. (Area One)
2. **Hindi maisama** ang mga lugar ng Golden Gate Park na nasa timog ng Pelosi Dr/MLK Jr Dr at nasa kanluran ng Kezar Dr. (Area Two)
3. **Hindi maisama** ang mga lugar na humigit-kumulang na nasa hilaga ng Market Street at medyo nasa pagitan ng Octavia Ave at Van Ness Avenue, na iba't ibang bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ng Mint Hill, Lower Haight at Civic Center. (Area 3)
4. **Maisama** ang mga lugar na medyo nasa silangan ng Van Ness Avenue, hilaga ng Grove at Market Streets, timog ng Geary Ave, at kanluran ng Mason St, na iba't ibang bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ngTenderloin at Civic Center. (Area Four)
5. **Hindi maisama** ang lugar na nasa timog ng Turk Blvd at kanluran ng Broderick St na nasa 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Western Addition, maliban na lamang ang blokeng may hangganan sa Baker, Golden Gate, Broderick, at McAllister. (Area Five)
6. **Hindi maisama** ang karamihan sa 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Cathedral Hill, maliban na lamang sa Jefferson Square Park. (Area Six)

Diskusyon ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Singko:

1. Tumanggap ang RDTF ng nagtatangguliang opinyon ng publiko tungkol sa pagsasama ng nabanggit nang Area One sa Distrito 5:
    a. Hinati ang 2006 na MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Inner Sunset sa nakaraang mapa ng distrito.
    b. Ang pakiramdam ng ilang residenteng nakatira sa timog na bahagi ng Inner Sunset at timog na bahagi ng sentral na bahagi ng komunidad ay bumubuo sila ng community of interest.
    c. Isinaad ng karamihan sa mga residente ng Inner Sunset na mayroon silang pagkakaugnay sa Sunset o sa mga komunidad na nakapaligid sa Haight. Itinuturing ng mga residenteng ito ang sarili bilang bulnerableng mga populasyon ng mga nangungupahan na mula sa uring manggagawa, kung saan marami ay

may pinagmulang migrante o miyembro ng mga komunidad na may kulay.

d. Nakumpirma ang pagiging bulnerable ng iba't ibang communites of interest na ito ng Urban Displacement Project[11], na magkasamang proyekto ng University of California - Berkeley at ng University of Toronto), sa pakikipagkolaborasyon sa San Francisco Mayor's Office of Housing and Community Development. Natukoy nito ang malalaking bahagi ng Inner Sunset bilang sumasailalim sa "Abanteng Gentrification" habang inilista naman ang mga lugar na nasa timog ng Parnassus Ave at 17th St bilang "Stable/Advanced Exclusive (Matatag/Abante na Eksklusibo)."

e. Hindi makatarungang nasasalamin ng pag-aayon na ito ang opinyon ng publiko. Natugunan sana ng lahat ng iba pang mungkahing pang-aayon ang pamantayan para sa muling pagdidistrito nang hindi nalulusaw ang kapangyarihan ng boto ng iba't ibang communities of interest na binubuo ng bulnerableng mga populasyon at napanatiling buo ang iba't ibang kinikilalang komunidad.

2. Patuloy na pinaghiwa-hiwalay ng RDTF ang Golden Gate Park, na isa ring 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad, sa pamamagitan ng hindi pagsasama ng nabanggit nang Area Two.
3. Pinaghiwa-hiwalay ng RDTF ang iba't ibang kinikilalang komunidad, kasama na ang 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ng Lower Haight at Civic Center, sa pamamagitan ng hindi pagsasama sa nabanggit nang Area Three. Hindi sinalamin ng mga pag-aayon ang anumang opinyon ng publiko na natanggap sa pampublikong pulong o sa pamamagitan ng email.
4. Tinalakay ang Area Four sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Sais.
5. Medyo sinasalamin ng mga pag-aayong ginawa sa Area Five at sa Area Six ang opinyong natanggap mula sa maliit na bilang ng mga miyembro ng publiko sa pamamagitan ng email na dinirekta sila sa walang pangalang website[12], kung saan may mungkahing mapa ng Distrito 5.
    a. Ang pagkakaroong ng communities of interest na binubuo ng bulnerableng mga populasyon sa mga lugar na ito ay pinatototohanan ng Priority Equity Geographies map[13] ng SF Planning Department at ng 2016 Areas of Vulnerability[14] ng SF Department of Public Health, na kapwa "*sinusubaybayan ang mga lugar kung saan mas marami ang nakasiksik na bulnerableng mga populasyon... kasama na ang mga indibidwal na may kulay, matatanda, kabataan, indibidwal na may kapansanan, kabahayan na nabubukod nang dahil sa wika, at mga indibidwal na namumuhay sa kahirapan o walang trabaho*." Hindi kasama ang mga komunidad na nasa hilaga ng mga lugar na ito.

---

[11] https://www.urbandisplacement.org/maps/sf-bay-area-gentrification-and-displacement/

[12] https://sf-redistrict-proposal.webflow.io/

[13] https://sfhousingelement.org/priority-equity-geographies

[14] https://data.sfgov.org/Geographic-Locations-and-Boundaries/Areas-of-Vulnerability-2016/kc4r-y88d

b. Nakumpirma ang pagiging bulnerable ng mga populasyong nakatira sa mga lugar na ito sa pagsusuring ginawa ng Urban Displacement Project[15], na magkasamang proyekto ng University of California - Berkeley at ng University of Toronto, sa pakikipagkolaborasyon sa San Francisco Mayor's Office of Housing and Community Development. Tinutukoy nito ang malalaking bahagi ng mga lugar na ito na dumaranas ng "Abanteng Gentrification," habang nililista ang mga lugar na nasa hilaga ng mga ito bilang matatag o eksklusibo.
c. Nilusaw ng mga pag-aayong ito ang kapangyarihan ng boto ng iba't ibang communities of interest na binubuo ng mga bulnerableng populasyon sa mga lugar na ito.

Distrito Sais

Iniayon ang mga linya ng Distrito 6 upang:

1. **Maisama** ang mga lugar na humigit-kumulang na nasa hilaga ng Market Street at medyo nasa pagitan ng Octavia Ave at Van Ness Avenue, na iba't ibang bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ng Mint Hill, Lower Haight, at Civic Center. (Area One)
2. **Hindi maisama** ang mga lugar na medyo nasa silangan ng Van Ness Avenue, hilaga ng Grove at Market Streets, timog ng Geary Ave at kanluran ng Mason St, na iba't ibang bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ngTenderloin at Civic Center. (Area Two)
3. **Maisama** ang lugar na nasa natitirang mga bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Showplace Square. (Area Three)

Diskusyon ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Sais:

1. Tinalakay ang Area One sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Singko.
2. Ang mga pag-aayon sa Area Two ang pinakapinagtalunan ang pinakamahalagang pag-aayon na ginawa ng RDTF.
    a. Ayon sa narinig sa mga komento ng publiko sa pampublikong pulong at sa pamamagitan ng email sa RDTF ng daan-daang miyembro ng publiko, pinaghiwa-hiwalay ng pag-aayong ito ang maraming commnities of interest na binubuo ng bulnerableng mga populasyon na dapat sanang napanatili sa parehong distrito para

[15] https://www.urbandisplacement.org/maps/sf-bay-area-gentrification-and-displacement/

sa layunin ng pagkakaroon nila ng makatarungan at epektibong representasyon, kasama na ang mga sumusunod, ngunit hindi nalilimitahan sa mga ito:

i. Mga nangungupahang Filipino na mula sa uring manggagawa. Nakatira ang humigit-kumulang 30% ng community of interest na ito sa Tenderloin, at ang natitirang bahagi sa South of Market.

ii. Mga nangungupahang Latino na mula sa uring manggagawa, kung saan marami ang essential workers (nagtatrabaho sa industriyang mahalaga sa pagpapatuloy ng kritikal na mga gawain) at kasama ang malaking bilang ng mga indibidwal na may ninunong Katutubo. Humigit-kumulang kalahati ng community of interest na ito ang nakatira sa Tenderloin at kalahati ang nakatira sa South of Market.

iii. Ang komunidad ng mga LGBTQ, kung saan wala sa proporsiyong naaapektuhan ang transgender na komunidad.

iv. Mga nangungupahang mula sa uring manggagawa na iba't iba ang pinagmulan, kasama na ang mga Asyano at Arabo, at kasama ang daan-daang pamilya.

v. Mga manggagawa sa mga industriyang nagbibigay-serbisyo, kasama na ang mga miyembro ng SEIU Lokal 87 at UNITE Here Lokal 2, na nagtatrabaho sa mga pang-opisinang gusali at hotel na nasa South of Market, at nakatira at nag-oorganisa sa Tenderloin.

vi. Mga miyembro ng IFPTE Lokal 21, na nagtatrabaho sa loob at sa paligid ng Civic Center at nag-oorganisa sa South of Market.

b. Pianghiwa-hiwalay din ng pag-aayon ang Transgender Cultural District (Pangkulturang Distrito ng mga Transgender), pero nagawang manatili na halos buo ang iba't ibang Community Benefit Districts.

c. May isa o higit pang sumusunod sa patakaran na alternatibong siniyasat, kung saan pinanatiling buo ang communities of interest na ito. Sa alternatibong ito, inilipat ang East Cut Community Benefit District, na mayroong 30% unit na mababa ang kita, palabas sa Distrito 6, at papunta sa Distrito 3. Nagsalita nang pabor sa pag-aayon na ito ang iba't ibang residente ng East Cut (kasama na ang awtor ng pahayag na ito), pati na rin ang mga tagasuporta ng Community Unit Map (Mapa Batay sa Pagkakaisa ng mga Komunidad). Natugunan sana nito ang lahat ng pamantayan para sa muling pagdidistrito nang hindi nalulusaw ang kapangyarihan ng boto ng iba't ibang communities of interest, na binubuo ng bulnerableng mga populasyon at napanatiling buo ang iba't ibang kinikilalang komunidad.

3. Tinalakay ang Area Three sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Diyes.

Distrito Siyete

Iniayon ang mga linya ng Distrito 7 upang:

1. **Maisama** ang mga lugar na medyo nasa timog ng Lincoln Way, kasama na ang lahat ng lugar na nasa 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Inner Sunset at mga bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Parnassus Heights. (Area One)
2. **Maisama** ang mga lugar ng Golden Gate Park na nasa timog ng Pelosi Dr/MLK Jr Dr at nasa kanluran ng Kezar Dr. (Area Two)
3. **Maisama** ang lahat ng lugar na nasa silangan ng 19th Ave sa Inner Sunset. (Area Three)
4. **Hindi maisama** ang mga bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ng Merced Manor at Lakeshore na nasa timog ng Sloat Blvd. (Area Four)
5. **Hindi maisama** ang lahat ng bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ng Oceanview at Ingleside na nasa timog ng Ocean Ave at nasa silangan ng Ashtor Ave. (Area Five)

Diskusyon ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Siyete:

1. Tinalakay ang Area One sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Singko.
2. Tinalakay ang Area Two sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Singko.
3. Maihahambing ang Area Three sa mga diskusyon ng Area Two sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Singko.
4. Tinalakay ang Area Four sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Kuwatro.
5. Sinalamin ng hindi pagkakasama sa Area Five ang opinyon ng publiko na natanggap sa pampublikong pulong, kasama na ang opinyon na natanggap mula sa iba't ibang communities of interest at sa Community Unity Map Coalition.

Distrito Otso

Iniayon ang mga linya ng Distrito 8 upang:

1. **Maisama** ang mga lugar na medyo nasa timog ng Frederick St, kasama na ang lahat ng lugar na nasa 2006 MONS SF Find na mga kinikilalang komunidad ng Parnassus Heights, Cole Valley, at Ashbury Heights at mga bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang

mga komunidad ng Buenavista na nasa timog ng Waller St at nasa silangan ng Masonic Ave. (Area One)

2. **Maisama** ang isang bloke na nasa hilaga ng Waller at nasa silangan ng Laguna, na bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Mint Hill. (Area Two).
3. **Hindi maisama** ang lugar na nasa kanluran ng Guerrero at nasa pagitan ng Duboce at 24th St. (Area Three).
4. **Hindi maisama** ang lugar na nasa paligid ng Tiffany Street. (Area Four)
5. **Hindi maisama** ang lugar na nasa timog ng San Jose Avenue, na bahagi ng 2006 SF Mons Find, na kinikilalang komunidad ng Mission Terrace (Area Five)

Diskusyon ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Otso:

1. Tinalakay ang Area One sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Singko.
2. Tinalakay ang Area Two sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Singko.
3. Tinalakay ang Area Three sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Nuwebe.
4. Tinalakay ang Area Four sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Nuwebe.
5. Tinalakay ang Area Five sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Onse.

Distrito Nuwebe

Iniayon ang mga linya ng Distrito 9 upang:

1. **Maisama** ang lugar na nasa kanluran ng Guerrero at nasa pagitan ng Duboce at 24th St. (Area One).
2. **Maisama** ang lugar na nasa paligid ng Tiffany Street. (Area Two)
3. **Maisama** ang lugar na nasa silangan ng Potrero Avenue at nasa timog ng Division Street. (Area Three)
4. **Maisama** ang lugar na nasa paligid ng Potrero del Sol Park. (Area Four)
5. **Hindi maisama** ang lugar na nasa kanluran ng Cambridge St, na bahagi ng 2006 SF MONS Find na kinikilalang komunidad ng University Mound. (Area Five)

Diskusyon ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Singko:

1. Sinalamin ng mga pag-aayon sa Area One, na napag-isa ang Valencia Street sa ilalim ng iisang distrito, ang opinyon ng publiko sa mga pampublikong pulong, kasama na ang opinyon na natanggap mula sa iba't ibang communities of interest, sa Valencia Merchants Association (Asosasyon ng mga Negosyante ng Valencia), at sa Community Unity Map Coalition.

Ang pangunahing kagustuhan ay mapag-isa ang Valencia St Corridor community interest sa ilalim ng iisang distrito.

2. Hindi sinalamin ng mga pag-aayon sa Area Two ang anumang malaking bilang ng opinyon ng publiko na natanggap sa pampublikong pulong o sa pamamagitan ng email.
3. Ginawang buo ng mga pag-aayon sa Area Three ang 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng Mission District, at makatarungang sinalamin ang opinyon ng publiko na natanggap sa mga pampublikong pulong, kasama na ang opinyong natanggap mula sa iba't ibang communities of interest at sa Community Unity Map Coalition.
4. Makatarungang sinalamin ng mga pag-aayon sa Area Four ang opinyon ng publiko na natanggap sa mga pampublikong pulong, kasama na ang opinyon na natanggap mula sa iba't ibang communities of interest at sa Community Unity Map Coalition.
5. Hindi sinalamin ng mga pag-aayon sa Area Five ang anumang malalaking bilang ng pampublikong opinyon na natanggap sa mga pampublikong pulong o sa pamamagitan ng email at hinati ang 2006 MONS SF Find na kinikilalang komunidad ng University Mound.

Distrito Diyes

Iniayon ang mga linya ng Distrito 10 upang:

1. **Hindi maisama** ang natitirang mga bahagi ng 2006 MONS SF Find, na kinikilalang komunidad ng Showplace Square. (Area One)
2. **Hindi maisama** ang lugar na nasa silangan ng Potrero Avenue at nasa timog ng Division Street. (Area Two)
3. **Hindi maisama** ang lugar na nasa paligid ng Potrero del Sol Park. (Area Three)
4. **Hindi maisama** ang lugar na nasa timog ng Geneva, na nasa 2006 MONS SF Find, na kinikilalang komunidad ng Crocker Amazon. (Area Four)

Diskusyon ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Diyes:

1. Mahigpit na tinutulan ang mga pag-aayon sa Area One sa pamamagitan ng pagliham at sa mga komento ng publiko sa pampublikong pulong, at isinagawa ito ng maraming iba't ibang communities of interest, partikular na ang mga residente ng Potrero Hill-Dogpatch, pati na rin ng iba pang communities of interest na nasa Bayview-Hunters Point at Visitacion Valley. Walang malaking suporta para pag-aayong ito ng mga miyembro ng publiko at walang kumpirmadong community of interest na nasa District 6.
2. Tinalakay ang Area Two sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Nuwebe.
3. Tinalakay ang Area Three sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Nuwebe.
4. Hindi sinalamin ng mga pag-aayon sa Area Four ang anumang malaking bilang ng opinyon ng publiko na natanggap sa pampublikong pulong o sa pamamagitan ng email.

Distrito Onse

Iniayon ang mga linya ng Distrito 11 upang:

1. **Maisama** ang lahat ng bahagi ng 2006 MONS SF Find na kinikilalang mga komunidad ng Oceanview at Ingleside na nasa timog ng Ocean Ave at nasa silangan ng Ashtor Ave. (Area One)
2. **Maisama** ang lugar na nasa timog ng San Jose Avenue na nasa 2006 MONS SF Find, na kinikilalang komunidad ng Mission Terrace. (Area Two)
3. **Maisama** ang lugar na nasa kanluran ng Cambridge St na bahagi ng 2006 MONS SF Find, na kinikilalang komunidad ng University Mound. (Area Three)
4. **Hindi maisama** ang lugar na nasa timog ng Geneva, na bahagi ng 2006 MONS SF Find, na kinikilalang komunidad ng Crocker Amazon. (Area Four)

Diskusyon ukol sa mga pag-aayon sa Distrito Onse:

1. Tinalakay ang Area One sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Siyete.
2. Sinalamin ng hindi pagkakasama ng Area Two ang opinyon ng publiko na natanggap sa pampublikong pulong, kasama na ang opinyon na natanggap mula sa iba't ibang communities of interest at sa Community Unity Map Coalition.
3. Tinalakay ang Area Three sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Nuwebe.
4. Tinalakay ang Area Four sa ilalim ng mga pag-aayon sa Distrito Diyes.

Konklusyon

Pangunahin sa lahat ang pagiging politikal na proseso ng muling pagdidistrito. Proseso itong napasisimulan kapag ipinapakita ng tuwing sampung taon na census na nakompromiso na ang makatarungan at epektibong politikal na pagkatawan sa mga residente nang dahil sa hindi pantay na pag-iiba-iba sa populasyon. Naunawaan ng nakaraang mga Task Force para sa Muling Pagdidistrito na hindi zero-sum game (ang panalo ng isa ay katumbas ng pagkatalo ng iba) ang pagtatrabaho tungo sa makatarungan at epektibong pagkatawan sa lahat ng taga-San Francisco, kung saan may ilang komunidad na dapat manalo at may iba namang matatalo.

Kinikilala ng Konstitusyon ng California ang mga pamantayan sa pamumuhay at oportunidad sa trabaho bilang lehitimong mga halimbawa ng mga interes na maaaring gamitin ng communities of interest upang mabigyang ng depinisyon ang kanilang mga sarili. Gayon pa man, tinawag ng ilang miyembro ng RDTF na klasista o xenophobic (takot o pagkasuklam sa dayuhan) ang makatwirang mga inaalala ng mga nangungupahan at uring manggagawa na communities interest ukol sa paghihiwa-hiwalay sa kanila at sa pagkakasama sa mas mayayaman at mas matatatag na communities of interest, at palaging isinantabi ang mga inaalalang ito, na siyang ipinapakita ng mga pinal na pag-aayon sa mga linya ng mga distrito.

Ang kawalan ng kagustuhang ito na makatarungang salaminin ang uring manggagawa na communities of interest ng San Francisco, ang siyang humantong sa paggawa sa dulo ng pinal na mapa bilang may kinikilingang mapa. Hinahati nang hindi kinakailangan ng pinal na mapa ang maraming naisasantabi at walang kapangyarihang communities of interest na binubuo ng mga populasyong bulnerable, na dapat sana ay nanatili sa parehong distrito para sa layunin ng pagkakaroon nila ng makatarungan at epektibong representasyon. Mababawasan ang kanilang representasyon sa City Hall sa susunod na dekada habang mapalalakas naman ang boses ng mas matatatag na communities of interest. Binigo ng RDTF ang mga residente ng San Francisco sa pinakabatayang responsibilidad nito.

Ipinapakita ng prosesong ito ang agarang pangangailangan sa pagreporma sa proseso ng muling pagdidistrito. Lubos na ineendoso ng awtor ng pahayag na ito ang magkasamang sulat sa RDTF ng League of Women Voters of San Francisco (Liga ng Botanteng Kababaihan ng San Francisco), Asian Americans Advancing Justice - Asian Law Caucus (Mga Asyano Amerikong Nagsusulong sa Katarungan - Pulong ng mga Asyano ukol sa Batas) at ng California Common Cause (Magkaparehong Layon sa Califonia). May kopyang nakalakip sa pahayag na ito.

Pasasalamat

Gustong magpasalamat ng awtor ng pahayag na ito sa/kina Department of Elections; John Carroll, Joe Adkins, Wilson Ng, John Tse, Alicia Somera, Eileen McHugh, at Madam Clerk Angela Calvillo mula sa Office of the Clerk of the Board of Supervisors (Opisina ng Klerk ng Lupon ng mga Superbisor); Andrew Shen, Ana Flores, at Gus Guibert mula sa Office of the City Attorney (Opisina ng Abugado); Agnes Li, Arturo Castenza, at kay Raymond Borres mula sa Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs (Opisina para sa Sibikong Pakikilahok at Mga Usaping Nauukol sa Migrante); Jamie Clark, Karin Mac Donald, Seth Neil muka sa Q2 Data and Research LLC; lahat ng iba pang kawani ng Lungsod para sa lahat ng kanilang suporta; sa libo-libong taga-San Francisco na lumahok sa prosesong ito; at kay Luna, ang ika-10 miyembro ng 2022 San Francisco Task Force para sa Muling Pagdidistrito.



Pagwawasto sa mga Pagkakamali

Anumang pagkakamali ay kasalanan ng awtor ng pahayag na ito. Ipapaskil ang anumang koreksiyon o pinakabagong impormasyon na nauukol sa pahayag na ito ng miyembro, nang batay sa pangangailangan, sa sumusunod na pahina:

https://docs.google.com/document/d/1KYBFBrKgkBqHz2scZaMDG0ojqmh5pDZTY2ikJumaAI4/edit?usp=sharing

Mga Kalakip

A. Mungkahi na Nakaranggong Pamantayan Batay sa Batas (draft o borador)
B. SF Planning Priority Equity Geographies Map (Mapa ng mga Lugar ng Nagbibigay ng Prayoridad sa Pagkakapantay-pantay para sa Pagpaplano sa SF), na nakabatay sa Areas of Vulnerability (Mga Lugar na Natukoy na Bulnerable ng Department of Public Health (Departamento ng Pampublikong Kalusugan)
C. *Mga rekomendasyon para maisama sa pinal na ulat ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito*. Liham na may petsang May 6 mula sa League of Women Voters of San Francisco (Liga ng Kababaihang Botante ng San Francisco), Asian Americans Advancing Justice - Asian Law Caucus (Mga Asyano Amerikanong Nagsusulong sa Katarungan - (Pulong ng mga Asyano ukol sa Batas) at ng California Common Cause (Magkaparehong Layon sa Califonia) sa 2022 Task Force para sa Muling Pagdidistrito.

Mungkahi na Nakaranggong Pamantayan Batay sa Batas

Batay sa CRC 2020 Playbook (Mga Stratehiya), nakalista ang mga sumusunod na pamantayan batay sa pagiging prayoridad. Kasama sa ilan ang kaugnay pero hindi nakabatay sa batas na isinasaalang-alang. Maaari lamang ipatupad ang pamantayan na mababa ang prayoridad sa hangganan na hindi sumasalungat ang mga ito sa pamantayan na mataas ang prayoridad.

A. **Pantay na Populasyon:** Limitado sa +/- 1% population variation (pagkakaiba sa datos ukol sa populasyon) sa pagitan ng mga distrito, maliban na lamang kung para maiwasan ang paghahati o paglulusaw sa kapangyarihan ng boto ng mga minoridad, o upang mapanatiling buo ang kinikilalang mga komunidad, kung saan, magiging +/- ang population variation sa pagitan ng mga distrito.

B. **Pagsunod sa VRA:** Tugunan ang lahat ng itinatakda ng Seksiyon 2:

C. **Contiguity o Pagiging Magkatabi:** Lubusang ipatupad, nang may naaangkop na pagsasaalang-alang sa mga isla at permanenteng tawiran sa tubig.

D. **Communities of Interes (Mga Tinututukang Komunidad)**

a) Itinatakda ng batas na iayon ang mga linya upang masalamin ang communities of interest.

b) Hindi kasama sa depinisyon ng communities of interest ang anumang pagsaalang-alang sa relasyon sa mga politikal na partido, nanunungkulan, o politikal na kandidato.

2. Lalo pang ipatupad ang hindi batay sa batas na isinasaalang-alang na mga ito sa opinyon ng mga COI:

a) Kapag may hindi pagkakasundo sa mga isinumite ng COI, bigyan ng higit na timbang sa pangkalahatan iyong:

(1) Tumutulong sa pagtugon sa iba pang batay sa batas na pamantayan, lalo na iyong mas mataas ang ranggo

(2) Mukhang kumakatawan sa mas malaking bahagi ng komunidad

(3) Mas malapit na nakatutugon sa batay sa batas na depinisyon ng COI

(4) Ibinigay ng indibidwal na matatagpuan sa COI na ito

b) Kung hindi malinaw o hindi pare-pareho ang nilalaman ng isinumiteng indibidwal na COI na opinyon, bigyan ng higit na timbang sa pangkalahatan ang bahagi ng indibidwal na isinumite na mas malinaw, espesipiko, at sentral.

c) Bigyan ng nararapat ngunit maingat na isinasaalang-alang na timbang ang ibinigay ng COI na opinyon kung ihahambing sa opisyal na mga resolusyon ng halal na mga pangakat.

d) Bigyan ng nararapat ngunit maingat na isinasaalang-alang na timbang ang opinyon ng mga organisasyon; maging malay kung ano ang kinakatawan at hindi kinakatawan ng organisasyon, at maging malay kung paano nito tunay na kinatakatawan ang lokal (o hindi kinakatawan)

e) Naaangkop na isaalang-alang ang mga COI na kilala sa mga Miyembro ng Task Force sa pamamagitan ng datos o iba pang may dokumentasyong ebidensiya kahit na hindi nagsumite ang mga komunidad na ito ng opinyon ng COI.

f) Mahirap timbangin ang dami ng opinyon ukol sa natukoy na COI; pantulong ang isinumite ng mga COI upang matukoy at mabigyan ng depinisyon ang mga COI; dahil dito, kailangang tunay na isaalang-alang ang bilang (kung marami

o kaunti) pero hindi dapat ito ang mapagpasya

g) Sa mga kaso ng dalawa o higit pang isinumiteng opinyon ng COI na malaki ang pagkakahawig, at mukhang "may iskrip," gawan ng ebalwasyon sa pangkalahatan ang COI batay sa mabubuting katangian nito, isipin ang nasa itaas na dapat isaalang-alang ukol sa bilang ng mga opinyon; huwag isantabi ang gayong opinyon nang dahil lamang mukhang "may iskrip"

h) Maging bukas sa mga paraan kung saan posibleng magkaroon pa rin ang rehiyong "heterogenous o may iba't ibang katangian" ng "magkakaparehong panlipunan at pang-ekonomiyang interes"

i) Isaalang-alang ang opinyon ng COI na may balangkas na nakabatay sa lahi sa konteksto ng lahat ng iba pang tradisyonal na pamantayan sa muling pagdidistrito, at nang sa gayon, hindi kailaman natatangi o namamayaning factor o salik ang lahi (maliban na lamang kung kinakailangan para sa pagsunod sa VRA)

j) Magbigay ng naaangkop na pag-iingat at pagsasaalang-alang sa mga posibilidad ng palihim na motibasyon at pinagmumulan ng opinyon ng COI; maaaring siyasatin o hindi pansinin ang opinyon kung saan kaduda-duda ang mga katunayan; gumamit ng kritikal na pananaw upang mapaglimi ang mga pagsubok na i-reverse engineer (maniobrahin ang paglikha) ang mga distrito; palaging humanap ng aktuwal na ebidensiya.

k) Kung hindi sapat ang testimonya lamang upang lubos na mabigyang depinisyon ang natukoy na COI, maaaring makatulong ang paghahanap ng kasalukuyan at totoong datos ukol sa demograpiya, ekonomiya, kasaysayan, paggamit ng lupa, at iba pang datos (halimbawa, sa pamamagitan ng mga ulat na sinulat ng lokal na mga komunidad ukol sa sarili nilang mga usapin).

E. ***Recognized Neighborhoods o Mga Kinikilalang Komunidad***[1]

F. **Pagiging Compact (malalapit sa isa't isa ang mga nakatira):** Huwag lampasan ang malalapit na lugar ng populasyon para sa mas malalayong populasyon

G. **Eksklusyon o Hindi Pagsasama:**

1. Hindi namin isasaalang-alang ang tinitirhang lugar ng sinumang may katungkulan o kandidato
2. Hindi kami guguhit ng anumang distrito nang may intensiyon na paboran o hindi paboran ang sinumang may katungkulan, kandidato, o partido

Ilang Mungkahi na Pangkalahatang Prinsipyo:

A. Gawan ng dokumentasyon ang lahat ng desisyon at ang mga dahilan para sa mga ito, kasama na ang bahagi ng serye ng mga desisyon.
B. Konsultahin ang pinakabago na makukuhang datos, at tandaan na isang dekada ang mga mapang 2012.
C. "Share the Gain & Pain (Paghatian ang Makakamit at ang Sakit)" — ikalat ang kawalan at pakinabang sa mga desisyon sa pagmamapa, halimbawa, kung kailangang hatiin ang komunidad sa isang plano, isaalang-alang ang pananatiling buo nito sa iba pang plano
D. Kailangang sulitin ng mga distrito ang oportunidad ng mga botante na maghalal ng mga kinatawan na kanila mismong pinipili.
E. Tandaan: Hindi lahat ng COI ay may magkakapantay na antas ng oportunidad sa paghahalal ng mga kinatawan na kanila mismong pinipili dahil sa mga pagkakaiba sa yaman, kita, natamong edukasyon, at iba pa.

[1]Tatalakayin sa pulong ngayong araw na ito ang aktuwal na ranggo para sa mga kinikilalang komunidad.

F. Maging bukas sa paglutas ng magkakatulad na problema sa iba't ibang lugar sa iba't ibang paraan
G. Tandaan: "The cleanest option is not always the best (Ang pinakamalinis na opsiyon ay hindi palaging ang pinakamahusay)" - Justin Levitt
H. Tandaan: wala tayo sa gawain na protektahan ang kasalukuyang nanunungkulan at wala rin tayo sa gawaing mapangwasak



Mga Binibigyang Prayoridad na Lugar upang Magkaroon ng Katarungan sa Pagkakapantay-pantay): Mga Bulnerableng Lugar ayon sa Department of Public Health

SAN FRANCISCO

KALAKIP SA PAHAYAG NG MIYEMBRO NG RDTF, HERNÁNDEZ GIL

Mayo 6, 2022

SA PAMAMAGITAN NG EMAIL sa rdtf@sfgov.org

San Francisco Redistricting Task Force
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 244
San Francisco, CA 94102

TUNGKOL SA: Mga Rekomendasyon para maisama sa pinal na ulat ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito

Mahal na mga Miyembro ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito,

Sumusulat ang Asian Americans Advancing Justice - Asian Law Caucus (ALC), ang California Common Cause (CACC), ant ang League of Women Voters of San Francisco (LWVSF) upang ibahagi ang ilan sa maraming oportunidad upang mapahusay pa ang lokal na proseso sa muling pagdidistrito sa San Francisco. Nakabatay ang aming mga rekomendasyon hindi lamang sa mga natutunang leksiyon sa pinakahuling proseso ng ating lungsod, kundi sinasalamin din nito ang pinakamahuhusay na gawain na matagumpay nang nagamit sa ibang hurisdiksiyon. Magalang naming hinihiling na isama ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang mga rekomendasyong ito sa pinal na ulat upang mapakinabangan ng mga pangkat para sa muling pagdidistrito sa hinaharap at ng mga mamamayan ng San Francisco.

Mahigpit naming hinihikayat ang Lungsod at County ng San Francisco na gawin ang lahat ng pagsusumikap upang mapaghusay ang lahat ng bahagi ng proseso ng muling pagdidistrito, kasama na kung paano ito binubuo, ang haba ng proseso, ang pamantayan at iskedyul ng mga gawain o timeline ng pagmamapa, ang partisipasyon na equitable, o kung saan may katarungan sa pagkakapantay-pantay, badyet, pagiging madali ng pagkuha ng impormasyon, suporta ng mga kawani at konsultant, pag-abot at pagpapalahok sa mas nakakarami sa publiko, at pagtatago at pag-uulat ng mga rekord.

Ipinagkakaloob ng ALC, CACC at LWVSF ang mga rekomendasyong ito upang matulungan ang mga pangkat para sa muling pagdidistrito sa hinaharap na makapagsagawa ng patas, may katarungan sa pagkakapantay-pantay, bukas sa pagsisiyasat, at madaling malahukan na proseso ng lokal na muling pagdidistrito. Ginawa ang marami sa mga rekomendasyong ito sa mga liham na isinumite ng aming mga organisasyon sa Task Force sa panaho ng proseso nito o sa mga liham sa iba pang pangkat o ahensiya ng lungsod bago nabuo ang

Task Force. Pinaka-unang mga rekomendasyon ito, at inaasahan ng ALC, CACC, AT NG LWVSF na magkaloob pa ng karagdagang pinakamahuhusay na gawain at rekomendasyon sa hinaharap.

Ang aming mga rekomendasyon:

1. **Maglaan ng sapat na panahon para sa patas, may katarungan sa pagkakapantay-pantay, bukas sa pagsisyasat, at nalalahukan ng lahat na proseso para sa muling pagdidistrito.** Kailangang isagawa ang proseso para sa lokal na muling pagdidistrito ng San Francisco sa loob ng mas lubhang mahabang panahon kaysa sa mayroon ito sa siklong ito. Isinagawa ang unang pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco nang humigit-kumulang sa pitong buwan bago ang deadline o huling araw ng pagsusumite ng mapa. Kaiba rito, nagsimula nang higit na maaga ang halos kapareho ang laki na ibang mga lungsod sa Bay Area, kung kaya't nagkaroon sila ng higit na mas mahabang panahon upang makompleto ang kanilang mga proseso sa muling pagdidistrito kaysa sa panahong inilaan sa San Francisco. Isinagawa ng Redistricting Commission (Komisyon sa Muling Pagdidistrito) ng Oakland ang unang pulong nito nang mahigit sa 14 buwan bago ang huling araw ng pagsusumite ng mapa.[1] Nagsimulang magpulong ang Redistricting Advisory Commission (Tagapayong Komisyon para sa Muling Pagdidistrito) ng San Jose nang 11 buwan bago ang huling araw ng pagsusumite ng mapa nito.[2] Magkakaloob ang mas maagang pagsisimula ng proseso ng muling pagdidistrito sa San Francisco ng kinakailangang panahon para sa lahat ng hakbang sa proseso, kasama na ang mga aplikasyon at pagpili ng mga miyembro, pagsasanay, pag-abot sa mas nakararami at edukasyon sa komunidad, opinyon at tugon ng publiko, at pagmamapa. Batay sa pinakamahuhusay na gawain mula sa iba pang hurisdiksiyon na nasubaybayan namin, inirerekomenda namin na mabuo ang pangkat para sa muling pagdidistrto ng San Francisco nang hindi bababa sa 12 buwan bago ang huling araw ng pagsusumite ng pinal na mapa.

2. **Lumikha ng nalalahukan ng lahat at may katarungan sa pagkakapantay-pantay na proseso ng aplikasyon sa pangkat para sa muling pagdidistrito, at nang masuportahan ang pagtatalagay ang may pagkakaiba-iba, o diversity, at nagsasama sa lahat na kasapian.** Kailangang pagkalooban ang lahat ng residente ng San Francisco ng magkakaparehong oportunidad na makapag-apply upang maglingkod, at sa gayon, masalamin ng kasapian ng pangkat para sa muling pagdidistrito ang pagkakaiba-iba, o diversity, ng komundiad ng San Francisco Dahil dito, kailangang nakukuha online at pisikal ring nakukuha ang impormasyon ukol sa iskedyul ng aplikasyon sa pangkat para sa muling pagidididistrito, ang proseso ng pagpili, ang aplikasyon mismo at ang lahat ng kaugnay na dokumento at forms. Kailangang sundin ng lahat ng tagapagtalagang pangkat ang magkakapareho at hindi nagbabagong pinakamahuhusay na gawain na nauukol sa pagiging bukas sa pagsisiyasat, pagbibigay ng opinyon ng publiko, pagkakaroon ng mga pamamaraan sa paglahok, at pag-abot sa nakararami. Kailangang maglaan ng naangkop na mga rekursong administratibo, pinansiyal, at para sa pag-about sa nakararami sa komunidad, at nang maitaguyod ang oportunidad para sa pag-aapply sa lahat ng taga-San Francisco. Kailangang magbigay ng atensiyon sa

[1] Isinagawa ang unang pulong ng he Independiyenteng Redistricting Commission ng Oakland noong Oktubre 14, 2020 na may huling araw ng pagsusumite na Disyembre 31, 2021. Redistricting Commission ng Lungsod ng Oakland, Nakaraang mga Pulong, oaklandca.gov/boards-commissions/redistricting-commission/meetings o sa Internet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504223245/https://www.oaklandca.gov/boards-commissions/redistricting-co mmission/meetings.

[2] Isinagawa ang unang pulong ng Redistricting Advisory Commission ng San Jose noong Pebrero 22, 2021 na may huling araw ng pagsusumite na Enero 11, 2022. Tingnan ang Redistricting Advisory Commission ng Lungsod ng San Jose, 2020 Ulat ng Redistricting Commission at mga Rekomendasyon, Nobyembre 18, 2021, sanjoseca.gov/home/showpublisheddocument/79870/637729314509500000 o s aInternet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504223346/https://www.sanjoseca.gov/home/showpublisheddocument/7987 0/637729314509500000.

pag-abot sa mas nakakarami na nasa iba't ibang communities of interest (tinututukang komunidad) ng lungsod ukol sa oportunidad para sa aplikasyon, at sa pag-abot sa mga taga-San Francisco na mula sa iba't ibang lahi, etnisidad, kultura, wika, edad, kasarian, seksuwal na oryentasyon, katayuang sosyo-ekonomiko, katayuan ng pagiging mamamayan, at iba pang factor o salik. Para sa prosesong ito ng muling pagdidistrito, tumanggap ang Elections Commision (Komisyon ng mga Eleksiyon) ng 33 aplikasyon at tumanggap naman ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng walo. Nananatiling hindi alam ng publiko kung ilang aplikasyon ang natanggap ng Mayor. Kung ihahambing dito, nakatanggap ang county ng Los Angeles ng 741 aplikasyon para sa komisyon nito sa muling pagdidistrito at nagkaroon ang komisyon para sa muling pagdidistrito ng lungsod ng San Diego ng mahigit sa 100 aplikasyon.[3] Kailangang magsagawa ng lalo pang pagsusumikap ang lahat ng tagapagtalagang pangkat upang maitaguyod ang pagkakaroon ng mga oportunidad sa aplikasyon.

3. **Magtakda ng minimum o pinakamababa nang pinahihintulutan na kawaniwang kuwalipikasyon para sa lahat ng miyembro ng pangkat sa muling pagdidistrito.** Inirerekomenda namin ang mga kuwalipikasyon kung saan kasama ang kuwalipikasyon ukol sa paninirahan o residency, pati na rin ang mga limitasyon sa politikal na magkatunggaling interes, tulad ng mga restriksiyon sa kamakailan lamang ay tumakbo para sa inihahalal na lokal na katungkulan, o pagkakaroon ng kontribusyon, sa loob ng minimum na takdang panahon bago ang aplikasyon, ng tiyak na dolyar na halaga sa kandidato para sa lokal na katungkulang inihahalal. Kailangang isagawa ang ganitong mga pagsisiwalat sa yugto ng aplkasyon.[4] Kailangan ding makapagpakita ang mga miyembro ng pangkat para sa muling pagdidistrito ng kaalaman at pagkilala sa iba't ibang demograpiya, komunidad, at heyograpiya ng San Francisco, pati na rin ng mataas na pamantayan ng personal na integridad, sibikong pakikilahok, at kahandaang makinig sa malawak na opinyon ng komunidad. Kailangang panatilihin ang mga ito at ang iba pang kuwalipikasyon sa kabuuan ng pagseserbisyo.

4. **Suportahan ang katarungan sa pagkakapantay-pantay sa pangkat para sa muling pagdidistrito sa pamamagitan ng pag-aalok ng makatarungang stipend o bayad sa mga miyembro.** Ang kawalan ng pinansiyal na bayad, ay madalas nang malaking hadlang sa may katarungan sa pagkakapantay-pantay na partisipasyon sa boluntaryong mga komisyon at iba pang pangkat. Espesyal nitong napipigilan ang mabababa ang kita at/o kabataan sa pag-aapply na maglingkod dahil sa nakahahadlang na matataas na gastos sa pagbibiyahe at pagliban sa trabaho, o kakulangan ng nababago-bagong iskedyul sa pagtatrabaho. Kailangang magkaloob ang lungsod sa mga miyembro ng hindi kataasan pero makabuluhang bayad upang mahikayat ang mas inklusibo at kumakatawan sa lahat na kasapian sa pangkat para sa muling pagdidistrito. Bukod rito, kailangang sagutin ng lungsod ang anumang makatwirang gastos na direktang gugugulin ng mga miyembro nang dahil sa kanilang partisipasyon sa mga pulong, tulad ng pagkain, pagpaparada, at transportasyon.

---

[3] Citizens Redistricting Commission (Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagdidistrito) ng County ng Los Angeles, *Commissioner Selection Process* (*Proseso ng Pagpili ng mga Komisyoner)*, Marso 25, 2021. redistricting.lacounty.gov/wp-content/uploads/2021/03/CRC-Selection-Process-210127-FINAL-rev-2.pdf at sa Internet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504201234/https://redistricting.lacounty.gov/wp-content/uploads/2021/03/C RC-Selection-Process-210127-FINAL-rev-2.pdf; Independent Redistricting Commission ng County ng San Diego, *Meet the Commissioners (Kilalanin ang mga Komisyoner)*, sandiego.gov/redistricting-commission/commissioners at sa Internet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504203859/https://www.sandiego.gov/redistricting-commission/commissioners.

[4] Kailangang hindi nagbabago-bago ang mga itinatakda sa pagsisiwalat ng pinansiya at dapat ipatupad ito nang may katarungan sa pagkakapantay-pantay sa lahat ng aplikante. Sa prosesong ito, kinailangang magsumite ng mga aplikante sa Board of Supervisors ng Statement of Economic Interest (Pahayag ukol sa Ekonomikong Interes), na kilala rin bilang Form 700, kasama ng kanilang aplikasyon, samantalang kinailangan namang magsumite ng mga itinalaga ng Mayor at ng Election Commission ng Form 700 matapos maitalaga.

Kailangang regular na ibayad ang mga stipend at nagastos sa panahon ng pagseserbisyo, at hindi hawakan hanggang sa dulo. Naghandog ang California Citizens Redistricting Commission (Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagdidistrito ng California, CCRC) sa mga miyembro ng hindi kalakihan na arawang bayad at pagsasauli ng nagastos para sa trabaho sa muling pagdidistrito ng estado,at maaari itong maging kapaki-pakinabang na modelo para sa San Francisco.[5] Mahirap, nakapapagod, at mahalagang gawain ang pagseserbisyo sa pangkat para sa muling pagdidistrito at dapat itong magkaroon ng bayad.

5. **Magtakda ng bukas sa pagsisiyasat na badyet na sumasakop sa lahat ng aspeto ng proseso ng muling pagdidistrito.** Hindi inilabas sa publiko, sa anumang panahon, ang kabuuang badyet para sa proseso ng muling pagdidistrito, at mukhang umasa na lamang ang Task Force sa mga departamento at ahensiya ng lungsod sa paglalaan ng pondo tungo sa mga pangangailangan ng Task Force, nang batay lamang sa espesipikong pangangailangan. Kailangang lumikha ng badyet na sapat na natutugunan ang lahat ng kinakailangang gastos sa proseso ng muling pagdidistrito, kung saan nasa badyet na ang oportunidad para sa pagbibigay-opinyon ng publiko. Kailangang mabuo ang badyet batay sa aktuwal na gastusin ng nakaraang proseso ng muling pagdidistrito, kung saan may dagdag na pondo upang matugunan ang mga natukoy na pagkukulang sa pinal na ulat ng Task Force. Kailangang magkaloob ng karagdagang pondo upang makakuha ng mga datos at pagsusuri, na maaaring makatulong sa pangkat para sa muling pagdidistrito, magbigay ng makatarungang bayad at pagsasauli ng nagastos sa mga miyembro, at mapakinabangan ang mga bagong kasangkapan at pamamaraan na ginagamit para sa pagmamapa, pakikipagkomunikasyon, at pagpapalahok sa komunidad, na tiyak na uusbong sa mga taon na nasa pagitan ng mga proseso ng muling pagdidistrito. Kailangan ding kasama sa badyet ang sapat na pondo para sa mga tagasalin ng wika at konsultant sa pagmamapa, pag-abot sa mas nakararami sa komunidad, pakikipagkomunikasyon, at pagkolekta at pagsusuri sa pagbibigay-opinyon ng publiko sa pangkat para sa muling pagdidistrito. Inirerekomenda rin namin na magkaloob ang lungsod ng hindi kataasang grant (tulong pinansiyal) at bayad sa walang kinikilingan at nakabase sa komunidad na mga organisasyon, tulad ng mga nagtatrabaho sa pag-abot sa nakararami sa Pagsesenso, at nang makatulong sila sa pagbibigay ng edukasyon sa komunidad at sa pag-abot sa nakararami para sa lokal na muling pagdidistrito.

6. **Magkaloob ng sapat na mga rekurso para sa masiglang suporta sa wika.** Kailangang naaangkop na pondohan ng lungsod ang itinatakda ng batas na mga serbisyo para sa interpretasyon at pagsasalin. Nagpapasalamat kami para sa mga pagpapahusay sa higit na paggamit sa wika na nagawa sa pagsulong ng 2021-2022 prosseso ng muling pagdidistrito, pero sa hinaharap, kailangan nang tiyakin ng lungsod na may makukuhang mga rekurso para sa suporta sa wika sa pagsisimula pa lamang ng proseso. Itinatakda ng batas ang pagsasama sa lahat sa pamamagitan ng wika, kapwa sa ilalim ng Batas na FAIR MAPS at ng San Francisco Language Access Ordinance (Ordinansa ukol sa Pagkakaloob ng Impormasyon at Suporta sa Sariling Wika).[6] Kasama sa mga itinatakdang ito ang pagkakaloob ng pagsasalin sa mga pulong kapag hiniling, pagsasalin ng buong pulong bukod pa sa pumapasok na mga komento ng publiko, at pati na rin ang mga nakasulat na salin ng mahahalagang impormasyon. Kailangang isalin ng pangkat para sa muling pagdidistrito ang mga materyales nito para sa pag-abot sa mas nakararami at mag-advertise kung saan marami ang makakakita na may makukuhang mga serbisyo para sa suporta sa sariling wika.

---

[5] Para sa 2021-2022 proseso ng muling pagdidistrito, nakatanggap ang mga miyembro ng CCRC ng $300 para sa bawat araw na kalahok sila sa mga gawain ng komisyon, at kuwalipikado silang makatanggap ng pagsasauli ng gastos. Cal. Gov. Code (Kodigo ng Gobyerno ng California) § 8253.5.

[6] Cal. Elec. Code (Kodigo sa Eleksiyon ng California) § 21628(b), (g); San Francisco Ordinance (Ordinansa ng San Francisco) 27-15.

7. **Maglathala ng detalyado at espesipikong iskedyul ng mga gawain, kasama na ang mahahalagang panandang-bato at mga huling araw ng pagsusumite sa paraang napapanahon, pampubliko, at madaling nakikita o napag-aalaman.** Kailangang magtakda ng pampublikong iskedyul ng mga gawain na may espesipikong mga panandang-bato at huling araw ng pagsusumite para sa muling pagdidistrito, sa mas maagang panahon sa proseso ng muling pagdidistrito. Ang gayong iskedyul ng mga gawain ay higit pa sa pagtugon sa iskedyul—nagtatakda ito ng mga pamantayan para sa pangkat para sa muling pagdidistrito at inaalerta ang publiko kung kailan at paano makakalahok ang mga mamamayan sa proseso. Sa minimum, kailangang kasama sa iskedyul ng mga gawain ang: 1) mga petsa para sa masiglang iskedyul ng pagsasanay para mismo sa pangkat para sa muling pagdidistrito, 2) mga pagtitipon upang mabigyan ng edukasyon ang publiko ukol sa muling pagdidistrito, 3) mga petsa para sa mga pagdinig ukol sa communities of interest, 4) ang petsa ng paglalabas ng unang draft o borador na mapa, at 5) mahahalagang petsa sa panahon ng pagbabago ng mapa at proseso ng pagpipinal nito. Kailangang nakikita at nakukuha ang iskedyul ng mga gawain na ito sa website ng pangkat para sa muling pagdidistrito, at sa iba pang lugar, kasama na ang paghaharap nito sa publiko sa bawat pulong, at pagpapaskil sa mga lugar na makikita ito ng mga mamamayan na kulang na maaasahang paraan sa paggamit ng internet.

8. **Magpatupad ng kurikulum sa pagsasanay.** Sa pamamagitan ng hindi pagtanggap ng anumang sapat na pagsasanay, madalas na hindi nakukuha ng Task Force ang kontekstong kailangan nito upang makagawa ng mahahalagang desisyon sa hindi nagbabago-bago, malinaw, at bukas sa pagsisiyasat na paraan. May mga pagkakataon sa panahon ng prosesong ito ng muling pagdidistrito kung saan nagmukhang hindi taglay ng lahat ng miyembro ang kinakailangang pagkaunawa sa mga responsibilidad ng Task Force at mga kinakailangan sa pagmamapa sa ilalim ng lokal, pang-estado, at pederal na mga batas. Hindi nakita, o huli na sa proseso nang maipatupad, ang pinakamahuhusay na gawain upang malubos ang pagpapalahok sa publiko at ang paglikha ng patas, nagagamit ng lahat, inklusibo at bukas sa pagsisiyasat na proseso ng muling pagdidistrito. Inuulit namin ang aming mga rekomendasyon na rekomendasyon din ng iba pang organisasyon at mula sa magkasamang liham[7] noong Setyembre 16, 2021 sa Task Force, kung saan nakasaad na dapat magplano at tumanggap ang mga miyembro ng komprehensibong pangkat ng mga pagsasanay. Sa minimum, kailangang masakop ng mga pagsasanay na ito ang Brown Act (Batas na ipinasa ni Gobernador Brown, na nagtatakda na gawing pampubliko ang pulong ng mga pampublikong ahensiya), ang Sunshine Ordinance (Ordinansang Nagtitiyak na Bukas ang mga Pampublikong Rekord at Miting) at ang pagpapanatili ng mga rekord, ang mga patakaran ukol sa pagkakaroon ng prinsipyo sa paggampan ng gawain sa gobyerno, ang Voting Rights Act (Batas ukol sa mga Karapatan sa Pagboto), ang datos mula sa Pagsesenso, at ang mga pamantayan sa muling pagdidistrito, kasama na ang communities of interest at makabuluhang mga seksiyon ng Elections Code (Kodigo para sa Eleksyon) ng California. Kasama sa iba pang kapaki-pakinabang na paksa sa pagsasanay ang heograpiya at kasaysayan ng San Francisco, software at mga kagamitan sa muling pagdidistrito, pag-abot at pagpapalahok sa mas nakakarami sa publiko, pakikipagkomunikasyon, pakikipagrelasyon sa media, pamamaraan sa paggamit sa sariling wika, pamamaraan para sa paglahok ng may kapansanan, mga lahi at ang katarungan sa pagkakapantay-pantay, at pagpapalahok sa mga komunidad na may kasaysayan ng pagkakabukod, hindi lubusang pagkakaroon ng mga serbisyo, at hindi lubos na nakakatawan. Bukod rito, maaaring makatulong din ang pagtanggap ng pagsasanay mula sa mga indibidwal na dati nang nakapaglingkod sa mga komisyon o task force para sa muling pagdidistrito. Nagkaroon ang iba pang pangkat para sa muling pagdidistrito ng California ng

[7] Magkasamang liham ukol sa mga rekomendasyon sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco na mula sa American Indian Cultural District (Amerikanong Indian na Pangkulturang Distrito), Asian Americans Advancing Justice - Asian Law Caucus, League of Women Voters of San Francisco, San Francisco Rising, SEIU Lokal 1021, at Southeast Asian Community Center (Timog Silangang Asya na Sentrong Pangkomunidad), Setyembre 6, 2021, drive.google.com/file/d/1taBDc8OHRfAdqbnU1fZfeXXJD-Wh3JNz/ at sa Internet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504221547/https://img1.wsimg.com/blobby/go/59053b06-508e-4a73-9320-f497b0c97d53/downloads/2021%2009%2016%20-%20Letter%20of%20recommendations%20for%20San.pdf.

komprehensibong kurikulum sa pagsasanay, kasama na ang mga komisyon sa San Diego County at sa Lungsod ng Long Beach, pati na rin ang CCRC.[8]

9. **Maglaan ng sapat na panahon para sa masiglang talakayan ng iba't ibang baryasyon ng mapa, at maging mas mahusay sa pagpapalahok sa publiko sa pamamagitan ng paglikha at pagpapaskil ng draft o borador na mapa nang mas maaga.** Kailangang makagawa ng borador na mapa ang pangkat para sa muling pagdidistrito nang maaga pa sa proseso nito. Ibinahagi ng Task Force ang pinakaunang biswalisasyon ng mapa sa pulong nito noong Marso 14, 2022, kung saan isang buwan na lamang ang natitira bago ang huling araw ng pagsusumite nito. Nagpapasalamat kami na nagsagawa ang Task Force ng maraming pagdinig na nakatuon sa communities of interest, pero hindi nag-iwan ang Task Force ng sapat na panahon upang lubusang masiyasat ang mga opsiyon sa pagmamapa. Maraming pakinabang ang pagsisimula ng paggawa ng borador na mapa nang mas maaga sa proseso. Karaniwan nang dumarami ang pakikilahok ng publiko matapos maipaskil ang mga borador na mapa, at magkakaroon ng mas mahabang panahon kapwa ang pangkat para sa muling pagdidistrito at ang mga miyembro ng publiko, upang magkaroon ng malikhaing mga solusyon at masiyasat ang malawak na hanay ng mga posibilidad para sa mapa. Sa mga lungsod na tulad ng San Francisco, kung saan maraming dapat balanseheng communities of interest, hahantong sa mas magagandang kinahihinatnan ang pagkakaroon ng higit na panahon sa paghahanap ng mga solusyon. Naitala nang binigyan ng iba pang pangkat para sa muling pagdidistrito ang kanilang sarili ng higit pa sa doble ng panahon para sa paggawa ng mga rebisyon sa kanilang mga mapa.[9]

10. **Pahintulutan ang pangkat para sa muling pagdidistrito na magkaroon ng awtoridad sa pag-eempleyo at pamamahala sa mga konsultant, vendors o nagkakaloob ng serbisyo, at kontratista.** Kailangang magkaroon ng kakayanan ang pangkat para sa muling pagdidistrito na mabigyang-hugis ang saklaw ng trabaho ng mga konsultant, magtakda ng mga pamantayan sa pagganap, at makipagnegosasyon sa mga pagbabago sa saklaw kung kinakailangan. Kailangang ilathala ng pangkat para sa muling pagdidistrito ang anumang Request for Information (Kahilingan para sa Impormasyon, RFI) o Request for Proposal (Kahilingan para sa mga Panukala, RFP), at pahintulutan ang anumang komento ng publiko ukol sa mga ito, ang paggawa ng ebalwasyon at desisyon ukol sa pag-eempleyo, at ang kaugnay na mga dokumento na nauukol sa mga konsultant, vendor, o kontratista na sumusuporta sa pangkat para sa muling pagdidistrito.

11. **Magtakda ng nakaranggong mga pamantayan sa pagmamapa.** Sa panahon ng proseso ng muling pagdidistrito na ito, nagkaroon ng malaking pagkalito sa publiko at sa mga miyembro ng Task Force kung ano ang pamantayan ng bibigyan ng prayoridad kapag nagmamapa. Inirerekomenda namin na gumamit ang pangkat para sa muling pagdidistrito ng malinaw at nakaranggong pamantayan upang mapadaloy ang paggawa ng mga desisyon at matiyak na hinuhubog ang mga mapa ng naaangkop na mga konsiderasyon. Gumagamit ang FAIR MAPS Act, ang proseso sa muling pagdidistrito ng estado at maraming

[8] Long Beach Redistricting Commission, Iskedyul ng Pagsasanay longbeach.gov/globalassets/redistricting/media-library/documents/reports/draft-training-plan at sa Internet Archive Wayback Machine at web.archive.org/web/20220504204415/https://www.longbeach.gov/globalassets/redistricting/media-libra ry/documents/reports/draft-training-plan; County of San Diego Independent Redistricting Commission, Tuloy-tuloy na Pagsasanay sandiegocounty.gov/content/sdc/redistricting/redistricting-training.html at nasa Internet Archive Wayback Machine na nasa web.archive.org/web/20220504204529/https://www.sandiegocounty.gov/content/sdc/redistricting/redistr icting-training.html; California Citizens Redistricting Commission, Commissioner Education Panels (Mga Panel para sa Edukasyon ng mga Komisyoner) wedrawthelinesca.org/commissioner education panels at sa Internet Archive Wayback Machine at web.archive.org/web/20220504204638/https://www.wedrawthelinesca.org/commissioner_education_panels.

[9] Ipinaskil ng komisyon ng Oakland ang unang borador na mapa nito nang mahigit sa dalawa at kalahating buwan bago ang huling araw ng pagsusumite nito. Ipinaskil ng komisyon ng San Jose ang unang borador na mapa nito nang tatlong buwan bagong ang huling araw ng pagsusumite ng lungsod.

lokal na hurisdiksiyon na may itinatakda ang sariling tsarter ng detalyado at nakaranggong pamantayan.[10] Palaging itinatakda ang pagsunod sa Konstitusyon ng Estados Unidos, Konstitusyon ng California, at ang pederal na Voting Rights Act. Matapos ito, ang paggalang sa communities of interest at mga magkakalapit-lugar o neighborhood na ang susunod na pamantayan na pinakamataas ang ranggo. Kailangang mas mababa ang ranggo ng iba pang isinasaalang-alang tulad ng compactness (malalapit sa isa't isa ang mga nakatira), at ang pagsunod sa natural o artipisyal na mga hangganan. Bukod sa pagtatakda ng nakaranggong mga pamantayan, kailangan ding talakayin ng mga miyembro ang kanilang pamamaraan sa pagdo-drowing ng mga linya, kung saan kasama na kung paano nila babalansehin ang nagtutunggaling communities of interest at titimbangin ang mga komento ng publiko.

12. Gawan ng dokumentasyon ang mga dahilan para sa mga desisyon ukol sa pagmamamapa, sa bawat biswalisasyon at sa borador ng mapa. Kailangang maintindihan ng publiko ang proseso ng pag-iisip na humantong sa pag-drowing ng pangkat para sa muling pagdidistrito ng mga linya ng distiro sa ilang tiyak na paraan. Sa bawat inilabas na borador na mapa, kailangang ilarawan ng pangkat para sa muling pagdidistrito ang ginawang desisyon, ipaliwanag kung paano nito inilapat ang nakaranggong pamantayan, at tukuyin kung ano-anong communities of interest ang naapektuhan. Kailangang nagawan ng dokumentasyon at nakukuha ng lahat ang impormasyong ito, at nang maunawaan ang proseso ng mga miyembro ng publio na hindi makadalo sa mga pulong. Kailangang nakukuha rin ng publiko ang impormasyong ito bago ang kasunod na pulong para sa pagmamapa, at nang makapagbigay ang mga mamamayan ng pampublikong mga komento na mas may impormasyon.

13. Magsagawa muli ng harap-harapang pag-abot sa nakararami at mga pagdinig sa loob ng mga distrito, pero panatilihing opsiyon ang remote, o sa pamamagitan ng internet na partisipasyon. Lubhang naapektuhan ang siklong ito ng muling pagdidistrito ng pandemyang COVID-10, na malinaw na nahadlangan ang mga pagsusumikap na mapalahok ang komunidad sa kabuuan ng San Francisco. Maliban na lamang kung magkakaroon ng mga emergency sa pampublikong kalusugan, kailangang magsagawa muli ang pangkat para sa muling pagdidistrito ng harap-harapang mga aktibidad para sa harap-harapang pag-abot sa nakararami at mga pagdinig sa loob ng mga distrit. Kailangang isagawa ang mga pulong nang harap-harapan at nasa pamilyar at napupuntahang mga espasyo ng komunidad na umiikot sa pagitan ng mga distrito. Gayon pa man, kailangang patuloy na pahintulutan ng pangkat para sa muling pagdidistrito ang partisipasyong remote, sa pamamagitan ng telepono at ng internet.

---

[10] *Tingnan ang* Cal. Elections Code § 21621(c) (na nagtatakda ng nakaranggong mga pamantayan para sa muling pagdidistrito sa mga charter city, o lungsod na may sariling dokumento sa pagkakatatag) ("Pagtitibayin ng konseho ang mga hangganan ng distrito gamit ang sumusunod na mga pamantayan ayon sa pagkakatakda sa sumusunod na pagbibigay ng prayoridad: (1) Hanggang sa maisasagawa ito, kailangang heyograpikal na magkatabi ang council districts (pangkonsehong distrito)…(2) Hanggang sa maisasagawa ito, kailangang igalang ang heyograpikong integridad ng anumang lokal na magkakalapit-bahay o lokal na community of interest, sa paraan na higit na pinakakaunti ang pagkakahati nito. Ang 'community of interest (tinututukang komunidad)' ay populasyon na magkakapareho ang panlipunan o pang-ekonomikong interes at dapat isama sa iisang distrito para sa mga layunin ng pagkakaroon ng epektibo at makatarungang representasyon. Hindi kasama sa depinisyon ng communities of interest ang anumang pagsaalang-alang sa relasyon sa mga politikal na partido, nanunungkulan, o politikal na kandidato. (3) Kailangang madaling matukoy at maintindihan ng mga residente ang mga hangganan ng mga council district. Hanggang sa makakayanan kailangang ang hangganan ng council district ay ang natural at artipisyal na hadlang, ang mga kalye, o ang mga hangganan ng lungsod. (4) Hanggang sa makakayanan, at kapag hindi sumasalungat sa nauna nang pamantayan sa subdibisyon na ito, kailangang maiguhit ang mga council district upang mahikayat ang heyograpikong compactness, sa paraan kung saan hindi lalaktawan ang kalapit na mga lugar ng populasyon upang mapaboran ang mas malalayong populasyon."); Cal. Elections Code § 21500 (nakaranggong mga pamantayan para sa muling pagdidistrito sa mga county). *Tingnan din ang* Konstitusyon ng California, art. XXI, § 2(d) (nakaranggong mga pamantayan para sa mga distritong para sa Senado, Asembleya, Kongreso, at State Board of Equalization o Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis sa Estado); Oakland, Cal., Tsarter ng Lungsod, Art. II, § 220(D); Long Beach, Cal., Tsarter ng Lungsod, Art. XXV, § 2506.

14. **Itakda ang pagpapanatili, pag-uulat, at pagsisiwalat ng lahat ng rekord ng gobyerno na may kaugnayan sa muling pagdidistrito, kasama na ang personal na mga pakikipagkomunikasyon ng indibidwal na miyembro ng pangkat para sa muling pagdidistrito.** Nagbubunsod ang pagiging bukas sa pagsisiyasat at pananagutan ng tiwala ng publiko sa gobyerno, at mahalagang bahagi ng gayong pagiging bukas sa pagsisiyasat at pananagutan ang pagpapanatili, pag-uulat at pagsisiwalat ng mga rekord ng gobyerno. Kailangang palakasin pa ang mga patakaran upang matiyak na napananatili ang lahat ng personal na pakikipagkomunikasyon na may kaugnayan sa muling pagdidistrito. Kailangang nakapaskil para sa publiko ang anumang testimonya ng community of interest o opinyon ukol sa mapa na ibinahagi sa indibidwal na mga miyembro, at dapat ding ibahagi ito sa iba pang miyembro. Hindi dapat gamitin ng mga miyembro para sa gawain ng pangkat na ito para sa muling pagdidistrito ang anumang kasangkapan na hindi nakapagpapanatili ng mga rekord sa pakikipagkomunikasyon, o kung saan dinisenyo ang pagpapalaho ng gayong mga rekord.

Salamat po sa inyong atensiyon sa usaping ito, sa pagdinig ninyo sa aming mga inaalala at sa oportunidad na makapagbgay ng mga rekomendasyon, at sa gayon ay mapanatili ang integridad ng ating demokrasya at matiyak na aktibong makalalahok ang mga taga-San Francisco. Gusto rin namin na muling pasalamatan ang mga miyembro ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito para sa kanilang serbisyo.

Maaari kaming maugnayan ng mga miyembro ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na ito at ng mga pangkat para sa muling pagdidistrito sa hinaharap, mga opisyal at opisina ng lungsod, at iba pa na gustong talakayin ang aming mga rekomendasyon.

Sumasainyo,

Julia Marks
Tagapamahala ng mga Programa para sa Karapatan sa Pagboto at Abugado sa Asian Americans Advancing Justice – Asian Law Caucus juliam@advancingjustice-alc.org

Alesandra Lozano
Tagapamahala ng Programa, Mga Karapatan sa Pagboto at Muling Pagdidistrito
California Common Cause
alozano@commoncause.org

Alison Goh
Presidente
League of Women Voters of San Francisco
president@lwvsf.org

CC (May kopya): Mayor London Breed
Mga Miyembro, Board of Supervisors
Angela Calvillo, Klerk, Board of Supervisors
John Arntz, Direktor, Department of Elections
David Chiu, Abugado ng Lungsod
Mga Miyembro, Elections Commission
LeeAnn Pelham, Ehekutibong Direktor, Ethics Commission (Komisyon para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain)
Office of Civic Engagement & Immigrant Affairs
Mga Miyembro, Task Force para sa Sunshine Ordinance

2021-2022 ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco
Pinal na Ulat
Pahayag mula kay Miyembro Jeremy Lee

I. Introduksiyon

Sinimulan ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang trabaho nito noong Setyembre 17, 2021. Sa loob ng 7 buwan, nagtakda ang task force ng proseso upang mapakinggan ang publiko at mabigyan ng prayoridad ang kanilang mga pangangailangan kaugnay ng napakalaking gawain na muling pagguhit sa mga linya ng distrito. Mahigpit akong naniniwala na sa umpisa, kumilos ang task force nang may katapatan upang makapagsagawa ng proseso na hindi nagbabago-bago, makatarungan, at bukas sa pagsisiyasat. Gayon pa man, malinaw sa proseso na hindi lubusang naabot ng task force ang mga sukatang ito. Nasa ibaba ang listahan ng mga rekomendasyon para sa mga task force sa muling pagdidistrito sa hinaharap. Hangad ko na maisagawa ang kahit ilan man lamang sa mga bagay na ito bago ang susunod na pagkakaroon ng muling pagdidistrito, at nang maiwasan ang proseso na nagdudulot ng paghihiwa-hiwalay, malupit, at nagbabago-bago.

II. Mga Rekomendasyon

A. Mas maagang buuin ang task force.
   a. Magkakaroon muli ng napakalaking gawain ang susunod na mabubuong task force, kung mananatiling totoo ang inaasahang paglaki sa kabuuan ng lungsod. Mangangailangan ang task force sa hinaharap ng karagdagang panahon na hindi naibigay sa kasalukuyang task force. Hindi nakasama ang 2021-2022 na task force sa pagpili ng konsultant sa pagmamapa o sa konsultant para sa abot sa mas nakararami. Kulang ang task force ng konteksto para maunawaan kung paano napili ang mga konsultant at ang saklaw ng kanilang trabaho. Kung mas maagang nabuo ang task force at nakasama sila sa proseso ng pagpili ng mga konsultant, nagkaroon sana ang task force ng matibay na tuntungan sa pagsasagawa ng trabaho nito. **Rekomendasyon: Kailangang mabuo ang task force para sa muling pagdidistrito nang 3-6 buwan bago ang paglalabas ng decennial (tuwing ika-sampung taon) na datos mula sa pagsesenso.**

B. Pagkilatis sa mga miyembro ng task force
   a. Mga itinalaga ng mayor - May kakulangan ng pampublikong opinyon ukol sa pagpili ng mga itinatalaga ng mayor. May awtoridad ang mayor na italaga ang sinuman na gusto niya bilang miyembro ng task force. Gayon pa man, walang oportunidad ang publiko na maipahayag ang kanilang inaalala ukol sa mga indibidwal na ito. Ang pagkakaroon ng oportunidad para sa pampublikong opinyon ay magdudulot ng higit na kabukasan sa pagsisiyasat at magkakaloob ng higit na bukas na paggogobyerno. **Rekomendasyon: Magkaloob ng panahon para sa pampublikong opinyon ukol sa mga itatalaga ng mayor sa task force**

para sa muling pagdidistrito.

b. Mga itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) - Maraming oportunidad ang mga Miyembro ng Board at ang publiko upang makilatis ang mga miyembro ng task force. Nagagawang makipag-usap ng mga Miyembro ng Rules Committee (lehislatibong komite para sa pagpapabilis ng pagpapasa ng mga batas) sa mga maaaring maitalaga. Maaaring magbigay ng opinyon ang publiko sa panahon ng pampublikong pagkomento kapag dininig ang isang bagay.

c. Mga itinalaga ng Elections Commission (Komisyon sa mga Eleksyon) - Ang Elections Commission ang may pinakamahalagang papel sa pagpapasya ukol sa bubuo sa task force. Batay sa pagkakadisenyo nito, may mahusay na koneksiyon ang mga miyembro ng iba pang nagtatalagang pangkat sa politikal na proseso ng San Francisco. Hindi ibig sabihin na tiyak na nakapagdudulot ito ng pinsala, dahil may mahahaba at nakatala nang mga kasaysayan ang communities of interest (mga tinututukang komunidad) ng lungsod. Napakahalaga na magkaroon ng mga kinatawan mula sa mga komunidad na ito, na nauunawaan ang kasaysayan ng pakikibaka, pagkakabuo, at pagpapalakas ng mga koalisyon, at pag-aadbokasiya. Kailangang gumanap ang mga itinalaga ng Elections Commission ng papel na likas na may pagkakaiba. Kailangang magpakita ang mga itinalaga ng Komisyon ng pananagutan sa paglilingkod, pero bukod sa lahat, kailangang wala silang pinapanigan o kinikilingan. Kailangang maging mga miyembrong independiyente at malaya mula sa politikal na panggigipit ang mga itinalaga ng Komisyon. Kung hindi maingat ang Elections Commission sa pagtatalaga ng independiyenteng mga indibidwal, may panganib na magkaroon ang task force ng mayorya na hindi mapananagot sa publiko. **Rekomendasyon: Kailangang piliin ng Elections Commission ang mga itatalaga nito gamit ang mga pamantayan na nagbibigay ng prayoridad sa pagseserbisyo at pagiging independiyente sa politikal na proseso.**

C. Ipatupad ang mga pamantayan/ pagbibigay ng prayoridad

a. Kailangang isaaalang-alang ng task force ang ilang legal na salik o factors sa proseso ng masusing pag-aaral – US Constitution (Saligang-Batas ng Estados Unidos), Ika-14 na Pag-amyenda, Federal Voting Rights Act (Pederal na Batas ukol sa mga Karapatan sa Pagboto), at iba pa. Walang pagraranggo o pagbibigay-prayoridad sa mga salik na ito na ipinagkaloob. Walang batas na nagtakda sa task force na isaalang-alang ang ilang pamantayan nang higit pa sa ibang pamantayan. Dahil dito, kulang sa pangangailangang hindi magpabago-bago at bukas sa pagsisiyasat ang mga desisyon ng task force. **Rekomendasyon: Kailangang magkaroon ng pag-amyenda sa tsarter ng Lungsod, at nang maiayon man lamang sa batas ng Estado, na pinakamaliit nang bagay na magagawa, ang mga pamantayan at pagbibigay ng prayoridad sa muling pagdidistrito.**

D. Kawani na Lubusang Nakatuon sa Gawain
   a. Lubos na makikinabang ang task force sa pagkakaroon ng kawani mula sa city hall, na lubusang magtutuon sa gawain ng muling pagdidistrito. Napakamasalimuot ng gobyerno ng San Francisco at may kaugnayan ang trabaho ng task force sa karamihan sa mga departamento. **Rekomendasyon: Maglaan ng pondo para sa kawaning lubusang nakatuon sa gawain, at nang makatulong siya sa paggawa ng koordinasyon na may kaugnayan sa task force para sa muling pagdidistrito**.

E. Pagbibigay ng edukasyon ukol sa mga epekto ng muling pagdidistrito
   a. Naaapektuhan ng muling pagdidistrito ang pagpapatakbo at pagganap ng tungkulin ng gobyerno ng lungsod. Kailangang itakda sa task force na makatanggap ng edukasyon ukol sa mga epekto ng muling pagdidistrito sa gobyerno at sa mga serbisyo ng San Francisco. Halimbawa, personal akong nag-adbokasiya na makatanggap ang task force ng presentasyon na may kaugnayan sa mga epekto ng muling pagdidistrito sa programang Neighborhood Resident Housing Preference (Pagbibigay ng Preperensiya sa Residente ng Komunidad) na pinamamahalaan ng Mayor's Office of Housing and Community Development (Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pag-unlad ng Komunidad). Humarap ako sa pagtutol mula sa pamunuan ng task force ukol sa pagpapahintulot sa gayong presentasyon. Sa huli, nalagay sa listahan ng mga pag-uusapan ang bagay na ito, pero hindi nagawa ang presentasyon nang dahil sa hindi pagtatama ng mga iskedyul. **Rekomendasyon: Pagkalooban ang task force ng listahan na naglalarawan sa mga interseksiyon ng muling pagdidistrito at ng gobyerno ng lungsod**.

F. Lakihan ang pondo para sa pag-abot sa nakararami
   a. Lubos na hindi sapat ang pondo ng task force para sa pag-abot sa mas nakararami sa komunidad. Sa huling mga linggo ng pagtatrabaho ng task force, kung kailan pinakamalaki ang partisipasyon ng komunidad, walang konsultant ang task force. Ginawa online ang karamihan sa trabaho ng task force at nawalan ng karapatan ang mga komunidad na mabababa ang kita, migrante, at matatanda. **Rekomendasyon: Maglaan ng malaking dagdag na pondo sa muling pagdidistrito para sa outreach consultant konsultant sa pag-abot sa nakararami)**.

G. Huling araw para sa paglalabas ng draft o borador na mapa
   a. Lubusang makikinabang ang publiko sa pagtatakda na ilabas nang mas maaga sa proseso ang draft na mga mapa. Ang itinatakda lamang ng estado ay ang paglalabas ng draft na mga mapa nang malapit na malapit sa pagpapatibay sa pinal na mapa. Matatanggalan nito ang publiko ng karapatan sa paglahok. Halimbawa, noong Enero 2022, walang pulong na nakatuon sa pagmamapa na nasa iskedyul ng mga pulong ng task force. Naglaman lamang ito ng mga pulong na nakatuon sa

mga distrito hanggang sa Abril 8, 2022, na 6 araw bago ang huling araw ng task force. Nakipag-ugnay ako sa ating pamunuan ukol sa aking lubusang pag-aalala sa pag-iiskedyul ng mga miting para sa pagmamapa at sa pagtatakda ng petsa ng paglalabas ng draft na mapa. Humarap sa pagtutol ang aking mga pag-aalala. **Rekomendasyon: Itakda ang paglalabas ng draft na mga mapa nang hindi iiksi sa 2 buwan bago ang pinal na deadline para sa pagpapatibay**.

H. Itakda ang mga pulong na in-district o sa loob ng distrito
   a. Sa unang mga buwan ng task force, kolektibong sumang-ayon ang mga miyembro na napakahalaga ng pagkakaroon ng mga in-district na pulong. Sa kasamaang palad, naapektuhan ng pandemya ang gayong pagnanasa. Gayon pa man, nang nagsimula na ang harap-harapang mga pulong sa city hall, hindi na muling umusbong pa ang gayong mga pag-uusap. **Rekomendasyon: Ang pag-amyenda sa tsarter ng lungsod upang maitakda nito ang isang in-district na pulong kada distrito sa panahon ng proseso ng muling pagdidistrito, ayon sa pagpapahintulot ng mga kautusan ukol sa pampublikong kalusugan**.

I. Stipend o bayad para sa mga miyembro ng task force
   a. Mahirap isipin na inaasahan sa boluntaryong task force na lumahok sa mahigit 230 oras ng pagpupulong sa loob ng 7 buwan, kung saan umaabot ang mga pulong kung minsan nang lampas pa sa 3am. May sapat na pribilehiyo ang mga miyembro ng task force para sa muling pagdidistrito ng 2021-2022 upang magkaroon ng mga pagbabago sa kanilang iskedyul ng trabaho, at sa gayon ay makadalo nang buo sa karamihan sa mga pulong. Lubos na mapipigilan ng ganitong proseso ang paglahok ng indibidwal at pamilyang nasa uring manggagawa. **Rekomendasyon: Maglaan ng stipend o bayad sa mga miyembro ng task force upang masakop ang mga gastos sa pagpaparada, pangangalaga ng bata, pagkain, at iba pang kaugnay na gastusin**.

III. Konklusyon

Batay sa ilang dahilan, may paniniwala akong nabigo ang task force sa tungkulin nito na sapat na mapasangkot at mapakinggan ang publiko sa proseso ng muling pagdidistrito. Kung naipatupad man lang sana ang ilan sa rekomendasyon na nasa itaas, naging mas bukas sa pagsisiyasat, makatarungan, at hindi nagbabago-bago ang proseso. Sa huling mga linggo ng task force, nawala na rito ang lahat ng kredibilidad at nasira na ang pagtitiwala ng publiko. Nagsagawa ang pangkat na ito ng proseso kung saan pinaglaban sa isa't isa ang mga komunidad. Ibinalangkas nito ang muling pagdidistrito bilang zero-sum game (ang panalo ng isa ay katumbas ng pagkatalo ng iba)–para makinabang ang isang distrito, may ibang distrito na kailangang mapinsala. Walang pagdamay sa sakit o sakripisyo upang mapanatiling magkakasama ang bulnerable o madaling mapinsala na mga komunidad.

Pahayag mula kay Miyembro Jeremy Lee

Umaasa akong sa paglalabas ng aming pinal na ulat, mapag-iisipan at marerepaso ito ng publiko sa darating na mga buwan. Umaasa akong mas higit nilang maunaawan ang mga sitwasyong nasa likod ng mga pagkilos na isinagawa ng pangkat na ito.

Appendix (Karagdagang Bahagi) C

Pinal na Ulat
Office of the Clerk (Opisina ng Klerk) ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

BOARD of SUPERVISORS

City Hall
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 244
San Francisco 94102-4689
Tel. No. 554-5184
Fax No. 554-5163
TDD/TTY No. 544-5227

MEMORANDUM

Petsa:	Mayo 5, 2022
Para sa:	Task Force para sa Muling Pagdidistrito ng San Francisco (2021-2022)
Mula kay:	Angela Calvillo, Klerk ng Lupon Office of the Clerk of the Board (Opisina ng Klerk ng Lupon)
Paksa:	Task Force para sa Muling Pagdidistrito – Ulat ng Klerk ng Lupon

Bilang pagsunod sa Ordinansa No. 94-21 ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor, File o Itinatagong Papeles Blg. 210606, na nagtipon sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito (RDTF, Task Force) at nag-amyenda sa San Francisco Campaign and Governmental Conduct Code ((Kodigo ng San Francisco para sa Pag-asal sa mga Kampanya at sa Gobyerno), kung saan nakasaad na ang Sekretarya ng Task Force ang magiging Office of the Clerk of the Board (Opisina ng Klerk ng Lupon), ang Direktor ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ang mamamahala sa sinumang teknikal na konsultant, at nagtakda sa 48-oras na pamantayan bilang namamayaning pamantayan para sa paggamit ng wika.

Ipinagkakaloob ng Office of the Clerk of the Board (Clerk's Office, ang Departmento) ang sumusunod na impormasyon ukol sa lehislatibong pagkakatatag at mga pagtatalaga: pagkakaroon ng mga kawani o staff, maagang pagpaplano; pag-abot sa mas nakararami; nagasta; paggamit ng wika; mga pulong; pasilidad at logistics o detalyadong koordinasyon; at paggamit sa mga digital na anyo at pamamaraan, para sa pakinabang ng susunod na decennial o tuwing ika-sampung taon na RDTF, at ng kawanihan na magbibigay ng suporta sa kanila.

LEHISLATIBONG PAGKAKATATAG AT MGA PAGTATALAGA

Dahil sa COVID-19 na emergency sa kalusugan, na ginawang komplikado ang pagkompleto sa Pagsesenso, ang sinunod na iskedyul ng mga gawain ay hindi ang karaniwan nang ipinatutupad nitong nakaraang mga taon. Dahil inaasahan na ang huling pagtanggap sa mga resulta ng Pagsesenso mula sa pederal na gobyerno, nagpasya ang Lungsod na buuin ang Task Force bago pa matanggap ang ulat mula sa Pagsesenso, at sa gayon, maging handa na sa impormasyon ang Task Force sa pagsisimula ng kanilang tungkulin. Sa normal na sitwasyon, ipinakikilala ang Ordinansa na nagtatatag sa Task Force matapos mag-ulat ang Direktor ng mga Eleksyon ukol sa resulta ng Pagsesenso, at kung nakasunod sa mga patakaran ang mga linya ng Distrito. Ngayong taon na ito, nagpasya ang Lungsod na huwag nang hintayin ang ulat ng Direktor ng mga Eleksiyon at umabante na, bago pa ito, sa pagtatatag ng Task Force at mga pagtatalaga. Inirerekomenda ng Clerk's Office na gawin ang pagtatatag ng Task Force at ang mga pagtatalaga nang maaga, bago mailabas ang ulat ng Direktor ng mga Eleksyon.

Magkakaloob ang karagdagang panahon para sa pagtatatag ng Task Force ng mas maraming oportunidad na mapag-aralan ang mga tungkulin, mailatag ang iskedyul ng mga gawain para sa pagkilos, maitakda ang mga inaasahan, at maipatupad ang mga kinakailangan at karagdagang mga hinihingi. Makapagtutuon na ng pansin ang Task Force sa aktwual na mga linya ng Distrito at sa mga tungkulin upang maipatupad ang gawain pagdating ng panahon ng paglalabas ng resulta ng Pagsesenso.

Inilalabas ang mga resulta ng Pagsesenso bandang Abril ng taon, at bago ang ika-15 ng Abril na huling araw ng Task Force para mapagtibay ang Pinal na Mapa. Magandang irekomenda sa Board of Supervisors na ipakilala at ipasa ang

Ordinansa na magtatatag sa Task Force nang hindi bababa sa anim na buwan hanggang isang taon bago ilabas ang mga resulta ng Pagsesenso sa Abril. Kailangang kasama sa Ordinansa ang istruktura ng kasapian, mga magtatalagang awtoridad (at na naglilingkod sila batay sa kagustuhan ng mga awtoridad na ito), mga kuwalipikasyon para sa katungkulan, huling araw ng pagtatalaga, mga kinakailangan sa pagdalo sa pulong at pagtitipon, pinakamababang posibleng bilang ng pulong, pagtatalaga ng suportang administratibo/gawaing klerikal/legal, mga pamantayan sa paggamit ng wika, at mga direktiba sa pag-abot sa mas nakararami, kasama na kung saan makakukuha ng pagpopondo para sa bawat isa sa mga ito.

Pahihintulutan ng mas maagang pagtatatag ng Task Force ang mga magtatalagang awtoridad ng karagdagang panahon upang magawa ang mga pagtatalaga, at ang mga itatalaga na isaayos ang kanilang darating na iskedyul dahil mangangailangan ang mga tungkulin ng malaking bahagi ng kanilang panahon at enerhiya. Magkakaloob din ito sa City Attorney's Office ng karagdagang panahon upang mabigyan ng impormasyon ang mga itatalaga ukol sa California Ralph M. Brown Act (Batas na ipinasa ni Gobernador Brown, na nagtatakda na gawing pampubliko ang pulong ng mga pampublikong ahensiya), sa Sunshine Ordinance (Ordinansang Nagtitiyak na Bukas ang mga Pampublikong Rekord at Miting) at sa pangkalahatan, sa Good Government Guide (Gabay para sa Mabuting Paggogobyerno), at nang matiyak ang pagsunod sa mga patakaran at pinakamahuhusay na gawain. Kailangang alam ng mga miyembro ng Task Force kung gaano karaming panahon ang kinakailan, at na kailangang umayon ang kanilang iskedyul sa mayorya ng Task Force.

PAGKAKAROON NG MGA KAWANI O STAFF

Bukod sa oras na kailangang ipangako ng mga miyembro ng Task Force, kailangan ding isaalang-alang ang oras at enerhiya ng mga kawaning itatalaga upang masuportahan sila. Sa loob ng pitong buwan na proseso, nagkaroon ng pananagutan ang buong pamunuan ng opisina ng Clerk sa pagpaplano ng kritikal na administratibong mga layunin ng Task Force. Ginawa ang mga tungkulin ng pagkeklerk ng Assistant Clerk (Katuwang na Clerk) mula sa Opisina ng Clerk, na nakatalaga pa sa isang komite sa Board of Supervisors. Bukod rito, mayroon nang kanya-kanyang regular na tungkulin na dapat magawa sa Board of Supervisors ang back-up o panghaliling mga Clerk, kapwa nang remote (nagtatrababaho sa pamamagitan ng interenet) at harap-harapan, kung kaya't lubusang nakasaid ito sa mga rekurso ng Departamento, at nagdulot ng pagkakalihis ng atensiyon mula sa mga gawain ng Board. Gumawa ng kahanga-hangang trabaho ang Clerk's Office sa pagsusulit ng limitadong bilang ng magagamit na kawani namayroon ito, habang nagsasagawa ng hybrid (kapwa sa internet at harap-harapan) na pulong sa Board, na nagdulot ng pagkakadoble sa pasan na gawain ng Departamento.

Sa hinaharap, inirerekomenda na magtatag ng departamento o dibisyon na magkakaloob ng istrukturang magpapalaki pa sa kakayahan ng pangkat ng mga indibidwal sa pagpaplano at sa paglutas ng problema sa mataas na antas. Sa minimum, kailangang magtalaga para sa responsibilidad ng Pagkeklerk sa Task Force ng dalawang Klerk, *na wala nang iba pang malaking gawain*, dahil maaaring maganap ang mga pulong sa magkakasunod na araw ng linggo. Puwedeng bagong kaeempleyo pa lamang ang mga Klerk na ito, o naitalaga mula sa ibang pangkat o ahensiya, pero hindi itatalaga sa ibang bagong gawain ang mga Klerk ng Board, maliban na lamang kung may sapat na magagamit na mga kawani. Posibleng magkaloob ang Klerk ng Board at ang kawanihan ng pagsasanay para sa mga Klerk kung hindi sula manggagaling ito sa pangkat ng mga Klerk ng Board. Ang mga kawaning itatalaga sa Task Force, lalo na ang mga Klerk, ay kailangang may malalim na kaalaman ukol sa mga komunidad, kalye, at distrito ng Lungsod. Upang tumpak na mahawakan ang napakaraming komento at talakayan ukol sa iba't ibang larangan, kailangang maiksi ngunit komprehensibong maipahayag ang mga ito ng Klerk. Sa panahon ng kasalukuyang proseso, naging masuwerte ang Board sa pagkakahiram ng Klerk na taglay na ang kaalamang ito, at lubusang nakinabang dito ang Task Force at ang publiko.

Hindi natin mahuhulaan ang magiging katangian ng pampublikong mga pulong makalipas ang sampung taon, pero maipapalagay natin na lalo pang magkakaroon ng mga pamamaraan sa pagdalo at ng magagamit na teknolohiya upang magkaroon ng mas maraming pamamaraan, at na may pangangailangan na gumamit ng katulad na dami ng mga kawani na itatalaga para lamang sa pamamahala sa Task Force. Bukod sa dalawang Klerk, kailangang isaalang-alang ang pagkakaroon ng hindi bababa sa limang iba pang kawani upang mapamahalaan ang mga komento ng publiko, maorganisa ang mga lugar na off-site, o bukod pa sa regular na ginagamit, isaayos ang mga kuwarto para sa pulong bago at pagkatapos ng pulong, mga pangangailangan para sa tagasalin, mga

pangangailangan para sa pagbo-broadcast, tulong sa IT, at posisyon upang magawan ng koordinasyon at mapamahalaan ang mga posisyong ito. Muli, kailangang magtatag ng pansamantalang dibisyon upang mausportahan ang Task Force at ang kanilang mga pangangailangan. Kailangang tandaan na ang mga tungkulin sa pagsuporta ay karagdagan pa sa regular na mga tungkulin at hindi dapat madehado ang mga gawain ng Lungsod.

MAAGANG PAGPAPLANO

Sa Inaugural Meeting (Pulong Para sa Pagtatatag) ng Task Force, kailangang iharap ng kawanihan sa Task Force ang draft framework o burador na balangkas ng mga tungkulin at ang iskedyul ng mga gawain para sa humigit-kumulang na panahon ng pagpapatupad sa mga ito. Sa huli, ang Task Force ang siyang may awtoridad sa pag-aapruba sa iskedyul ng mga gawain, pero mahigpit na inirerekomenda na maglatag na ng maiksing mungkahi na may espesipikong mga tungkulin upang mapag-aralan nila at maiayon ang kanilang iskedyul (halimbawa, kung gaano karaming pulong para sa espesipikong distrito, kung kailan sisimulan ang paglalathala sa draft na mga mapa). Bagamat mayroong huling araw na ika-15 ng Abril para sa pag-apruba ng Pinal na Mapa ang Task Force, kailangang isaalang-alang ng susunod na Task Force ang paglalathala ng Draft na Mapa upang mapahintulutan ang publiko na makita sa isip ang mapa at magkomento ukol sa mga isinasaalang-alang na pagbabago.

Kailangan ding magbigay ang kawanihan ng mungkahing kalendaryo ng mga pulong sa Inaugural Meeting upang magkaroon ng pagsisimulan ang Task Force at mas kaunting panahon ang mawawala bunga ng pabalik-balik na pakikipagnegosasyon ng mga miyembro sa isa't isa ukol sa kanilang indibidwal na mga iskedyul. Sana ay makapagtakda ng limitasyon sa bilang ng Sabado at Linggo sa pamamagitan ng Ordinansa dahil malaki ang dagdag na gastos sa mga araw na ito at posibleng magkaroon ng mga personal na problema. Bagamat maaaring magpatawag ng espesyal na pulong ayon sa kinakailangan, kailangang magsagawa ng maagang pagtatakda ng iskedyul ng regular na pulong upang mabigyan ang mga miyembro ng Task Force, kawani, at ang publiko ng sapat na panahon upang makagawa ng kinakailangang pag-aayon. Sa pagsisimula ng prosesong ito, nagbigay ang Clerk's Office ng kalendaryo ng mga petsa ng pulong sa Task Force, pero nagkaroon ng pagkaantala sa pag-apruba ng pinal na iskedyul. Kapag naibigay na ang mungkahing iskedyul, kailangang itakda na inaasahang maaaprubahan ang iskedyul ng regular na mga pulong sa susunod na pagpupulong.

Kailangang din na makapag-iskedyul ng pampublikong pulong nang maaga pa sa proseso, at ng maipakita sa Task Force at sa publiko kung paano gamitin ang kasangkapan sa pagmamapa at ang mga katangian nito. Kailangang hikayatin ang Task Force na regular na gamitin ang kasangkapan sa pagmamapa upang maging pamilya sila rito, at sa gayon, puwede nilang masagot ang publiko gamit ang alam nila mismo at ang kanilang karanasan. Kahit hindi pa nakukuha ang mga resulta ng Pagsesenso, puwede nang makapag-upload sa website ng template ng pinagsisimulang mapa na may kasalukuyang mga linya, at nang mapasimulan ang proseso ng pag-iisip ukol sa mapa. Magiging mas madali na ang ikalawang bahagi ng proseso ng muling pagdidistrito kung ginagamit na ng mga Miyembro ng Task Force at ng publiko ang kasangkapan sa pagmamapa at ginagawa na nilang pamilyar ang sarili sa mga kalye at komunidad, sa panahon ng paglalabas ng resulta ng Pagsesenso.

Kailangan ding magsagawa ng mga pagdinig para sa pagbibigay ng impormasyon sa simula, at nang makapagbigay ng pangkalahatang larawan na nagpapakita kung saan naroroon ang establisado nang mga komunidad, kung ano-anong lugar ang sakop ng iba't ibang Benefit District (distrito na para sa pakinabang ng komunidad), kung ano-ano ang kasama sa mga Cultural District (Pangkulturang Distrito), at iba pang lugar na makatutulong sa "pagpipinta ng larawan" na nagpapakita sa kasalukuyang hitsura ng Francisco. Kailangang maghandog nang maaga sa Task Force ng listahan ng posibleng uri ng mga presentasyon para sa pagbibigay ng impormasyon, at nang maisaalang-alang ang mga ito at mapili para sa paglalagay sa listahan ng pag-uusapan.

MGA LEKSIYONG NATUTUNAN MULA SA NAKARAANG TASK FORCE - OUTREACH CONSULTANT (KONSULTANT SA PAG-ABOT SA NAKARARAMI)

Kasama sa Pinal na Ulat na inilabas noong 2012 ng nakaraang Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang seksiyon na pinamagatang "Lessons Learned and Recommendations (Mga Natutunang Leksiyon at mga Rekomendasyon)," kung saan tinalakay ang pangangailangan para sa propesyonal na outreach consutant. Inirekomenda ng Ulat na dapat magpakita ang outreach consultant ng kakayahan sa pakikipagtrabaho sa iba't ibamg magkakalapit-lugar o neighborhood, at mga komunidad at organisasyong batay sa kultura at wika sa San Francisco

sa pamamagitan ng nakalathalang materyales, digital media o internet, at social media, at simulan na ang proseso ng pagpapalahok sa komunidad sa pinakamaagang posibleng panahon.

Sa pagsunod sa rekomendasyong ito, maagang sinimulan ng Clerk's Office ang proseso ng pagpaplano para sa 2021-2022 Task Force. Dahil sa mahabang proseso ng pagkuha ng mga serbsiyo ng Lungsod, kasama na ang pag-abruba ng Civil Service Commission (Komisyon para sa Serbisyo Sibil), umaabot nang hanggang sa tatlong buwan, sa minimum, ang pagpapasok ng konsultant. Hiniling ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon, DOE) sa Clerk's Office na pamahalaan ang pagkuha sa outreach consultant, kung saan magkakaloob ang DOE ng $100K. Ginamit ng Clerk's Office ang listahan ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng kuwalipikado nang mga konsultant para sa pag-abot sa mas nakararami sa komunidad at sa pagpapalahok sa stakeholders, o may mga interes, at pagkatapos ay nakipag-ugnay sa unang tatlong konsultant na nasa listahan. Sa prosesong ito, tinanggihan ng bawat isa sa unang tatlong konsultant ang oportunidad para sa bidding (pag-aalok ng serbisyo kapalit ng mungkahing halaga) para sa proyekto, at isinaad na hindi sapat ang $100K upang magsagawa ng komprehensibong pag-abot sa mas nakararami sa komunidad sa kabuuan ng ng lungsod, at na hindi sila interesado, o hindi nila kakayanin na magkaloob ng hinihiling na serbisyo. Sa pagsusumikap na makahikayat ng kuwalipikadong konsultant, naglaan ang Clerk's Office ng $20K ng sarili nitong pondo, at tinanggal ang produksiyon ng mga materyales para sa pag-abot sa nakararami, na nasusulat sa wika, mula sa saklaw ng trabaho, at sa gayon, mas mahusay na magamit ang hawak na pondo para sa iba't ibang stratehiya sa pag-abot sa mas nakararami. Sumang-ayon ang DOE na magkaloob ng pagsasalin ng lahat ng materyales para sa pag-abot sa nakararami sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino. Ang Civic Edge Consultant ang natatanging konsultant na tumugon sa kahilingan at sumang-ayon itong magsagawa ng pinasimpleng saklaw ng trabaho upang masulit ang pagsusumikap sa pag-abot sa mas nakararami kahit na may limitasyon ang badyet, at isasagawa nito ang trabaho nang nakatuon sa paggamit sa internet sa pag-abot sa nakararami dahil sa nagpapatuloy na COVID-19 na emergency sa kalusugan. Inasahang dadalo ang Outreach consultant sa mga pulong sa pagsastratehiya, lilikha ng mga mensahe, at hihikayatin ang mga mamamayan tungo sa mga pulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng abiso na dumalo sila at pagpayuhan ang Task Force kung saan ilalagay ang mga linya. Pinirmahan ang kontrata noong Setyembre 2021, na nasa takdang panahon para sa pagbuo ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito.

Nang magsimula na ang Task Force sa pagtalakay sa Outreach Plan (Plano para sa Pag-abot sa Mas Nakararami), agad na naging malinaw na ang mga inaasahan sa stratehiya at pagpapatupad ng pag-a-outreach ng Task Force ay iba sa saklaw ng trabaho na nilalaman ng kontrata. Bukod rito, hiniling ng Task Force na dumalo ang konsultant sa bawat pulong ng Task Force at nag-iskedyul nang bi-weekly (tuwing ikalawang linggo o dalawang beses sa isang linggo) na pulong kasama ang mga nakatalagang miyembro ng Task Force. Kinailangan nito ng higit na mas maraming oras kaysa sa naplano ng konsultant, at sa nakatala sa saklaw ng gawain at sa badyet. Upang malutas ang problemang ito, sinimulan ng Clerk's Office ang proseso ng pag-amyenda sa kontrata noong Nobyembre, at sa gayon, maiayon ang saklaw ng trabaho sa mga direktiba ng Task Force, at makapaglaan ng karagdagang $100K mula sa nabigyan muli ng awtorisasyon na pondo mula sa precovid na proyekto. Bagamat nagdagdag na ang Clerk's Office ng $120K sa $100,000 na halaga ng kontrata ng DOE, nagpatuloy ang problema sa badyet, at nagtransisyon palabas ng proyekto ang Civic Edge Consulting noong kalagitnaan ng Marso, habang maaga nang iniskedyul ang natitirang mga email na pag-aabiso na binubuksan ng 40% ng 1,120 aktibong subscribers (nasa listahan ng pinapadalhan ng email). Matapos ang komprehensibong paglilipat ng kaalaman sa Clerk's Office, nagkaloob ito ng karagdagang suporta sa pag-abot sa mas nakararami hanggang sa dulo ng trabaho ng Task Force. Bagamat nagdulot ito ng mabigat na pasanin sa nahihirapan nang Clerk's Office, na nagtrabaho nang overtime, o lampas sa karaniwang oras, lumikha pa rin ang mga kawani ng aktibong listahan ng 200 email at nagsimulang magpadala ng nagpapaalalang email at tumawag sa telepono para sa natitirang mga pulong sa Marso at Abril. Kinuha rin ng Clerk's Office ang tulong ng West Coast Consulting, na naglabas ng dalawa o higit pang nagpapaalalang email (tatlong araw bago ang pulong, at paalala 24 oras bago ang pulong), na nasusulat sa wika, para sa 10 sa pinal na mga pulong. Umabot ang mga email na ito sa humigit-kumulang 45,000 email at tinatayang 42% porsiyento sa mga ito ang nabuksan.

Upang makapagtakda ng mga inaasahan sa pag-abot sa mas nakararami nang maaga sa proseso, puwedeng mag-iskedyul ng mga pagdinig para sa pagbibigay ng impormasyon, at nang mapakinggan ang malalawak ang kaalaman, at sa gayon, malaman kung ano ang kasalukuyang epektibo sa pag-abot sa mas nakararami sa iba't ibang

komunidad sa kabuuan ng lungsod. Kailangang magkaroon ng payo mula sa Office of Civic Engagement and Immigrant Affairs (Opisina para sa Sibikong Pakikilahok at Mga Usaping Nauukol sa Migrante, OCEIA), mula sa Opisyal para sa Pakikipagkomunikasyon ng Mayor, mula sa Neighborhood Services (Mga Serbisyo sa mga Komunidad), at mula sa iba pang ahensiya at entidad na alam na alam ang tungkol sa pag-abot sa mga mamamayan, at sa gayon, mabigyan ang Task Force ng gabay sa paggawa ng pinal na mga desisyon kung saan nila gustong ilaan ang mga pondo. Maaari ding magbigay ng detalyadong mungkahi kung mayroong espesipikong kawani na itatalaga upang tulungan ang Task Force sa pangangasiwa.

HINDI DIGITAL NA PAG-ABOT SA MAS NAKARARAMI NA ISINAGAWA NG CLERK'S OFFICE

Bagamat nagtuon ang Civic Edge Consulting sa digital na pag-abot sa mas nakararami gamit ang email, nagkaroon ng malinaw na pangangailangan sa hindi digital na pag-a-outreach, at ipinahayag ito ng Task Force, at pati na rin ng publiko. Ginamit ng Clerk's Office ang Outreach Fund (Pondo para sa Pag-abot sa Mas Nakararami) upang makapag-anunsiyo ukol sa mga pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa siyam na aprubado ng Board na diyaryo ng magkakalapit-lugar at komunidad (World Journal, Wind Newspaper, El Tecolote, El Reportero, Bay Area Reporter, SF Business Times, SF Bayview, Noe Valley Voice, at Marina Times), nang bi-monthly magmula noong Nobyembre 2021 hanggang Marso 2022, nang may gastos na nagkakahalaga ng $26K. Nakipagtrabaho rin ang Clerk's Office sa San Francisco Public Library (Pampublikong Aklatan ng San Francisco) upang ma-set up ang mga kompyuter sa mga aklatan, nang may link sa kasangkapan sa pagmamapa, at sa gayon, ang mga residenteng walang magamit na kompyuter sa bahay ay puwedeng lumikha ng gusto nilang mapa ng distrito at isumite ito sa Task Force. Bukod rito, naglimbag ang Clerk's Office ng mga flyer sa Ingles, Espanyol, Tsino at Filipino (humigit-kumulang 250 para sa bawat pulong) at ipinamahagi ang mga ito sa mga aklatan na nasa loob ng pinagtutunan na mga Distrito. Nagkaroon din ng magagamit na karatulang pambintana, na mahihiling sa pamamagitan ng Clerk's Office, at namahagi ng 500 nito para sa bawat wika (Ingles, Espanyol, Tsino at Filipino) sa iba't ibang miyembro ng komunidad para sa distribusyon. Nang magsimulang magpulong nang harap-harapan ang Task Force, nagkaroon ng listahan ng pag-uusapan o agenda, kasalukuyang mga mapa ng Lungsod/Distrito, mungkahing draft ng mga mapa, flyer, at karatulang pambintana na makukuha ng publiko sa bawat pulong. Nagsabit din ng dalawang malalaking (42in. X 42in) bersiyon ng bawat mungkahing draft na mapa sa pasilyo para makita ng publiko. Nagsagawa rin ng iba pang suhestiyon tulad ng mga mailer para sa kabuuan ng lungsod, anunsiyo para sa serbisyo publiko, at mga palabas sa radyo; gayon pa man, hindi naipatupad ang mga ito dahil sa kakulangan ng pondo, oras, o rekurso.

OUTREACH SURVEY (SARBEY UKOL SA PAG-ABOT SA MAS NAKARAMI)

Upang higit na maintindihan ang mga pangangailangan ng publiko at upang makagawa ng pagtatasa sa mga pagsusumikap para sa pag-abot sa nakararami, lumikha ang Clerk's Office ng Outreach Survey, na masasagutan sa Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino. Kasama ang sarbey sa bawat outreach na email, pati na rin sa webpage ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito. Nakatanggap ng kabuuang bilang na 20 sagot, kung saan nasa Ingles ang lahat, at nagsagawa ng mga pagbabago sa kabuuan ng proseso. Nakalakip ang buod ng mga resulta ng sarbey.

NAGASTA NG CLERK'S OFFICE

Bukod sa outreach consultant at pag-aadvertise para sa pag-abot sa mas nakararami, nagkaroon din ang Clerk's Office ng iba pang gastos para sa Task Force sa Muling Pagdidistrito. Pinakatampok dito ang kasunduan ng Clerk's Office sa DOE na mag-klerk para sa Task Force, na nagawa na rin sa dating Task Force. Dahil sa emergency sa kalusugan, isinagawa ang mga pulong sa pamamagitan ng videoconference para sa unang 24 pulong at sa anyong hybrid (sa internet at harap-harapan) para sa natitirang 21 pulong matapos ang ika-7 ng Marso. Nangailangan kapwa ang remote at hybrid na mga pulong ng lubhang mas maraming kawani kung ihahambing sa mga pulong na harap-harapan lamang. Kinailangan sa minimum, ng Klerk, kahaliling Klerk, tagasubaybay ng mga komento ng publiko, at ng administrador ng IT upang mapamahalaan ang mga pulong na ito. Naroroon sa bawat pulong ang namumunong pangkat, kasama na ang Klerk ng Lupon, upang gumawa ng presentasyon at/o sumagot sa mga tanong ukol sa iskedyul ng mga pulong, detayadong koordinasyon, pagkuha ng mga serbisyo o gamit, at pag-abot sa mas nakararami. Bukod rito, gumugol ang mga kawani ng maraming oras sa labas ng mga pulong para sa pagpaplano, pananaliksik, paggawa ng koordinasyon, at pagpapadaloy ng iba't iba na kinakailangang aksiyon para sa Task Force. Sa pangkalahatan, tinatayang gumugol ang mga kawani ng Klerk ng humigit-kumulang sa 5,000 oras sa pagsuporta sa Task Force sa iba't ibang kapasidad, na may kabuuang gastos na humigit-kumulang sa $500,000 sa

suweldo at mga benepisyo, kasama na ang suweldo para sa pag-o-overtime. Kung itatalaga sa dedicated staff, o nakatuong kawani, ang mga tungkuling ito, hindi sana naging malaki ang epekto sa mga rekurso ng Clerk's Office.

Kumuha ang Clerk's Office ng subskripsiyon sa Survey Monkey para sa outreach survey na nagkakahalaga ng $1,435 at ng subskripsiyon sa Airtable upang makatanggap ng Community of Interest (Mga Tinututukang Komunidad, COI) na forms para sa $265.

Ang halaga ng paglilibag ng mga flyer, karatulang pambintana, at mga mapa ay $2,266.

Nasa ibaba ang table o talahanayan na nagpapakita ng buod ng gastos ng RDTF na sinagot ng Clerk's Office.

Deskripsiyon	Halaga
Gastos para sa mga Kawani	$496,892
Outreach Consultant (Clerk's Office lamang)	$120,000
Outreach Advertising	$25,759
Hotspot	$4,464
Pagpapalimbag	$2,266
Survey Monkey	$1,435
Airtable	$265
Miscellaneous (Iba't iba)	$1,117
Kabuuan	**$652,198**

Maihahambing dito ang badyet ng RDTF noong 2011-2012, na may kabuuang gastos na $191,652, kung saan kasama na ang gastos para sa data consultant (konsultant para sa datos), na binayaran ng DOE. Hindi kasama ang gastos sa data consultant ng 2021-2022 na RDTF, sa table na nasa itaas, na nagpapakita lamang sa gastos ng Clerk's Office at hindi ng gastos ng DOE.

Bukod sa mga nagastos ng Clerk's Office, gumasta rin ang iba pang ahensiya ng Lungsod para sa mga pasilidad sa pagpupulong at paggamit ng wika upang masuportahan ang 2021-2022 RDTF; masasangguni ang tinatayang mga halaga sa mga kasunod na seksiyon.

PAGGAMIT NG WIKA

Alinsunod sa Board of Supervisors na Ordinansa Blg, 94-21, File Blg. 210606, na bumuo sa RDTF at inamyendahan ang San Francisco Campaign and Governmental Conduct Code, naaangkop na pinondihan ang RDTF para sa mga serbisyo sa wika na tulad ng lahat ng nakaraang mga Task Force; itinatakda rin nito na magkaloob ng serbisyo sa pagsasalin kapag hiniling ito nang hindi bababa sa 48 oras bago ang pulong ng Task Force, at ng pagsasalin ng lahat ng abiso ukol sa pampublikong pulong ng Task Force, listahan ng pag-uusapan o agenda, at ng karagdagang materyales na nagpapaliwanag sa proseso ng muling pagdidistrito.

Higit pa sa mga itinatakda ang ginawa ng DOE at ng OCEIA, habang nakikipagkoordinasyon sa Clerk's Office, at nagkaloob ito ng nakasulat na pagsasalin sa mahigit sa 10 wika at suporta at serbisyo sa pasalitang pagsasalin sa mga nagsasalitang Limited English Proficient (Limitado ang Kakayahan sa Ingles, LEP) sa mahigit sa 8 wika, kapwa sa anyong kasunod o consecutive at kasabay o simultaneous, kapag hiniling ng RDTF.

Binigyan ang Task Force ng badyet sa simula, at nanggaling ito sa DOE patungo sa OCEIA para sa mga serbisyo ng pagsasalin. Kasunod nito, nagbigay ng karagdagang pondo ang DOE sa OCEIA dahil sa pinalaking saklaw ng suportas sa wika, haba ng mga pulong, at karagdagang mga pulong dahil hindi umabot ang Task Force sa huling araw na Abril 15, 2022.

Nagkalooob din ng pagsasalin sa iba't ibang wika para sa iba't ibang materyales sa pag-abot sa mas nakararami, kung hiniling ito ng mga miyembro. Kasama sa mga wika ang Tradisyonal na Tsino, Pinasimpleng Tsino, Espanyol. Filipino, Vietnamese, Samoan, Ruso, Laotian, at Mayan, ngunit hindi nalilimitahan sa mga ito.

Nagkaloob din ng pagsasalin sa iba't ibang wika para sa iba't ibang pulong ng Task Force kung hiniling ito ng mga miyembro. Kasama sa mga wika ang Cantonese, Mandarin, Espanyol, Filipino, Taishanese, Ruso at Vietnamese, ngunit hindi nalilimitahan sa mga ito.

Naaayon sa mga gawain para sa OCEIA at sa Language Access Ordinance (Ordinansa ukol sa mga Pamamaraan na Magamit ang Sariling Wika) at batay sa mga pagwawaksi sa responsibilidad na nakasulat sa listahan ng pag-uusapan sa pulong, nagkakaloob ang mga kawani ng Lungsod ng paggamit sa sariling wika sa lahat ng LEP na indibidwal kapag hiniling ito, at kapag may abiso na ibinigay 48 oras bago ang pulong, at ginagawa ang lahat ng makakayanan upang matiyak ang plano sa pagkakaloob ng serbisyo. Bilang karaniwang gawain at rekomendasyon, direktang nakikipagkomunikasyon ang OCEIA at ang mga tagapag-ugnay para sa wika ng departamento sa mga LEP o tagapag-organisa ng mga LEP, at nang makapagbigay ng serbisyo para sa paggamit ng sariling wika, kapag hiniling ito. Hindi lamang ito upang matiyak ang pagbibigay ng makatwiran at naaangkop na akomodasyon sa wika sa mga LEP, kundi upang matiyak din ang paggamit ng akomodasyon sa paggamit ng wika para sa pagpapanagot. Dapat ding maitala na pinagpayuhan ng Clerk's Office ang RDTF na inirerekomenda ang anyo ng pagsasaling kasunod o consecutive, bilang karaniwang gawain, dahil mas mahusay at epektibong paggamit ito ng mga oras ng tagasalin, at nagkakaloob ito ng mas mataas na paggamit ng mas maraming LEP; mas malaki ang hinihingi ng pagsasaling nasa anyong kasabay, o simultaneous, dahil gumagamit ito ng mas maraming rekurso, at sa pangkalahatan ay mas mababang porsiyento ang gumagamit nito, at hindi rin ito karaniwan dahil mas naaangkop sa nakapokus na paghahatid ng mensahe.

Gayon pa man, dahil sa paghiling at direksiyon ng ilang piling miyembro ng Task Force, iniutos sa opisina ng Clerk na makipag-ugnay sa OCEIA upang magkaloob ito ng ***standby (naghihintay sa paggamit)*** na pagsasalin sa kanilang pulong – sa halip na nakabatay sa paghiling – at espesipiko rito, magkaroon ng ***dalawang*** anyo, na pagsasaling kasunod, at pagsasaling kasabay. Bukod sa malaki ang pagbabagong saklaw ng pagsasalin, pagkatapos nito ay inutusan ng Task Force na makipag-ugnay sa OCEIA upang magkaloob ng pinahabang mga oras na may pagsasalin para sa mas mahahabang pulong, na magsisimula sa Abril 2, 2022. Nagdulot ang pagbabago sa anyo at saklaw na ito ng ilang hamon sa detalyadong koordinasyon, rekurso, at pananagutan. Una, hindi nagbigay ang Task Force sa Clerk's Office ng anumang tiyak, o kahit man lamang tinatayang oras, ng pagtatapos ng pulong, na nagdulot ng hamon sa detalyadong koordinasyon at pag-iiskedyul; gumawa ng koordinasyon ang Clerk's Office at ang OCEIA sa may kontratang mga tagasalin para sa mas mahabang sakop ng trabaho, nang may panganib ng posibleng pagkakaroon ng bayad para sa pagkansela sakaling hindi magamit ang serbisyo, o nang may panganib na hindi magkaroon ng sapat na kawani hanggang sa mga oras na lampas sa hatinggabi para sa pinahabang talakayan. Ikalawa, dahil sa anyong hybrid ng pulong, nangailangan ang pagsasaling kasabay ng karagdagang rekurso upang masuportahan ang karagdang kuwarto sa pagpupulong ng WebEX. Nangailangan ang pitong (7) pulong noong Abril 2, 2022, Abril 4, 2022, Abril 6, 2022, Abril 8, 2022, Abril 9, 2022, Abril 11, 2022, at Abril 13, 2022 rng kabuuang bilang na sampung (10) tagasalin upang magkaloob kapwa ng magkasabay at magkasunod na pagsasalin at pinalawak na saklaw sa shift, o takdang oras ng pagtatrabaho. Bukod rito, dahil ginawa ang akomodasyong ito batay sa paghiling ng mga Miyembro at hindi ng LEP, hindi natukoy o nahulaan ng mga departamento ang bilang ng dadalong LEP sa bawat pulong, at nang matiyak ang paggamit sa mga serbisyo. Noong Abril 4, 2022, nagdagdag ang Task Force ng pulong para sa Abril 7, 2022. Dahil maiksi ang panahon para sa pag-aabiso at hindi nakaplano ang karagdagang pulong na ito, hindi nakaroon ng mga rekurso para sa kahilingan ito ng pagsasalin noong ika-7 ng Abril. Gayon pa man, nakapagbigay ang OCEIA ng sapat na indibidwal mula sa sarili nitong mga kawani, upang makapaghandog ng kasunod na salin sa pampublikong komento hanggang 7:00 p.m.

Dahil hindi natugunan ng Task Force ang huling araw nito na Abril 15 para sa pagpapatibay ng pinal na mapa, pagkatapos nito ay nagdagdag ang Task Force ng karagdagang mga pulong para sa Abril 21, 2022, Abril 25, 2022, at Abril 28, 2022, na nangailangan ng karagdagang gastos sa operasyon, at bayad para sa kasabay at kasunod na pagsasalin.

Dahil lumihis ang Task Force mula sa karaniwan at inirerekomendang mga gawain sa pagbibigay ng akomodasyon sa wika, lubusang naging iba-iba ang porsiyento ng paggamit sa magkasunod na pagsasalin. Bukod rito, naobserbahan ng aming opisina ang kapansin-pansin na mababang porsiyento ng paggamit ng kasabay na

pagsasalin, na bumuo rin sa malaking bahagi ng pangkalahatang gastos sa pagsasalin dahil sa mga pangangailangan para sa mga kawani at rekurso. Limitado hanggang sa wala ang pagdalo sa mga kuwarto para sa magkasabay na pagsasalin sa Cantonese at Espanyol; nag-iba-iba ang bilang ng dumalo na nasa pagitan ng 0-5 kalahok sa anumang natukoy na panahon – kung saan kadalasang 0 ang dumalo. Bagamat maliit na dahilan din ang pag-abot sana sa mas nakararami, ang mababang paggamit ng mga serbisyo sa wika ay pangunahing dahil ginawa ang mga akomodasyon sa wika batay sa kahilingan ng mga miyembro ng Task Force - na sila mismo ay hindi limitado ang kakayahan sa Ingles - sa halip na ng mga LEP mismo, kung kaya't hindi makumpirma ng aming opisina ang pagdalo at hindi matiyak ang paggamit ng ipinagkaloob na mga akomodasyon.

Nagkaloob ang OCEIA ng mahigt sa 186.5 oras ng pagsasalin sa RDTF, at ng donasyon na mahigit sa halagang $77,000 na pagseserbisyo ng mga kawani at mga rekurso. Dagdag pa rito, labis-labis pa sa inaasahan ang ginawa ng OCEIA upang aktibong magawan ng koordinasyon at maitaguyod ang mga pulong ng RDTF sa iba't ibang miyembro ng komunidad at organisasyong pangkomunidad, at ginawan din ng koordinasyon ang mahigit sa 281 oras ng pagsasalin na ginawa ng vendor o tagabigay ng serbisyo. Sa ilang pagkakataon, naasahan ng OCEIA ang mga hinihiling na serbisyo sa wika gamit ang kanilang dashboard ukol sa papulasyon ng mga LEP sa antas ng distrito, at sa gayon, makatulong sa mga pangangailangan para sa serbisyo sa wika.

Ang halaga para sa suporta sa pagsasalin na ipinagkaloob ng vendor sa Task Force ay mahigit sa $97,000. Pangunahin itong dahil sa pinahabang mga oras na naging saklaw ng serbisyo at pinalawak na saklaw ng mga hiniling na serbisyo sa wika ng mga miyembro ng Task Force.

Inirerekomenda ng Clerk's Office na isaalang-alang ng Task Force sa hinaharap ang karaniwang mga gawain ng Lungsod para sa paggamit ng sariling wika, at sundin ang mga ito, at konsultahin ang mga tagapag-ugnay para sa wika at ang OCEIA ukol sa anuman at lahat ng inaalala ukol sa mga akomodasyon sa wika. May karanasang mga eksperto sa larangan ng paggamit sa sariling wika ang mga kawani ng OCEIA, at kaya nilang magkaloob ng mga rekomendasyon at ng dashboard na may mga populasyon batay sa wika na nasa antas ng distrito, gamit ang datos mula sa pagsesenso, sa halip na mula sa salaysay lamang.

Inirerekomenda rin ng Clerk's Office na itakda nang maaga sa proseso ang bilang at haba ng mga pulong, at ang mga inaasahan sa pagsasalin, at sa gayon, magawan ng plano ang pagkakaroon ng sapat na tagasalin, lalo na kung inaasahang hahaba ang pulong at aabot nang lampas sa hatinggabi. Kailangan ding una nang maipaabot ang teknikal na terminolohiya, paksa, at mahahalagang mensahe sa mga tagasalin sa halip na sa panahon na isanasagawa mismo ang mga pagdinig – hindi lamang ito propesyonal na pagbibigay-galang, kundi upang matiyak din na makapagbibigay ang OCEIA ng tamang pagsasalin at sapat na pakikipagkomunikasyon at pagsasanay sa nakakontratang tagasalin kung inaasahan na ang pagsaklaw sa hahaba pang pulong. Sa pamamagitan ng paglalaan ng sapat na panahon bago ang nakatakdang pulong para sa pakikipagkomunikasyon, koordinasyon at pagsasanay, mababawasan ang anumang maaaring maging problema at mapahuhusay ang kalidad ng mga serbisyo sa ipinagkakaloob na pagsasalin.

MGA PULONG, PASILIDAD, AT DETALYADONG KOORDINASYON

Sa pinaka-unang pulong ng RDTF noong Setyembre 17 2021, nagbigay ang Klerk ng Lupon at ang mga kawani sa mga Miyembro nito ng oryentasyon ukol sa mga plataporma para sa pagpupulong, iskedyul, at anyo. Itinakda ng ika-24 Supplement (Karagdagang Bahagi) ng Mayo sa pagdedeklara ng sitwasyong emergency nang dahil sa COVID-19, na inilabas noong Hulyo 21, 2020, na isagawa ng RDTF ang lahat ng pulong nito sa pamamagitan ng teleconference o iba pang elektronikong paraan lamang, nang hindi nagkakaloob ng pisikal na lugar para sa pagpupulong.

Ipinaabot ng RDTF na napakahalagang magkaroon ng mga pulong kapwa nang harap-harapan at nang wala sa takdang lugar upang mapalahok ang publiko, Nagsagawa ang Operations Division (Dibisyon para sa mga Operasyon ng Clerk's Office ng malawakang pagpaplano at detalyadong koordinasyon dahil inaasahan na nito ang posibleng pangangailangan na muling magkaroon ng harap-harapang pulong, kung kaya't kinilatis nito ang mahigit sa 53 posibleng lugar at lokasyon sa kabuuan ng 11 distrito ng San Francisco, habang isinasaalang-alang mga kinakailangan at ang opinyon ng mga miyembro.

Kinilatis ng Clerk's Office ang lahat ng lugar, batay sa kinaroroonan, pagiging bukas sa paggamit, panahon, kapasidad, katayuan ng pagiging vendor (para sa mga lugar ng nonprofit at nakabase sa komunidad na organisasyon), panahon ng pag-iiskedyul bago ang mga pulong, halaga, teknikal na mga akomodasyon (WiFi, ethernet, tunog/PA, mga monitor/projector/biswal na kagamitan, at iba pa), mga serbisyo para sa paglilinis, pagpapalabas ng SFGovTV, at iba pang dapat isaalang-alang na hiniling ng Task Force. Kasama sa karagdagang mga konsiderasyon batay sa mga itinakda ng mga miyembro ng RDTF at ng mga opinyon ang pagiging malapit sa pampublikong transportasyon, pagkain, pagiging nalalakad, paradahan ng sasakyan, paradahan ng bisikleta, at pagtugon sa itinatakda ng Americans Disability Act (Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan), ngunit hindi nalilimitahan sa mga ito.

Tunay na nagkaroon ng malalaking hamon sa paggawa ng detalyadong koordinasyon ang malaking itinatakda para sa lugar, mga magagamit na lugar at rekurso, nagbabagong direktiba ukol sa COVID-19 batay sa datos ukol sa kalusugan, nag-iiba-ibang imprastruktura sa teknolohiya, panahon bago ang pulong para makakuha ng teknolohiya, at hindi alam ng panahon para sa muling pagkakaroon ng harap-harapang mga pulong. Gayon pa man, sa pamamagitan ng malawakang koordinasyon, pagpaplano, at aktibong pakikilahok sa iba't ibang tagapamahala ng mga pasilidad at ka-partner ng departamento, stratehikong nakapaglatag ang Operations Division at IT unit ng Clerk's Office ng susunding landas, kung saan marami ang opsiyong lugar, at may mga kapalit na plano batay sa nabagong sitwasyon, at iniharap nila ang pinakabagong impormasyon sa RDTF nang lubusan ang paghahanda. Lubusang kinikilala ng Clerk's Office na higit pa sa tungkulin ang ginawa ng mga kawani upang maisakatuparan ang malaking trabaho ng detalyadong koordinasyon at lubusang naging handa ito upang maitaguyod ang harap-harapan at wala sa karaniwang lugar na mga pulong, habang inaasahan ang pinakabagong impormasyon sa supplement ng Mayor.

Noong Disyembre 17, 2021, inilabas ng Mayor ang ika-41 Supplement sa deklarasyon ng sitwasyong emergency nang dahil sa COVID-19, na ***nagpahintulot*** sa RDTF na magsagawa ng pulong nang harap-harapan pagsapit ng Enero 7, 2022, hangga't natutugunan ang ilang natukoy na kondisyon. Iniharap ng Clerk's Office ang pinakabagong impormasyon na ito sa RTDF para sa karagdagng direksiyon ukol sa pamamaraan ng pagpapatuloy sa mga pulong sa hinaharap. Pinili ng RDTF na ipagpatuloy nang remote ang mga pulong, at isinagawa nila nang remote ang mga nakatuon sa distritong mga pulong simula noong 1/13/22.

Noong Pebrero 10, 2022, naglabas ang Mayor ng ika-45 Supplement sa deklarasyon ng sitwasyong emergency nang dahil sa COVID-19, na siyang ***nagtakda*** sa RDTF na magsagawa ng pulong ng harap-harapan pagsapit ng Marso 7, 2022; itinakda sa mga miyembro na magsagawa ng mga pulong ng harap-harapan, habang maaaring lumahok ang mga miyembro ng publiko nang harap-harapan o nang remote sa pamamagitan ng opsiyon ng telepono at sa gaton, ay makapagbigay ng pampublikong komento. Iniharap ng Clerk's Office ang mga opsiyon sa RDTF para sa pagsasagawa ng harap-harapang pulong, wala man sa karaniwang lugar at nasa mga distrito, o sa City Hall. Pinili ng RDTF na isagawa ang lahat ng natirirang pulong mula Marso 7, 2022 sa City Hall. Sa kabuuan, nagsagawa ang RTDF ng 45 pulong, kung saan isinagawa nang Sabado ang lima (5) sa mga ito.

Bagamat walang direktang ginastos para sa mga pasilidad ang Clerk's Office, may malalaking gastos na sinagot ng iba pang ahensiya ng Lungsod. Tinatayang ang karagdagang gastos sa Lungsod upang buksan ang City Hall para lamang sa espesyal na pulong nang Sabado ay $69,000 pataas, dahil sa karagdagang mga kawani ng Sheriff, Inhinyero ng Gusali, Tagalinis, Manggagawa, at kawani ng SFGovTV. Hindi ito dahil lamang sa pangangailangan na buksan ang mga pasilidad ng Lungsod nang labas sa regular na oras ng mga operasyon, kundi dahil sa pagsasagawa ng mahahabang pagdinig ng RDTF nang walang tiyak na oras ng pagtatapos sa deliberasyon, na nangailangan din ng karagdagan at naka-overtime na mga kawani. Lubusang nag-iba-iba rin ang haba ng mga pulong. Halimbawa nito ang pulong na isinagawa noong Abril 2, 2022 na tumagal nang humigit-kumulang sa 11+ oras, kasama na ang oras para sa pag-aayos ng lugar bago at pagkatapos ng pulong, at ang pulong noong Abril 9, 2022 na tumagal nang humigit-kumulang 20+ oras.

Kung ihahambing sa nakaraan, nagsagawa ang 2011-2012 RDTF ng 31 pulong na tumagal nang 104 oras sa kabuuan, samantalang nagsagawa ang 2021-2022 RDTF ng 45 pulong na tumagal nang 234 oras sa kabuuan.

Sa pagpaplano sa hinaharap, inirerekomenda ng /Ckerk's Office na sa umpisa pa lamang ay itakda na ang mga diskusyon at inaasahan ukol sa haba ng pulong sa umpisa pa lamang at nang magkaroon ng sapat na paglalaan ng mga rekurso, pagbabawas ng gastos sa mga operasyon at overtime, at mga kawani/karagdaragang shift.

PAGGAMIT SA MGA DIGITAL NA PAMAMARAAN

Sa pagsasaaalang-alang sa mga pulong na remote at hybrid, nakipagkoordinasyon ang Clerk's Office sa San Francisco Public Library upang makapagbigay ito ng pamamaraan ng paggamit sa internet sa mga miyembro ng publiko, sa pamamagitan ng mga kompyuter nito na magagamit ng publiko sa kabuuan ng Lungsod, impormasyon ukol sa RDTF, mga kasangkapan sa pagmamapa, at harap-harapan o in-person na pagsuporta.

Ipinaskil din ng IT Division ng Clerk's Office ang listahan ng pag-uusapan sa pulong, katitikan o minutes ng pulong, flyer, draft na mapa, at iba't iba pang anyo ng pag-abot sa nakararami, na gumagamit ng wika, nasa Twitter, at ang ipinapaskil ng DOE sa Facebook. Nakapaskil din ang lahat ng komunikasyon at pamamaraan ng pag-abot sa mas nakararami sa website ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito.

Ibinigay din ng Task Force sa opisina ng Clerk ang gawain ng Pag-a-Outreach sa pamamagitan ng NextDoor; gayon pa man, matapos ang ilang buwan ng pakikipagtalakayan sa mga Administrador ng Nextdoor, hindi nabigyan ng account ang Task Force.

Task Force para sa Muling Pagdidistrito
Mga Resulta ng Sarbey ukol sa Pag-abot sa mas Nakararami (Outreach Survey)

Nilikha ang sarbey ukol sa pag-abot sa mas nakararami sa Ingles, Tsino, Espanyol, at Filipino at isinama ito sa bawat email sa pag-a-outreach at ipinaskil sa webspage ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito. May kabuuang bilang na 20 sagot ang natanggap, at nasa Ingles ang lahat ng ito.

Q1: Paano ninyo nalaman ang tungkol sa pulong na ito ng komunidad ukol sa muling pagdidistrito?



Q2: Kung hindi Ingles ang inyong pangunahing wika, nahanap ba ninyo ang impormasyon ukol sa muling pagdidistrito sa inyong pangunahing wika?



Q3: Nabigyan ba kayo ng impormasyon ukol sa Task Force para sa Muling Pagdidistrito at ng iskedyul ng mga gawain sa paraan na naiintindihan ninyo at madali ninyong makuha?



Q4: Nakapagbigay ba kayo ng opinyon sa pulong ng komunidad ukol sa muling pagdidistrito?



Q5: Mayroon bang bagay kung saan gusto ninyong magkaroon ng dagdag na impormasyon, na hindi ninyo narinig sa pulong ng komunidad ukol sa distrito?

- May ilang miyembro ng publiko na hindi nakapagbigay ng lahat ng komento nila sa loob ng dalawang minuto. Nakatulong sana kung nagkaroon ng hotline o matatawagang numero para sa komento ng publiko, o iba pang paraan para makapag-iwan ng karagdagang komento.
- Hindi ako nakadalo sa pulong dahil hindi ko alam ang tungkol dito.
- Paano naaapektuhan ng pagdating ng COVID ang datos?
- Sino ang nakikipag-ugnay para mabigyan ng impormasyon ang mga miyembro ng komunidad na hindi tumitingin sa website ng SFGov?
- Ano ang plano upang maabot ang mas nakararami sa komunidad na posibleng hindi gumagamit ng email?
- Paano gagawan ng ebalwasyon at pagrerepaso ng Task Force ang lahat ng inihandog na impormasyon?
- Paano ko magagamit ang kasangkapan para sa pagmamapa?
- Gusto kong mas malaman pa kung paano maging bahagi ng proseso ng muling pagdidistrito.

Q6: Paano ninyo mapauunlad ang pag-abot sa mas nakararami sa proseso ng muling pagdidistrito?

- Gamitin ang database ng lungsod, halimbawa, ukol sa amilyar o buwis sa ari-arian, ang SF311, at iba pa para sa pag-abot sa nakararami, at sa gayon, magkaroon ng higit na kamalayan sa pamamagitan ng email o text.
- Ibigay ang tunguhin ng muling pagdidistrito at kung ano-anong hakbang ang kailangan sa proseso, at nang higit na maintindihan ng mga residente, dahil hindi mahusay ang pakikipagkomunikasyon tungkol dito sa akin.
- Dahil tuwing 10 taon lang nagaganap ang prosesong ito, kailangang gumawa ang lungsod ng magkakasamang pagsusumikap upang epektibong maihatid ang tungkol dito, kung saan may tunguhin na maabot ang pinakamarami na posibleng mauugnayang residente sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mas maraming pulong ng komunidad kaysa sa mga naka-iskedyul.
- Ilathala ang mga sukatan ukol sa paggamit ng telepono, internet, at harap-harapang pulong, at nang magawan ng pagtatasa ang pagiging epektibo ng mga pulong.
- Hindi ako nakatanggap ng anumang email/sulat sa koreo. Narinig ko ang tungkol dito sa NextDoor.
- Dapat ay may ipinadalang sulat sa mga miyembro ng komunidad.
- Hikayatin ang nakabase sa komunidad na mga organisasyon na magpaskil ng flyers sa komunidad.
- Magkaloob ng pampublikong abiso sa iba't ibang pagtitipon ilang linggo bago ang pulong.
- Magkaloob ng dagdag na panahon at larangan ng impormasyon, kasama na ang nakalistang mga positibo at negatibo.
- Gagamitin ko ang mga CBO sa distrito at mga residenteng nagpakita na ng interes, ang social media, diyaryo, at publikasyon sa paligid ng Lungsod, at ang billboards na nasa bus.

- Sana ay magmungkahi ang mga eksperto ng bagong mga mapa at puwede nating pag-usapan ang mga ito. Sa tingin ko ay hindi gaanong produktbo ang mga oras para sa pagbibigay ng opinyon ng komunidad.
- Magkaroon ng draft o borador na mapa nang mas maaga.
- Mas naka-target na pag-abot sa mas nakakarami para maipaliwanag kung bakit mahalaga ito para sa mga komunidad na may kulay at para sa kapangyarihan ng boto ng mga komunidad.
- Mas ilathala ang mga pulong at gawing nakikita ang iskedyul.
- Magpadala ng sulat tungkol sa mga pulong sa pamamagitan ng koreo sa mga botante, at magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pagbabago na posibleng maganap.
- Kailangan ng impormasyon ukol sa paggamit ng kasangkapan sa pagmamapa.

Appendix (Karagdagang Bahagi) D

Pinal na Ulat
Civic Edge Consulting

CIVIC EDGE
CONSULTING

Muling Pagdistrito ng Task Force
Outreach at Suporta
PANGHULING ULAT

Civic Edge Consulting
Abril 2022

SAN FRANCISCO 2022
REDISTRICTING

Talaan ng nilalaman

Panimula 2

Seksyon 1: Project B ackground 3

Mga Layunin sa Outreach 4

Paglalarawan ng Outreach 4

Pakikilahok sa Outreach 4

Seksyon 2: Nakumpleto ang Outreach + Mga Takeaway 5

Muling Pagdidistrito sa Pagba-brand at Mga Materyales 5

Mga flyer 6

Fact Sheet 6

Emai l Sa Buong Lungsod 7

Background ng Outreach ng Newsletter 7

Email Blast Content 8

Mga Sukatan at Mga Rate ng Tagumpay 8

Naka-target na Outreach na Partikular sa Distrito 9

Paglalarawan ng Outreach 9

Mga Naka-target na Outreach Takeaway 10

Seksyon 3: Mga Natuklasan at Komunikasyon 11

Mga Natuklasan sa Outreach 11

Iskedyul ng Pagpupulong ng RDTF *10*

Mga Materyales sa Wika 11

Mga In-Language Task Force Meetings 12

Seksyon 4: Mga Pagninilay at Rekomendasyon 12

Mga Hamon sa Komunikasyon 12

Interdepartmental Coordination 12

Mga Miyembro ng Task Force 13

Mga Rekomendasyon sa Hinaharap na Outreach 13

Makipag-ugnayan sa Census Outreach 13

Palakihin ang Saklaw at Kapasidad 14

Konklusyon 14

Panimula

Tuwing sampung taon, ginagamit ang data ng federal census upang magtatag ng bagong mga hangganan ng distrito ng San Francisco Supervisorial na nagpapakita ng mga pagbabago sa populasyon, tinitiyak ang pantay na representasyon ng mga halal na opisyal, at namamahagi ng pantay na pagpopondo at mga mapagkukunan. Ang prosesong ito ay pinangangasiwaan ng Redistricting Task Force (RDTF) na nagsisiguro na ang mga hangganan ay sumusunod sa mga legal na kinakailangan na itinakda sa pederal, estado, at lokal na batas. Ang Task Force ay naghangad na hikayatin ang pakikilahok ng publiko sa pamamagitan ng pagdaraos ng maraming pagdinig sa komunidad upang makatanggap ng input mula sa mga nakatira sa San Francisco.

Noong Setyembre 2021, ang Civic Edge Consulting ay pinanatili ng Office of the Clerk of the Board of Supervisors (Clerk's Office) para magsagawa ng community outreach at stakeholder engagement, at makipag-usap tungkol sa mga district meeting para suportahan ang proseso ng pagbabago ng distrito. Pinangunahan ng Civic Edge ang isang malawak na koordinasyon ng outreach sa buong lungsod para sa mga pampublikong pagdinig at partikular na outreach na nagta-target sa mga komunidad ng interes sa buong San Francisco. Ang aming diskarte ay batay sa pag-unawa na ang tunay na pakikipag-ugnayan sa mga tao ng San Francisco ay nangangailangan ng higit pa sa pagtugon sa mga abiso o pampublikong pag-access - nangangailangan ito ng mga malikhaing diskarte upang matugunan ang mga tao kung nasaan sila, maunawaan ang mga pangangailangan at access point, makipag-usap sa kultural na kakayahan, at mangolekta ng makabuluhang data na humahantong sa mas pantay na mga resulta.

Ang huling ulat na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng proyekto, isang buod ng mga maihahatid na outreach ng Civic Edge, mahahalagang takeaway, at mga rekomendasyon sa outreach at komunikasyon sa hinaharap.

Seksyon 1: Background ng Proyekto

Nilalayon ng Task Force na Muling Pagdistrito na maabot ang mga residente ng San Francisco sa buong lungsod habang nakikibahagi sa isang patas at patas na proseso ng muling distrito. Partikular na gustong maabot ng RDTF ang aming mga komunidad na pinaka-nawalan ng karapatan sa kasaysayan, kaya ang outreach ay nakatuon sa mga organisasyong nakabase sa komunidad - kabilang ang mga distritong pangkultura, direktang serbisyo, at mga programa sa suporta sa wika - at mga pinuno ng Black, Indigenous, and people of color (BIPOC) sa buong Lungsod. . Dahil ang pangkalahatang layunin ng muling pagdistrito ay upang pantayin ang mga density ng populasyon ng distrito, ang mga distrito ay malamang na makaranas ng pagbabago sa kanilang density ng populasyon sa buong proseso. Ang pangunahing tungkulin ng Redistricting Task Force ay marinig ang mga opinyon at mungkahi ng mga miyembro ng

komunidad habang isinasaalang-alang din ang lahat ng nauugnay na salik, kabilang ang potensyal na resulta na maaaring hatiin o pagsamahin ang mga komunidad ng interes.

